

THIS UNION

SEIU

Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU 2024

ALINSUNOD SA PINAGTIBAY sa 2024 Kumbensyon



Service Employees International Union, SOC, CLC

CONTENTS

PREAMBULO	5
PAHAYAG NG MISION NG SEIU	5
PAHAYAG NG MGA PAGPAPAHALAGA	6
I. PANGALAN	6
II. MGA MITHIIN AT LAYUNIN	6
III. HURISDIKSYON AT PAGIGING MIYEMBRO	8
IV. KUMBENSYON—REPRESENTASYON DOON	10
V. PAGHAHALAL NG MGA OPISYAL	16
VI. MGA OPISYAL	17
VII. PAGPUNO NG MGA BAKANTE	20
VIII. INTERNASYONAL NA PANGULO— MGA TUNGKULIN AT KAPANGYARIHAN	21
IX. MGA TUNGKULIN NG INTERNASYONAL NA KALIHIM-INGAT YAMAN	27
X. MGA TUNGKULIN NG MGA EHEKUTIBONG PANGALAWANG PANGULO	28
XI. MGA TUNGKULIN NG INTERNASYONAL NA LUPON NG EHEKUTIBO	28
XII. MGA WELGA AT LOCKOUT	33
XIII. KITA	34
XIV. PAG-ISYU NG MGA CHARTER	39
XV. MGA TUNGKULIN NG MGA LOKAL NA UNYON	40
XVI. MGA INTERES AT PAGLIPAT NG MGA MIYEMBRO	49
XVII. MGA PAGLILITIS AT APELA	49
XVIII. PAG-ANIB SA MGA INTERMEDYANG SAMAHAN	54
XIX. MGA PAGBABAYAD KAUGNAY NG MGA PAGKAMATAY NG MGA MIYEMBRO	56
XX. PENSION FUND PARA SA MGA OPISYAL AT EMPLEYADO NG MGA LOKAL NA UNYON AT MGA KANIB NA SAMAHAN	57
XXI. PAGPAPATUPAD SA LOKAL NG INTERNASYONAL NA KONSTITUSYON	61
XXII. KAWALAN NG PANANAGUTAN NG INTERNASYONAL NA UNYON	61
XXIII. LITIGASYON	62
XXIV. MGA PAGSUSOG	63
XXV. PAGKABUWAG	63
XXVI. PROBISYON SA MGA PAGSASALBA	64
APENDISE A: KATIPUNAN NG MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG MIYEMBRO NG SEIU SA UNYON	65
APENDISE B: KATIPUNAN NG MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG MIYEMBRO NG SEIU SA TRABAHO	66
APENDISE C: KODIGO NG SEIU SA ETIKA AT PATAKARAN SA SALUNGATAN NG INTERES	67
APENDISE D: MANUAL NG MGA KARANIWANG PAMAMARAAN	85

PREAMBULO

Sapagkat halos lahat ng pagpapabuti sa kalagayan ng mga manggagawa ay naisakatuparan sa pamamagitan ng pagsisikap ng organisadong paggawa at dahil ang kapakanan ng sahod, suweldo, at mga propesyonal na manggagawa ay pinakamainam na mapoprotektahan at maisusulong sa pamamagitan ng kanilang nagkakaisang pagkilos sa isang Internasyonal na Unyon, inorganisa namin ang Service Employees International Union at pinagtibay ang sumusunod na Konstitusyon:

PAHAYAG NG MISYON NG SEIU

Ang bisyon ng SEIU ay para sa isang makatarungang lipunan kung saan ang lahat ng manggagawa ay pinahahalagahan at ang lahat ng tao ay iginagalang—saan man tayo nagmula o anuman ang kulay ng ating balat, kung saan ang lahat ng pamilya at komunidad ay maaaring umunlad, at kung saan mag-iiwan tayo ng mas mabuti at mas patas na mundo para sa mga darating na henerasyon.

Ang misyon ng unyong ito ay upang bumuo ng kapangyarihan para ipanalo ang Unyon para sa Lahat at wakasan ang sahod ng kahirapan magpakailanman. Kailangan tayong lahat. Sapagkat kapag sinabi nating mga Unyon para sa Lahat, iyan ang ibig nating sabihin—walang iniwan o naiwanan. Magsusulat tayo ng mga bagong alituntunin upang ang lahat ng manggagawa—sa bawat lahi, mula sa bawat lugar—ay makapag-organisa sa lahat ng employer, industriya, sektor, at heograpiya, hindi lamang sa bawat lugar ng trabaho. Ang sektoral na paraang ito ay magbibigay sa mga miyembro ng SEIU ng higit na kapangyarihan upang itaas ang mga pamantayan sa ating mga industriya at komunidad, makipagnegosasyon para sa mga mas magandang kontrata, at manalo sa ating mga laban para sa imigrasyon, klima, pangangalagang pangkalusugan, at hustisya sa lahi.

Alam natin na isa lamang ang daan patungo sa hinaharap, sama-sama, na kung saan milyun-milyon tayong nagkakaisa sa mga unyon upang iparinig ang ating mga kahilingan. May dignidad ang ating trabaho. May halaga ang ating buhay. At mayroon tayong pag-asa. Ginagamit natin ang pag-asang iyon para palakasin ang ating laban para ipanalo ang mga Unyon para sa Lahat, saanman tayo nagtatrabaho, saanman tayo nakatira.

Sa bawat silid pahingahan, sa bawat mesa ng pakikipagkasundo,

*Bisyon para
sa Isang
Makatarungang
Lipunan*

sa mga forum ng komunidad at sa sulok na tindahan, sa ating mga paaralan, sa ating mga ospital, sa ating mga bahay-sambahan, sa mga social media at video meeting, sa bawat pintuang ating kakatukin, at sa mga ballot box kung saan natin inilalagay ang ating mga boto bilang mga kahilingan para sa pagbabago, gagawa tayo ng ganap na kahilingan para sa mga Unyon para sa Lahat. Sama-sama sa unyong ito, bubuo tayo ng kapangyarihan at mananalò para sa at kasama ang isa't isa upang lumikha ng bagong kilusang paggawa, magsulat ng mga bagong panuntunan, at tiyaking mabubuhay nang malaya, makatarungan, puno ng pag-asa ang mga susunod na henerasyon.

PAHAYAG NG MGA PAGPAPAHALAGA

Habang nagtutulungan tayo upang matupad ang ating misyon at maisakatuparan ang ating mga layunin, gagabayan tayo ng ating mga pangunahing pagpapahalaga: pagkakapantay-pantay, integridad, pagkakaisa, katarungan, paggalang, pagsasama at pag-asa. Ang mga konseptong ito ay tumutukoy sa kung ano ang pinakamahalaga sa atin. Itinuturing natin ang ating mga sarili sa mga ito bilang mga pamantayan para sa lahat ng ating gawain, upang matiyak na ang ating mga aksyon ay naaayon sa mga pinahahalagahan natin.

Artikulo

I. PANGALAN

*Pangalan at
Organisasyon*

Ang organisasyong ito ay kililalanin bilang Service Employees International Union, na kaakibat ng Change to Win at ng Canadian Labour Congress, at binubuo ng walang limitasyong bilang ng mga Lokal na Unyon na charter nito, at ng mga miyembro nito, at ng mga kaakibat na katawan na maaaring maitatag paminsan-minsan. Upang maidagdag ang lakas ng dakilang unyong ito sa mga pagsisikap ng mga miyembro nito sa bawat antas ng Unyon, ang pangalan ng bawat Lokal na Unyon at kaakibat na katawan ay dapat magsimula sa "SEIU."

Artikulo

II. MGA MITHIIN AT LAYUNIN

*Mga Layon
ng Unyon*

Ang mga mithiin at layunin ng Internasyonal na Unyon na ito ay ang maging kapaki-pakinabang ito sa mga miyembro nito at

mapahusay ang kanilang mga kundisyon sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, kabilang ang ngunit hindi limitado sa:

A. Sa pamamagitan ng pagtitiyak sa mga pang-ekonomiyang bentahe, kasama na ang mas magagandang pasahod, oras at kundisyon sa pagtatrabaho, sa pamamagitan ng organisasyon, kolektibong pakikipagnegosasyon, lehislatibo at pampulitikang pagkilos, at ng paggamit ng iba pang paraang naaayon sa batas;

Pagkamit ng mga pakinabang sa ekonomiya

B. Sa pamamagitan ng pag-oorganisa at pagsasama sa Internasyonal na Unyon na ito ng lahat ng manggagawang kwalipikadong maging miyembro nito;

Pag-oorganisa at pagkakaisa ng mga manggagawa

C. Sa pamamagitan ng pagsali sa lahat ng ganitong sibiko, panlipunan, legal, pang-ekonomiya, pangkultura, pang-edukasyon, pangkawanggawa, at iba pang mga aktibidad, ang mga ito man ay sa lokal, pambansa, o internasyonal na antas, na magsusulong sa reputasyon ng Internasyonal na Unyon sa komunidad at sa pagkilos ng manggagawa, at magtataguyod sa mga interes ng organisasyong ito at ng mga miyembro nito, direkta o hindi direkta;

Paglahok sa mga aktibidad na nagpapasulong sa katayuan ng unyon sa komunidad at kilusang paggawa

D. Sa pamamagitan ng pagsusulong at pagpapatibay sa mga karapatan ng manggagawang kalalakihan at kababaihan upang makipagnegosasyon nang sama-sama, at paghahain ng mga makabagong paraan ng pagsasakatuparan sa gawaing ito;

Kolektibong pakikipagnegosasyon

E. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga benepisyo at bentahe sa mga indibidwal na miyembro, opisyal, at empleyado ng unyon gamit ang edukasyon, pagsasanay, access sa bagong teknolohiya, mga sentro ng mapagkukunan ng miyembro, isang ika-21 siglong sistema ng pakikipag-ugnayan, mga pensyon, at mga benepisyo para sa pagkamatay at kagalingan;

Pagbibigay ng mga benepisyo at pakinabang

F. Sa pamamagitan ng pagtulong sa mga Lokal na Unyon na magbahagi ng mga karanasan, mangalap ng mga mapagkukunan, matuto sa mga pinakamahusay na kasanayan ng isa't isa, at magkaroon ng pananagutan sa isa't isa;

Pagtulong sa mga Lokal na Unyon na makipag-ugnayan

G. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan at pagtulong, sa paraang moral, pinansyal o iba pang paraan, sa iba pang organisasyon ng paggawa, kaanib man o hindi ng Internasyonal na Unyon na ito, o anupamang grupo o organisasyon, na mayroong mga mithiing nauugnay sa o katulad ng sa anumang paraan ng sa Internasyonal na Unyon na ito, o na kapaki-pakinabang sa Internasyonal na Unyon na ito o sa mga miyembro nito, nang direkta o hindi direkta;

Pakikipagtulungan sa paggawa at iba pang organisasyon

*Pangangalaga
sa Unyon*

H. Sa pamamagitan ng pagpapalakas at pangangalaga sa Internasyonal na Unyon na ito ayon sa lahat ng paraang naaayon sa batas upang magawa nito ang mga layunin, mithiin, at obligasyon nito;

*Paggamit ng mga
mapagkukunan
ng Unyon upang
makamit ang mga
layunin nito*

I. Sa pamamagitan ng paggamit, sa bawat paraang naaayon sa batas, kabilang ang ngunit hindi limitado sa bawat uri ng paggamit, paggasta at pamumuhunan, ari-arian at mga pondo ng Internasyonal na Unyon na ito, upang makamit ang mga layunin at mithiin nito at maisagawa ang mga obligasyon nito, at para sa ganitong iba pang layuning direkta o hindi direktang nagtataguyod sa mga interes ng Internasyonal na Unyon na ito at ng mga miyembro nito;

*Pagsanib sa mga
independiyenteng
organisasyon*

J. Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga manggagawa sa mga independiyenteng organisasyon gamit ang mga kasunduang kumikilala sa mahabang kasaysayan, mga natatanging pangangailangan at tradisyon, at mga tagumpay ng ganitong mga organisasyon, at pagsasagawa ng bawat posibleng pagsisikap na maibigay sa mga ganitong organisasyon ang magkakatulad na uri ng mga serbisyong nagiging kapaki-pakinabang sa ating mga kasalukuyang miyembro;

*Pagbibigay-
kapangyarihan sa
mga Miyembro*

K. Sa pamamagitan ng pagbibigay-kapangyarihan sa mga miyembro ng SEIU na manguna at lumahok sa lahat ng pag-oorganisa, pakikipagnegosasyon, pampulitikang gawain, direktang pagkilos, at pakikipagtulungan sa komunidad.

*Paglikha ng
mga bagong anyo
ng organisasyon ng
manggagawa*

L. Sa pamamagitan ng paglikha ng mga bagong anyo ng organisasyon ng manggagawa upang makabuo ng nagkakaisang pang-ekonomiya at pampulitikang lakas para sa mga manggagawa; at

*Pagtatag ng
mas malawak na
pagkilos*

M. Sa pamamagitan ng pagtatatag ng mas malawak na pagkilos para sa katarungan.

Artikulo

III. HURISDIKSYON AT PAGIGING MIYEMBRO

*Hurisdiksyon sa
mga Lokal na
Unyon at kaanib na
samahan*

Seksyon 1. Ang Internasyonal na Unyon ay bubuuin at may hurisdiksyon sa mga kaanib na samahan nito at lahat ng Lokal na Unyon na binubuo ng mga manggagawa sa publiko at pribadong sektor, kabilang ang mga nagbibigay ng serbisyo at pangangalaga.

Ang Internasyonal na Pangulo ay may kapangyarihan na bigyang-kahulugan ang hurisdiksyong binanggit sa itaas para masaklawan

ang lahat ng klasipikasyon ng mga manggagawa sa anumang establisimyento saanman sa mundo.

Seksyon 2(a). Magkakaroon ang Internasyonal na Unyon ng hurisdiksiyon sa mga Lokal na Unyon at sa kanilang mga miyembro at sa lahat ng kaanib na samahan.

(b). Ang terminong “mga kaanib na samahan” ay kabibilangan ng mga Pang-estado at Pamprobinsyang Konseho, Pinagsamang Konseho, Konseho ng Serbisyo, panlugar, pangrehiyon, o pang-industriyang Kumperensya at Dibisyon, komite ng pag-oorganisa, at probisyonal na lokal, at ganitong iba pang samahan sa lokal, pambansa, o internasyonal na antas gaya ng paminsan-minsang bubuun ng Internasyonal na Unyon, ngunit hindi ito kabibilangan ng mga Lokal na Unyon. Ang terminong “Local Union” (“Lokal na Unyon”) ay hindi kabibilangan ng anupamang kaanib na samahan.

Seksyon 3(a). Ang sinumang taong nagtatrabaho alinsunod sa anumang employment na kung saan ang Internasyonal na Unyon na ito ay umaangkin o nagpapatupad ng hurisdiksiyon ay magiging kwalipikadong maisaalang-alang para maging miyembro ng Internasyonal na Unyon, isang Lokal na Unyon, nag-oorganisang komite, probisyonal na lokal, o iba pang awtorisadog samahan ng organisasyong ito. Maaaring magpairal ang isang Lokal na Unyon ng karagdagang kinakailangan sa pagiging miyembro sa Konstitusyong at Mga Batas ng Lokal na Unyon. Maaari ring bigyang-kahulugan ang hurisdiksiyon bilang kinabibilangan ng serbisyo sa loob ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan ng Internasyonal na Unyon ngunit magkakaroon ang bawat Lokal na Unyon ng opsyong tukuyin kung ang isang taong may ganitong serbisyo ay maaaring maging kwalipikado para maging miyembro ng Lokal na Unyon. Maaaring magtakda ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng mga rekisito sa pagiging elihible at iba pang pamantayan (kasama na ang mga halaga ng dapat bayaran) para sa mga associate na miyembro, retiradong miyembro (na walang programa ng retiradong miyembro ng Lokal na Unyon), at iba pang espesyal na kategorya ng pagiging miyembro sa Internasyonal o sa mga kaanib na samahang binuo alinsunod sa Konstitusyong ito.

Pagiging elihible sa pagiging miyembro

Mga karagdagang kinakailangan sa pagiging miyembro ng Lokal na Unyon

Mga espesyal na kategorya ng pagiging miyembro

(b). Ang mga self-employed na indibidwal na nagtatrabaho sa hurisdiksiyon ng Internasyonal na Unyon na ito ay maaaring kwalipikadong maging miyembro ng Mga Lokal na Unyon, na sasailalim sa anumang karagdagang kinakailangang nakasaad sa Konstitusyong at Mga Batas ng isang Lokal na Unyon. May karapatan

*Pagiging
elihible sa mga
manggagawang
self-employed*

ang Internasyonal na Pangulo na gawin ang lahat ng kinakailangang panuntunan at regulasyon kaugnay ng mga self-employed na manggagawa, sa ilalim ng hurisdiksyon ng Internasyonal na Unyon na ito.

*Mga espesyal
na kategorya sa
pagiging miyembro
ng Lokal na Unyon
awtorisado*

(c). Sa pamamagitan ng pag-apruba ng Internasyonal na Unyon, maaaring bumuo ang mga Lokal na Unyon ng iba't ibang kategorya ng pagiging miyembro at halaga ng singilin para sa mga taong kinakatawan at hindi kinakatawan ng Lokal na Unyon para sa mga layunin ng kolektibong pakikipagnegosasyon, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, mga panghabambuhay na miyembro, retiradong miyembro, at associate na miyembro.

*Resolusyon
ng mga hindi
pagkakaunawaan
sa pagiging
miyembro*

(d). Ang anumang hindi pagkakaunawaan kaugnay ng pagiging miyembro o kalipikasyon sa pagiging miyembro ay pagpapasyahan ng Internasyonal na Pangulo, kasama ng Lokal na Unyon o ng aplikanteng may karapatang iapela ang kanilang desisyon sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, sa paraang nakasulat, sa loob ng 10 araw pagkatapos matanggap ang abiso ng nasabing desisyon.

*Ipinagbabawal ang
diskriminasyon*

Seksyon 4. Walang miyembrong mandidiskrimina o magtataguyod ng diskriminasyon laban sa sinumang miyembro dahil sa lahi, paniniwala, kulay, relihiyon, kasarian, ikinikilos na kasarian, sekswal na oryentasyon, bansang pinagmulan, estado ng pagkamamamayan, estado sa pag-aasawa, angkang pinagmulan, edad, o kapansanan.

Artikulo

IV. KUMBENSYON—REPRESENTASYON DOON

*Mga Internasyonal
na Kumbensyon*

Seksyon 1. Ang Kumbensyon ng Internasyonal na Unyon na ito ay magtitipon-tipon tuwing ika-apat na taon at magsasama-sama sa oras at lugar na tutukuyin ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ayon sa rekomendasyon ng Internasyonal na Pangulo. Kung ang mga pangyayari sa labas ng kontrol ng Internasyonal na Lupon ay gagawing hindi praktikal, imposible o hindi ligtas na ipatawag ang Kumbensyon, maaaring ipagpaliban ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang Kumbensyon at/o ipatawag ang Kumbensyon sa elektronikong paraan o sa iba pang paraan na naaayon sa naaangkop na batas. Kung sakaling magkaroon ng pagpapaliban, ang lahat ng opisyal at miyembro ng Lupon ng mga Auditor ay mananatili sa katungkulan hanggang sa magpulong ang Kumbensyon at ang mga kahalili ay mahalal alinsunod sa Konstitusyon at Mga Batas na ito.

*Pang-emergency
na probisyon*

Seksyon 2. Maaaring mag-atas ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng mga Espesyal na Kumbensyon para magsama-sama sa oras at lugar na pagpapasyahan ng Lupon, at ang alinman at ang lahat ng negosyo, kasama na ang mga apela sa mga suspensyon at mga desisyon ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, ay maaaring ilapit sa ganitong Espesyal na Kumbensyon maliban na lang kung partikular na nilimitahan ng utos. Ibibigay ang abiso nito sa bawat Lokal na Unyon nang hindi bababa sa 60 araw bago ang petsa ng Espesyal na Kumbensyon kasama ng bilang ng mga delegadong maaaring ipadala ng nasabing Lokal na Unyon. Kokontrolin ng lahat ng iba pang probisyon ng Artikulong ito ang lahat ng Espesyal na Kumbensyon.

Mga espesyal na kumbensyon

Seksyon 3. Ang Internasyonal na Kumbensyon ay bubuuin ng mga maayos na naihalal na delegado mula sa kanilang Mga Lokal na Unyon, at walang sinuman maliban sa mga delegadong maayos na naihalal alinsunod sa lahat ng naaangkop na kautusan at probisyon ng Konstitusyon at Mga Batas na ito ang magiging kwalipikadong kumatawan sa anumang Lokal na Unyon sa Internasyonal na Kumbensyon o magkakaroon ng karapatang bumoto maliban na lang kung ang lahat ng full-time na Internasyonal na opisyal, ayon sa kanilang panunungkulan ay magiging mga delegadong may karapatang magsalita ngunit hindi makakaboto sa anumang Kumbensyong isinasagawa habang nanunungkulan sila. Ang lahat ng opisyal ng isang Lokal na Unyon na naihalal alinsunod sa lahat ng naaangkop na kautusan, ayon sa bisa ng gayong halalan, ay ituturing na mga kwalipikadong delegado sa anumang Internasyonal na Kumbensyon na maaaring mangyari habang nanunungkulan sila. Kung sa oras na matanggap ang tawag para sa Kumbensyon ay mapag-alamang ang bilang ng mga naihalal na opisyal ay mas kaunti kaysa sa bilang ng mga delegadong maaaring ipadala ng Lokal na Unyon sa isang Internasyonal na Kumbensyon, maaaring magsagawa ng mga pagsasaayos ayon sa opsyon ng Lokal na Ehekutibong Lupon sa nominasyon at sikretong balotang halalan, kung kinakailangan, ng karagdagang bilang ng mga kwalipikadong miyembro bilang mga delegado ng Kumbensyon. Ang mga nominado para sa mga posisyong iyon, kung hindi tututulan, ay ituturing na naihalal nang hindi nangangailangan ng mga karagdagang pamamaraan. Dapat tukuyin ng Lokal na Unyon sa Konstitusyon at Mga Batas nito ang pagkakaayos kung paano itatalaga ang mga opisyal bilang mga delegado at kahalili kung hindi lahat ng opisyal ay may karapatang pumunta sa Kumbensyon bilang delegado, sa

Pagiging elihible at eleksyon ng mga delegado

Mga delegadong ex-officio

Mga karagdagang delegado

Designasyon ng mga delegadong ex-officio at mga kahalili

kundisyong ang punong ehekutibong opisyal ng Lokal na Unyon, kung kwalipikado, ay ituturing na may karapatan kahit na mabigong magtalaga ang Lokal na Unyon. Ang anumang Lokal na Unyon, sa pamamagitan ng probisyon sa Lokal na Konstitusyon at Mga Batas nito, ay maaaring hindi sumunod sa kasalukuyang probisyon na ang mga opisyal ng Lokal na Unyon ay magiging mga ex officio na delegado sa Internasyonal na Kumbensyon at maaaring magbigay ng nominasyon at, kung kinakailangan, ng sikretong balotang halalan ng mga delegadong iyon. Bukod pa rito, nang nakapailalim sa mga naaangkop na kautusan, maaaring bumuo ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng mga panuntunan sa representasyon para sa mga delegado mula sa mga grupo ng mga associate na miyembro o iba pang espesyal na kategorya ng pagiging miyembro o mga lokal, na ilalagat sa abiso ng Tawag para sa Kumbensyon para sa Internasyonal o Espesyal na Kumbensyon. Hindi kailanman maaaring mas mataas ang bilang ng representasyon para sa mga grupong iyon kaysa sa pormula na nakatakda sa Seksyon 4 sa ibaba. Nakaalinsunod dapat sa naaangkop na batas ang anumang karapatan sa pagboto na nakakasaklaw sa mga delegadong iyon.

Representasyon ng mga espesyal na kategorya ng pagiging miyembro o mga lokal

Seksyon 4. Ang batayan ng representasyon ay isang delegado para sa 500 miyembro pababa, at isang karagdagang delegado para sa bawat karagdagang 500 miyembro o malaking kebrada hanggang 5,000 miyembro, at pagkatapos ay isang delegado para sa bawat karagdagang 1,000 miyembro o malaking kebrada nito. Ang pagpapasyang kakatawanin ng mas kaunti kaysa sa buong katumbas na dami ng mga delegado ay hindi makakaapekto sa mga kwalipikadong boto ng Lokal na Unyon. Pagpapasyahan ng Lupon ng Ehekutibo ng isang Lokal na Unyon ang bilang ng mga delegadong kakatawan dito sa Kumbensyon. Para sa layunin ng pagboto, hindi kasama sa pagkalkula ng mga miyembro sa isang Lokal na Unyon ang mga panghabambuhay na miyembro, retiradong miyembrong nagbabayad nang mas kaunti kaysa sa kabuuang bayarin para sa mga manggagawang miyembro ng kanilang Lokal na Unyon, associate na miyembro, o nagbabayad ng bayarin sa ahensya.

Pormula ng representasyon ng delegado sa kumbensyon

Mga eksklusyon

Mga delegadong retiradong miyembro

Seksyon 5. Bilang karagdagan sa representasyon sa Seksyon 4, ang bawat Lokal na Unyon na may grupo ng mga retiradong miyembro na mahigit 500 miyembro ay may karapatang magkaroon ng isang retiradong miyembrong delegado na maglilingkod nang may tinig at boto sa Kumbensyon. Ang mga retiradong miyembro lang na mayroong mabuting katayuan sa loob ng 60 araw bago ang Kumbensyon bilang mga miyembro, retiradong miyembro, o

panghabambuhay na miyembro ng Lokal na Unyon ang maglilingkod bilang isang reitradong miyembrong delegado. Pipiliin ang retiradong miyembrong delegado sa pamamagitan ng mga pamamaraang nakasaad sa Konstitusyon at Mga Batas ng Lokal na Unyon para sa pagpili ng naturang retiradong miyembrong delegado o sa pamamagitan ng Ehekutibong Lupon ng Lokal na Unyon kung saan walang nakasaad na pamamaraan sa Konstitusyon at Mga Batas ng Lokal na Unyon. Hindi pahihintulutan ang retiradong miyembrong delegado na bumoto tungkol sa mga bayarin o magnomina o bumoto para sa mga opisyal sa Kumbensyon.

Seksyon 6. Walang delegado ang pahihintulutang kumatawan sa mahigit isang Lokal na Unyon.

Seksyon 7(a). Walang Lokal na Unyon na hindi pa na-charter, umanib at may mabuting katayuan sa loob ng hindi kukulangin sa isang buwan bago ang pagbubukas ng Kumbensyon ang magkakaroon ng karapatan sa representasyon sa Kumbensyon, at ang bawat Lokal na Unyon na mayroong karapatan sa naturang representasyon ay dapat nakapagbayad sa Internasyonal na Tesoreriya nang hindi bababa sa per capita tax ng isang buwan bago ang pagbubukas ng Kumbensyon.

(b). Upang magkaroon ng karapatan ang isang Lokal na Unyon sa representasyon sa Kumbensyon, ang lahat ng perang (i) babayaran sa Internasyonal na Unyon, per capita tax man o hindi, (ii) na babayaran sa anumang kaanib na samahan, per capita tax o hindi, gaya ng napagpasyahan o pinawalang-bisa ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, at (iii) lahat ng perang babayaran para sa anumang pensyon o pondo para sa kapakanang nakasaad sa Konstitusyong ito, ay dapat mabayaran nang hindi bababa sa 15 araw bago ang pagsisimula ng Kumbensyon.

Seksyon 8. Magbibigay ang Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ng Tawag para sa Kumbensyon at aabisuhan niya ang bawat Lokal na Unyon nang hindi bababa sa 100 araw bago ang petsa ng Kumbensyon tungkol sa bilang ng mga delegadong maaaring ipadala ng Lokal na Unyon, at magbibigay siya sa Lokal na Unyon ng sertipikasyon ng delegasyong naglalaman ng mga pangalan ng mga nakarehistrong delegado sa Lokal na Unyon at mga espasyo para sa mga lagda ng Pangulo at Kalihim ng Lokal na Unyon.

Seksyon 9. Ang sertipikasyon ng delegasyong naglalaman ng mga pangalan ng mga delegado sa Internasyonal na Kumbensyon at kinapapalooban ng mga lagda ng Pangulo at Kalihim ng Lokal na

Limitasyon sa mga karapatan sa pagboto

Ipinagbabawal ang dalawahang representasyon

Isang buwang rekisito

Rekisito sa mabuting katayuan

Tawag ng Kumbensyon

Sertipikasyon ng mga form ng delegasyon (mga kredensyal)

Deadline sa pagtanggap ng mga kredensyal

Unyon ay nasa mga kamay dapat ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman nang hindi bababa sa 30 araw bago ang pagsisimula ng Convention. Hindi madiskwalipika ang isang delegadong dumalo sa Kumbensyon dahil sa hindi pagpapasa ng opisyal ng Lokal na Unyon ng pangalan ng delegado sa isang form ng sertipikasyon ng delegasyon.

Mga kahaliling delegado

Seksyon 10. Bukod pa sa mga delegadong napili ayon sa paraang nakasaad sa Seksyon 3 ng Artikulong ito, maaaring pumili ang isang Lokal na Unyon ng naturang bilang ng mga kahalili kung mapapagpasyahan nitong makatuwirang kinakailangan ang mga ito para maglingkod kung hindi ito magagawa ng mga regular na naihalal na delegado; ang mga ganitong kahalili ay pipiliin o ihahalal sa paraang nakasaad sa Seksyon 3 ng Artikulong ito. Ang bawat delegado o kahalili ay miyembro dapat ng Lokal na Unyon na napapailalim sa hurisdiksyon ng Lokal na Unyon. Gayunpaman, ang kinakailangang ito ay hindi dapat bigyan ng maling kahulugan at gamitin para tutulan ang sinumang miyembrong opisyal o empleyado ng Lokal na Unyon o ng Internasyonal na Unyon, o ang sinumang kaanib nito, o na naihalal sa pampublikong tanggapan o puwesto sa isang organisasyong kinaaaniban ng Internasyonal na Unyon.

Rekisito sa pagiging miyembro

Seksyon 11. Ang sinumang miyembrong gustong tutulan ang pagkakahalal ng sinumang delegado o ang karapatan ng sinumang opisyal ng Lokal na Unyon upang maglingkod bilang isang delegado alinsunod sa Artikulo IV, Seksyon 3, ay dapat maghain ng nakasulat na pagtutol sa Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman sa loob ng 15 araw pagkatapos ng halalang iyon o pagkatapos ng pagpapasya ng Lokal na Unyon na hindi nangangailangan ng halalan alinsunod sa Artikulo IV, Seksyon 3. Ang anumang ganitong pagtutol ay isasangguni sa Komite ng Mga Kredensyal, na pangungunahan ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman. Maaaring ipawalang-bisa ng Komite ng Mga Kredensyal ang limitasyon sa oras para sa paghahain ng mga pagtutol kapag naipakitang hindi nalaman ng tumututol na miyembro ang batayan para sa kanyang pagtutol sa loob ng sapat na panahon para maghain ng napapanahong pagtutol o naghain kaagad siya ng pagtutol pagkatuklas sa batayan para sa kanyang pagtutol. Isasaalang-alang ng Komite ng Mga Kredensyal ang lahat ng napapanahong pagtutol at isasama nito ang pasya nito sa lahat ng pagtutol sa ulat nito sa Kumbensyon. Maaari itong magsagawa ng pagdinig, ayon sa pagpapasya nito, tungkol sa anumang pagtutol pagkabisay ng makatuwirang abiso sa lahat ng apektadong partido.

Mga protesta sa mga halalan ng delegado

Seksyon 12. Ang bilang ng mga botong maaaring magamit ng

bawat Lokal na Unyon para bumoto sa Kumbensyon ay tutukuyin sa pamamagitan ng pagkuha sa promedyo (average) ng 12 pinakabagong regular na buwanang pagbabayad ng per capita tax para sa mga miyembro na natanggap ng Internasyonal na Unyon sa o bago ang Disyembre 31 ng taon bago ang taon sa kalendaryo kung kailan isasagawa ang Kumbensyon. Sa kaso ng bagong na-charter na lokal na walang labindalawang buwang tagal ng pagbabayad bago ang Disyembre 31, tutukuyin ang bilang ng mga boto sa pamamagitan ng pagkuha sa average ng regular na buwang pagbabayad ng per capita tax para sa mga miyembro na natanggap ng Internasyonal na Unyon, hanggang sa maximum na labindalawang buwan. Hindi kasama sa pagkalkula ng kapasidad sa pagboto ang mga associate na miyembro, panghabambuhay na miyembro, o nagbabayad ng gastusin sa ahensya. Kapag mayroong dalawa o higit pang delegadong dumalo mula sa isang Lokal na Unyon, pantay na hahatiin ang boto sa pagitan nila. Sa kaso ng isang bagong na-charter na Lokal na Unyon na nabuo bilang resulta ng muling pagsasaayos ng mga miyembro sa ilalim ng Artikulo XIV, pagpapasyahan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang pagkalkula ng kapasidad sa pagboto para sa mga apektadong Lokal na Unyon upang maisali ang mga miyembro sa kapasidad sa pagboto ng isang Lokal na Unyon lang.

Komputasyon ng kalakasan sa pagboto

Eksklusyon sa komputasyon ng kalakasan sa pagboto

Seksyon 13. Ang Internasyonal na Pangulo, bago ang bawat Kumbensyon, ay magtatalaga mula sa mga naihalal na delegado ng isang komiteng binubuo ng pitong tao upang gumanap bilang isang komite sa mga kredensyal. Ang Internasyonal na Pangulo at Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ay magiging miyembro ng nasabing komite. Isasangguni ang lahat ng kredensyal sa komiteng ito. Isusumite ng komiteng ito ang ulat nito sa pamamagitan ng sulat sa Kumbensyon.

Komite ng mga Kredensyal

Seksyon 14. Ang lahat ng Resolusyon na dapat pagpasyahan ng Kumbensyon na ipinanukala ng Lokal na Unyon ay dapat isumite nang nakasulat sa Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman nang hindi bababa sa 30 araw bago ang Kumbensyon at kung hindi naisumite, hindi ito isasaalang-alang ng Kumbensyon maliban na lang kung magbibigay ng nagkakaisang pahintulot ang mga dumadalang delegado. Maaaring magpakita ng Mga Resolution sa Kumbensyon ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo anumang oras sa panahon ng Kumbensyon nang hindi nangangailangan ng nagkakaisang pahintulot.

Mga resolusyon ng kumbensyon

Seksyon 15. Ang mga delegadong kumakatawan sa sangkapat ng mga botong maaaring magamit sa Kumbensyon ang magiging quorum

Quorum ng kumbensyon

para sa pagsasagawa ng mga gawain.

*Pansamantalang
mga tuntunin*

Seksyon 16. Ang mga panuntunan at kaayusan ng gawain na sumasaklaw sa naunang Kumbensyon ay ipapatupad mula sa pagsisimula ng anumang Kumbensyon ng Internasyonal na Unyon na ito hanggang may mapagtibay nang mga bagong panuntunang isasagawa ng Kumbensyon.

Artikulo

V. PAGHAHALAL NG MGA OPISYAL

*Nominasyon
at eleksyon ng
mga opisyal sa
Internasyonal na
Unyon*

Seksyon 1. Ang lahat ng nominasyon para sa mga Internasyonal na opisyal ay isasagawa sa bukas na Kumbensyon at ang mga eleksyon ay gagawin sa pamamagitan ng roll call kung saan mayroong mahigit isang kandidato para sa anumang puwesto. Isasagawa ang roll call nang pasalita at/o sa pamamagitan ng bukas at nakasulat na balota, gaya na nakatakda sa Mga Panuntunan ng Kumbensyon. Ihahalal ang mga opisyal ayon sa dami ng boto.

*Ipinagbabawal ang
suporta ng hindi
miyembro*

Seksyon 2. Walang kandidato (kabilang ang isang potensyal na kandidato) para sa anumang Internasyonal na posisyon o posisyon sa isang Lokal na Unyon o kaanib na samahan o tagasuporta ng isang kandidato ang maaaring manghingi o tumanggap ng pinansyal na suporta o anumang uri ng direkta o hindi direktang suporta mula sa hindi miyembro ng Internasyonal na Unyon.

*Mga protesta sa
pagiging elihible
ng kandidato
o sa paraan ng
pagsasagawa ng
eleksyon*

Seksyon 3. Ang sinumang miyembrong gustong tutulan ang pagkakahalal ng sinumang Internasyonal na Opisyal nang dahil sa pagiging elihible ng kandidato o sa paraan kung paano isinagawa ang halalan ay dapat maghain ng pagtutol alinsunod sa mga rekisito ng Mga Panuntunan ng Kumbensyon.

*Iba pang mga
protesta sa
eleksyon*

Seksyon 4. Ang sinumang miyembrong gustong magsumite ng protesta sa eleksyon hinggil sa anumang isyung bukod pa sa mga pinapangasiwaan ng Seksyon 11 ng Artikulo IV o Seksyon 3 ng Artikulong ito ay dapat maghain ng naturang protesta sa loob ng 15 araw pagkatapos ng Kumbensyon. Ihahain sa Internasyonal na Pangulo ang lahat ng naturang protesta. Pagsisikapang Internasyonal na Pangulo na magsagawa ng pagdinig sa loob ng 30 araw mula sa paghain ng protesta, kung sa tingin ng Internasyonal na Pangulo ay mahalagang magsagawa ng pagdinig, at subukan niyang ibigay ang kanyang desisyon sa loob ng 30 araw pagkatapos nito. Sa loob ng 15 araw pagkatapos ng huling pagkilos ng Internasyonal na Pangulo, maaaring maghain ng petisyon para sa

pagsusuri sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo. Bilang alternatibo, maaaring magpasa ang Internasyonal na Pangulo ng pagtutol sa halalan nang direkta sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo para sa pagpapasya.

Artikulo

VI. MGA OPISYAL

Seksyon 1. Bubuuin ang mga opisyal ng Internasyonal na Unyon na ito ng isang Internasyonal na Pangulo, isang Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, apat na full-time na Ehekutibong Pangalawang Pangulo, 29 na Pangalawang Pangulo (miyembro dapat ng Mga Lokal na Unyon sa Canada ang hindi bababa sa dalawa sa kanila), at 36 na Miyembro ng Ehekutibong Lupon (miyembro dapat ng Mga Lokal na Unyon sa Canada ang hindi bababa sa dalawa sa kanila at ang isa sa kanila ay isang Retiradong Miyembro). Ang Internasyonal na Pangulo, Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, at apat na Ehekutibong Pangalawang Pangulo ay malayang ihahalal ng lahat ng delegadong nagkakatipon-tipon sa Internasyonal na Kumbensyon. Dalawang Canadian na Pangalawang Pangulo at dalawang Canadian na Miyembro ng Ehekutibong Lupon ang ihahalal ayon sa mga sumusunod na batayan: May inonomina at ihahalal na Pangalawang Pangulo at Miyembro ng Lupon mula sa lahat ng probinsyang maliban sa Probinsya ng Quebec. May inonomina at ihahalal na Pangalawang Pangulo at Miyembro ng Ehekutibong Lupon mula lamang sa Probinsya ng Quebec kung ang Pangalawang Pangulo mula sa Quebec at ang Miyembro ng Ehekutibong Lupon mula sa Quebec ay hindi maaaring miyembro ng parehong Lokal na Unyon. Ang mga Canadian na Pangalawang Pangulo at mga Miyembro ng Ehekutibong Lupon ay ihahalal ng Konseho ng Canada sa Kumbensyon nito na binubuo ng mga delegadong naihalal alinsunod sa Konstitusyon na ito at naaangkop na batas at isasagawa sa loob ng 90 araw bago ang Internasyonal na Kumbensyon na kung saan ihahalal ang mga opisyal ng Internasyonal na Unyon. Ang lahat ng iba pang Pangalawang Pangulo at Miyembro ng Ehekutibong Lupon (kasama na ang Retiradong Miyembro) ay inonomina at ihahalal nang bukas sa lahat.

Mga Opisyal ng Internasyonal na Unyon

Mga Canadian na Opisyal

Seksyon 2. Bubuuin ng mga opisyal na ito ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, at magsisimula kaagad ang kanilang panunungkulan sa puwesto pagkatapos ng kanilang pagkakahalal at mananatili sila sa kanilang puwesto sa loob ng apat na taon o hanggang sa maayos na mahalal at maging kwalipikado ang kanilang

Termino ng katungkulan ng IEB

mga kapalit.

Mga tungkulin

(a). Magiging responsable ang bawat Pangalawang Pangulo at Miyembro ng Ehekutibong Lupon para sa ganitong mga tungkulin ayon sa itinalaga ng Internasyonal na Pangulo

Komite ng Ehekutibo

(b). Maaaring magtalaga ang Internasyonal na Pangulo ng Ehekutibong Komite mula sa mga miyembro ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo. Magtitipon-tipon ang Ehekutibong Komite kapag ipinatawag ng Internasyonal na Pangulo. Ang Ehekutibong Komite ang mamamahala sa pagpapayo sa Internasyonal na Pangulo hinggil sa kung paano pinakamahusay na maisasagawa ang mga administratibong tungkulin ng kanyang opisina, at sa pagbuo ng mga rekomendasyon sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ukol sa mga patakaran at programa ng Internasyonal na Unyon. Maaari ding atasan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang Ehekutibong Komite ng mga partikular na tungkulin at kapangyarihan sa ilalim ng awtoridad ng Lupon sa Artikulo XI, Seksyon 6 (b). Panghahawakan ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ang mga tala ng lahat ng pagpupulong ng Ehekutibong Komite, na siyang magbibigay ng mga ulat sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo

Nagpapayo sa Pangulo, gumagawa ng mga rekomendasyon sa IEB

Lupon ng mga Auditor

Seksyon 3. Maghahalal din ang bawat regular na Kumbensyon ng Internasyonal na Unyon na ito ng Lupon ng Mga Auditor binubuo ng walong miyembro. Pag-aaralan at susuriin ng Lupon ng Mga Auditor ang mga libro at account ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman nang hindi bababa sa isang beses sa loob ng labindalawang buwan, gagamitin nito ang tulong ng mga Certified Public Accountant na itinalaga ng Internasyonal na Pangulo. Kasama sa pagsusuri ng mga naturang libro at account ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ang mga libro na nauugnay sa lahat ng ari-arian at pasilidad sa ilalim ng kustodya ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman. Magsusumite sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng kopya ng ganitong mga taunang ulat ng Lupon ng Mga Auditor. Magbibigay rin ang Lupon ng Mga Auditor ng nakasulat na ulat sa Internasyonal na Kumbensyon. Kapag walang magagamit o may pansamantalang kapansanan ang isang Auditor, isasagawa ng mga natitirang Auditor ang mga tungkuling nakatakda rito. Makakatanggap ang Mga Auditor ng per diem o kada araw na bayad at panggastos na maaaring itakda ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo sa iisang halaga.

Suriin ang mga libro at account, mga ulat sa IEB at Kumbensyon

Seksyon 4. Walang sinuman ang magiging karapat-dapat para sa katungkulan sa Internasyonal na Unyong ito na hindi

naging miyembro na mabuting katayuan nang tuluy-tuloy sa loob ng hindi bababa sa dalawang taon bago ang kanilang eleksyon sa Internasyonal na Unyon o mga Lokal na Unyon na chartered ng Internasyonal na Unyong ito o sa alinmang organisasyong manggagawa na nagiging kaanib ng Internasyonal na Unyong ito. Maaaring babaan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang rekisitong ito sa hindi bababa sa 60 araw kung kailangan upang palawakin ang pagiging elihible sa katungkulan ang mga miyembro ng mga organisasyong kakasali pa lang sa Internasyonal na Unyon alinsunod sa Artikulo XI, Seksyon 6. Sa kaso ng posisyon para sa Retiradong Miyembro sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, ang magiging elihible lamang na maglingkod ay ang mga retiradong miyembro na may mabuting katayuan bilang miyembro sa loob ng dalawang taon bago isagawa ang Kumbensyon, mga retiradong miyembro o panghabambuhay na miyembro ng Lokal na Unyon. Walang sinumang taong nahatulan ng felony gaya ng tinukoy sa Seksyon 504 ng Landrum-Griffin Act (o ng indictable offense sa Canada), alinsunod sa mga probisyon ng naaangkop na batas, ang magiging elihible na magkaroon ng posisyon sa Internasyonal na Unyon na ito.

Mga Kalipikasyon sa mga posisyon sa Internasyonal na Unyon

Seksyon 5. Ang mga associate na miyembro, panghabambuhay na miyembro, o ang mga retiradong miyembro na nagbabayad ng mas mababa sa buong bayarin na kinakailangan para sa mga nagtatrabahong miyembro ng kanilang Lokal na Unyon ay hindi magiging elihible para sa nominasyon bilang Internasyonal na Opisyal, maliban kung ang mga naturang retiradong miyembro ay maaaring maging elihible sa posisyon ng Retiradong Miyembro sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

Mga eksklusyon

Seksyon 6. Walang sinumang full-time na opisyal ng Internasyonal na Unyon ang maaaring makatanggap ng kabayaran sa anumang uri, maliban sa mga benepisyong binayaran ng pensyon plan, mula sa anumang Lokal na Unyon o anumang entidad na pagmamay-ari o kontrolado ng Lokal na Unyon. Sa kabila ng nabanggit, pinapahintulutan ang Internasyonal na Pangulo na mag-apruba ng pansamantalang plano sa transisyon (hindi lalampas sa anim na buwan) para sa iba pang bagong full-time na opisyal na lilipat mula sa Lokal na Unyon patungo sa Internasyonal na Unyon, kung hindi makakatanggap ang sinumang naturang indibidwal ng kabayaran mula sa Internasyonal na Unyon at Lokal na Unyon para sa parehong tagal ng panahon.

Ipinagbabawal ang maramihang kabayaran

Seksyon 7. Magtatalaga ang Internasyonal na Pangulo ng

Komiteng Tagapayo ng Mga Retiradong Miyembro

Komiteng Tagapayo ng Mga Retiradong Miyembro na bubuuin ng mga pinuno ng mga grupo ng mga retiradong miyembro ng lokal na unyon at mga retiradong miyembro ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo. Pamumunuan ito ng itatalagang retiradong miyembro ng Internasyonal na Pangulo.

Katayuang Emerit

Seksyon 8. Limitado ang pagkakaloob ng emerit na katayuan sa hinaharap sa isang Internasyonal na Opisyal sa isang indibidwal na naihalal bilang Internasyonal na Pangulo nang hindi bababa sa tatlong Internasyonal na Kumbensyon. Pagkakalooban ng naturang katayuan ang indibidwal na maging panauhing pandangal sa Internasyonal na Kumbensyon ng SEIU at maaari siyang italaga ng Internasyonal na Pangulo bilang delegado o kahaliling delegado sa delegasyon ng SEIU sa pambansa o Internasyonal na Pederasyon ng Kumbensyon. Maaaring magkaroon ng mga karagdagang pagtatalaga mula sa Internasyonal na Pangulo, kapag napagkasunduan ng parehong panig.

Artikulo

VII. PAGPUNO NG MGA BAKANTE

Pagpuno sa mga bakanteng puwesto ng mga opisyal

Kung sakaling magkaroon ng bakante sa opisina ng Internasyonal na Pangulo dahil sa pagkamatay, pag-alis sa posisyon o iba pang dahilan, magiging tungkulin ito ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, bukod sa kanyang iba pang tungkulin, na gampanan ang mga tungkulin ng Internasyonal na Pangulo. Maglilingkod ang Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman sa kapasidad na ito sa loob ng hindi lalampas sa 30 araw, kung kailan magtitipon-tipon din ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo para sa layunin ng pagpuno ng bakanteng posisyon para sa hindi pa natatapos na termino ayon sa boto ng mayorya. Kung sakaling magkaroon ng bakante sa opisina ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman dahil sa pagkamatay, pag-alis sa posisyon o iba pang dahilan, magiging tungkulin ng Internasyonal na Pangulo, bilang karagdagan sa kanyang iba pang tungkulin, na gampanan ang mga tungkulin ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman. Maglilingkod ang Internasyonal na Pangulo sa kapasidad na ito sa loob ng hindi lalampas sa 60 araw, kung kailan magtitipon-tipon din ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo para sa layunin ng pagpuno ng bakanteng posisyon para sa hindi pa natatapos na termino ayon sa boto ng mayorya. Kung sakaling magkaroon ng bakante sa mga Pangalawang Pangulo, Lupon ng Mga Auditor

Pangulo

Kalihim-Ingat-Yaman

Mga Pangalawang Pangulo, Lupon ng Mga Auditor

ayon sa boto ng mayorya. Kung sakaling magkaroon ng bakante sa mga Pangalawang Pangulo, o sa mga Lupon ng Mga Auditor, dahil sa pagkamatay, pag-alis sa posisyon o iba pang kadahilanan, ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, sa loob ng 90 araw pagkatapos

mangyari ang naturang pagkabante ng posisyon, ay magpupuno sa bakanteng posisyon para sa hindi pa natatapos na termino ayon sa boto ng mayorya. Kung sakaling magkaroon ng bakante sa mga Ehekutibong Pangalawang Pangulo o mga Miyembro ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo dahil sa pagkamatay, pag-alis sa posisyon o iba pang kadahilanan, maaaring humalili ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo sa pagpapasya nito sa naturang pagkabakante para sa hindi pa natatapos na termino ayon sa boto ng mayorya. Kung sakaling sabay na magkaroon ng bakante sa parehong posisyon ng Internasyonal na Pangulo at posisyon ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman dahil sa pagkamatay, pag-alis sa posisyon o iba pang kadahilanan, ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ay magtitipon-tipon sa Washington, D.C., sa loob ng 10 araw sa pinagsamang pagpapatawag ng hindi bababa sa apat na Internasyonal na Pangalawang Pangulo para sa layunin ng pagpuno sa mga hindi pa natatapos na termino ayon sa boto ng mayorya. Kung sakaling magkaroon ng bakante sa tanggapan ng Internasyonal na Pangulo, Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman o Ehekutibong Pangalawang Pangulo, ang boto ng isang opisyal ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo (maliban sa mga full-time na opisyal at Retiradong Miyembro) ay magiging katumbas ng laki ng kapangyarihan ng kanilang lokal, gaya ng tinutukoy sa pagbabayad ng per capita tax ng Lokal sa Internasyonal na Unyon, maliban sa mga associate na miyembro, panghabambuhay na miyembro, retiradong miyembro na nagbabayad ng mas mababa sa buong bayaring kinakailangan para sa mga nagtatrabahong miyembro ng kanilang Lokal na Unyon, at nagbabayad ng gastusin sa ahensya. Kung mahigit sa isang opisyal ang mula sa parehong Lokal na Unyon, hahatiin nang patas ang kapangyarihan sa pagboto sa mga opisyal na ito para sa layuning ito.

Mga Ehekutibong Pangalawang Pangulo, Mga Miyembro ng Lupon ng Ehekutibo

Magkakasabay na mga bakante

Lakas ng pagboto upang punan ang ilang bakante

Artikulo

VIII. INTERNASYONAL NA PANGULO— MGA TUNGKULIN AT KAPANGYARIHAN

Seksyon 1(a). Tungkulin ng Internasyonal na Pangulo na mamuno sa Kumbensyon ng Internasyonal na Unyon at sa mga pagpupulong ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, at isasagawa ang mga ito alinsunod sa mga parliamentaryong panuntunan at bilang pagsunod sa Konstitusyong ito. Itatalaga ng Internasyonal na Pangulo ang lahat ng komite at lupon at magiging ex officio na miyembro sila ng lahat ng komite at lupon.

Namumuno sa mga Kumbensyon, mga pulong ng IEB

Nagtatalaga ng mga komite, lupon

Nagpapasya sa pamamagitan ng pagboto kung sakaling magkatabla

(b). Ang Internasyonal na Pangulo ang magkakaroon ng botong magpapasya kung sakaling magkaroon ng tie o patas na bilang sa anumang katanungan.

(c). Ang Internasyonal na Pangulo ay kikilos sa abot ng kanilang makakaya sa pagpapatupad sa mga layunin at hangarin ng organisasyon at sa interes ng mga miyembro nito.

Nangangasiwa at namamahala sa mga gawain ng Unyon

(d). Magkakaroon ang Internasyonal na Pangulo ng pangkalahatang pangangasiwa at direksyon sa mga gawain ng Internasyonal na Unyon. Papahintulutan ang Internasyonal na Pangulo na tumawag at gumawa ng mga plano para sa mga naturang pagpupulong, seminar at kumperensya na tinuturing nilang kinakailangan; at papamahalaan ang lahat ng departamento, gawain at programa ng Internasyonal na Unyon.

Nangangasiwa at namamahala sa mga aktibidad sa pag-oorganisa

(e). Magkakaroon ang Internasyonal na Pangulo ng pangkalahatang pangangasiwa at direksyon sa mga organisadong pagsisikap ng Internasyonal na Unyon na ito. Ang Internasyonal na Pangulo ay magkakaroon ng kapangyarihang magtalaga ng mga taga-organisa, kinatawan, tagapangasiwa at nag-oorganisang komite at gumawa ng mga naturang utang o magkaloob ng mga naturang subsidy sa mga Lokal na Unyon at kaanib na samahan na itinuturing nila na kinakailangan.

Awtoridad sa kolektibong pakikipagnegosasyon

(f). Alinsunod sa mga programa at patakarang pinagtibay ng mga delegado sa Kumbensyon ng SEIU, mayroong kapangyarihan ang Internasyonal na Pangulo na makipagnegosasyon at pumasok sa mga kasunduang pambansa, panrehiyon o pambuong lugar, kabilang ang mga kasunduan sa kolektibong pakikipagnegosasyon, mga kasunduan sa pag-organisa, mga kasunduan sa sektoral na pakikipagnegosasyon at mga kasunduan sa mga pamantayan, mga pambuong kumpanya o pangmaramihang employer na kasunduan, at para ikoordinang ang mga aktibidad sa pagtatapos na ito ng konsultasyon sa mga kaugnay na Lokal na Unyon, at pinapahintulutan silang humiling at magdirekta ng koordinadong pakikipagnegosasyon sa mga Lokal na Unyon. Maaari ring magrekomenda ang dibisyon ng industriya ng Internasyonal na Unyon sa Internasyonal na Pangulo sa mga sitwasyon kung saan kinakailangan ang koordinadong pakikipagnegosasyon o kung saan kinakailangan ang kumprehensibong estratehiyang pang-buong unyon ng mga ugnayan ng employer para sa mga pangunahing estratehiya na pandaigdigang, pambansa o panrehiyong employer.

Proseso ng koordinadong pakikipagnegosasyon

Mga komite sa pakikipagnegosasyon

Ayon sa nararapat, bubuo ang mga dibisyon ng industriya ng proseso para tukuyin ang mga naturang sirkunstansya at sa bawat sitwasyon,

ang naipanukalang istruktura sa pagbubuo ng pasya (kasama na ang pagpapahintulot ng miyembro sa aksyong welga at pagboto ng mga miyembro sa pagpapatibay ng kontrata), at ng pagpopondo sa mismong proseso ng pakikipagnegosasyon. Tutugunan ng mga rekomendasyon ng dibisyon kung mayroong pangangailangan para sa delegasyon ng awtoridad sa pakikipagnegosasyon sa Internasyonal na Unyon o sa pambansa o panrehiyong komite ng pakikipagnegosasyon, na itatalaga ng Internasyonal na Pangulo. Babayaran ng mga apektadong lokal ang mga bayarin sa kanilang pakikilahok pagkatapos ng kanilang kontribusyon sa mga elemento ng naturang pagpopondo.

(g). Papayagan ang Internasyonal na Pangulo na magpasok ng kinakailangang kawani at magpanatili ng tagapagtanggol, accountant at iba pang propesyonal na tauhan dahil maaaring kailanganin nilang tumulong sa mga tungkulin sa opisina at ayusin ang kanilang kabayaran. Papayagan silang ayusin ang kabayaran ng mga Internasyonal na Ehekutibong Pangalawang Pangulo. Kaugnay ng opisina ng Internasyonal na Pangalawang Pangulo at miyembro ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, tinanggal ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang mga karapatan sa sahod at pinapahintulutan itong gumamit ng alternatibong patakaran sa kabayaran na kumikilala sa anumang pinansyal na problema ng mga lokal ayon sa pagbabagong ito sa patakaran, pati na rin sa mga karagdagang responsibilidad na maaaring italaga sa mga partikular na indibidwal.

(h). Magkakaroon ang Internasyonal na Pangulo ng awtoridad na iinterpret ang Konstitusyon at Mga Batas na ito at magpasya sa lahat ng punto ng batas na isinumite sa Internasyonal na Pangulo ng mga Lokal na Unyon o ng mga miyembro, o ng mga kaanib na samahan, na maaaring iapela sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, at sa susunod na Kumbensyon.

Seksyon 2. Ang sinumang miyembro o opisyal ng Lokal na Unyon na naagrabyado ng anumang aksyon ng kanilang Lokal na Unyon o kaanib na samahan na hindi saklaw ng mga probisyon ng Artikulo XVII ng Konstitusyong ito (kasama na ang mga pagwawakas ng mga protesta sa eleksyon) ay maaaring magpetisyon sa Internasyonal na Pangulo sa loob ng 15 araw matapos mangyari ang inirereklamong aksyon, o maaaring magpetisyon sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, sa loob ng 15 araw pagkatapos ng pagkilos ng Internasyonal na Pangulo hinggil doon, na suriin ang aksyon ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan. Pagsisikapan ng Internasyonal na Pangulo na magsagawa ng pagdinig sa loob ng 30 araw mula sa

Awtoridad para mag-empelo ng kawani

Mga suweldo ng mga internasyonal na opisyal

Awtoridad para mag-interpret ng Konstitusyon

Karapatang magpetisyon sa Pangulo na umapela ng mga aksyon ng isang Lokal na Unyon o kaanib na samahan

Pagdinig upang suriin ang mga aksyon ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan

pag-petisyon ng protesta, kung sa tingin ng Pangulo ay mahalagang magsagawa ng pagdinig, at susubukan nilang ibigay ang kanilang desisyon sa loob ng 30 araw pagkatapos nito.

Seksyon 3. Ang Internasyonal na Pangulo, sa bisa ng kanilang panunungkulan, ay kakatawan sa Internasyonal na Unyon sa mga kumbensyon ng mga organisasyon ng manggagawa kung saan kaanib ang Internasyonal na Unyon na ito at magtatalaga ng lahat ng iba pang delegado sa naturang mga kumbensyon.

Kinakatawan ang Internasyonal na Unyon sa mga kumbensyon

Mga charter, audit at voucher

Seksyon 4. Ang Internasyonal na Pangulo ang lagalga sa lahat ng charter at iba pang opisyal na dokumento ng Internasyonal na Unyon na ito; ang magkakaroon ng awtoridad para mag-utos ng pagsusuri ng mga libro at talaan ng anumang Lokal na Unyon o kaanib na samahan; at bubunot ng mga voucher sa Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman para sa naturang kabuuan ng perang kinakailangan sa kanilang mga aktibidad, at babayaran ang parehong halaga ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman.

Pagtatalaga ng mga kawani

Seksyon 5. Ang Internasyonal na Pangulo ay magkakaroon ng kapangyarihang magtatalaga sa rekomendasyon ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ng mga naturang kawani sa opisina na maaaring paminsan-minsan ay kakailanganin.

Pag-monitor sa pananalapi

Seksyon 6. Isusumite ng Internasyonal na Unyon ang lahat ng voucher sa Internasyonal na Pangulo para sa pag-apruba Maaaring magtatalaga anumang oras ang Internasyonal na Pangulo ng miyembro ng Lupon ng Mga Auditor o ng naturang iba pang kinatawan o accountant na maaari nilang italaga para suriin ang anumang usaping nakakaapekto sa mga pananalapi ng Internasyonal na Unyon.

Awtoridad na magpataw ng mga trustee

Seksyon 7(a). Tuwing mayroong dahilan ang Internasyonal na Pangulo para paniwalaan, upang maprotektahan ang mga interes ng mga miyembro, kinakailangang magtatalaga ng Trustee para sa layunin ng pagwawasto sa katiwalian o maling paggamit sa pananalapi, ang pagsisiguro sa pagsasagawa ng mga kasunduan sa kolektibong pakikipagnegosasyon o iba pang tungkulin ng kinatawan sa pakikipagnegosasyon, pagbabalik sa mga demokratikong pamamaraan, o kung hindi man ay pagsasagawa sa mga hangarin ng Internasyonal na Unyon na ito, maaari silang magtatalaga ng naturang Trustee para mamuno at magkontrol sa mga gawain ng Lokal na Unyon o ng kaanib na samahan, at magkakaroon ng epekto ang naturang pagtatalaga sa pagtanggap ng mga opisyal ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan.

(b). Ang Trustee ay magkakaroon ng pahintulot at kapangyarihan na mamuno sa mga gawain ng Lokal na Unyon o ng kaanib na samahan at mga kaugnay na pondo ng benepisyo, upang tanggalan ang sinuman sa mga empleyado, ahente, at/o trustee nito ng anumang piniling pondo ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan at italaga ang mga naturang ahente, empleyado o fund trustee sa panahon ng kanilang pagiging trustee, at isagawa ang naturang iba pang aksyong kinakailangan ayon sa kanilang hatol para sa pagpapanatili ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan at para sa proteksyon ng mga interes ng mga miyembro. Mag-uulat ang Trustee sa mga gawain/transkasyon ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan sa Internasyonal na Pangulo. Napapailalim ang Trustee at ang lahat ng pagkilos ng Trustee sa pangangasiwa at direksyon ng Internasyonal na Pangulo.

Mga kapangyarihan at tungkulin ng trustee

(c). Sa institusyon ng pagiging trustee, ibabalik ang lahat ng pera, libro at ari-arian ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan sa Trustee.

Mga salapi, libro at ari-arian

(d). Ang Trustee ay dapat na managot sa tapat na pagtupad ng kanilang mga tungkulin na may kaugnayan sa pangangasiwa ng mga pondo o iba pang ari-arian ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan.

Kinakailangan ang bonding sa trustee

(e). Ang Trustee ay magkakaroon ng pagmamay-ari sa lahat ng pondo, libro, papel at iba pang ari-arian ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan. Babayaran ng Trustee ang lahat ng natitirang claim, na maayos na napatunayan, kung sapat ang mga pondo. Kapag naibalik ang sariling pamamahala, ibabalik ng Trustee ang lahat ng pondo, libro, papel at iba pang ari-arian sa Lokal na Unyon o kaanib na samahan. Gayunpaman, kung ang Lokal na Unyon o kaanib na samahan ay aalisin sa pamamagitan ng pagbawi ng charter nito, ang anumang natitirang balanse sa credit ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan ay ipapasa sa Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman at magiging ari-arian ng Internasyonal na Unyon.

Mga pinansyal na responsibilidad ng trustee

(f). Upang matiyak na walang pagiging trustee ang ipinatupad nang walang sapat na karapatan para marinig o walang iba pang naaangkop na pag-iingat, bago ang imposisyon ng pagiging trustee, ang Internasyonal na Pangulo ay magtatalaga ng opisyal o mga opisyal sa pagdinig (na kailangan ay hindi miyembro o mga miyembro ng organisasyong ito), at maglalabas ng abiso, na ipapamahagi kaagad, na nagtatakda ng oras at lugar ng pagdinig, para sa layunin ng pagtukoy kung dapat bang magtatalaga ng Trustee. Ang nabanggit na opisyal o mga opisyal sa pagdinig ay maglalabas ng ulat at mga rekomendasyon, nang pasalita o nakasulat, sa

Pamamaraan sa pagpataw ng pagiging trustee

Pagtatalaga ng opisyal sa pagdinig

Pagiging trustee sa oras ng emergency

Internasyonal na Pangulo, na siya namang gagawa ng pagpapasya hinggil dito; kung ayon sa paghuhusga ng Internasyonal na Pangulo ay mayroong emergency na sitwasyon sa loob ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan, maaaring maitalaga ang isang Trustee bago ang pagdinig; bukod pa rito, kung sa emergency na sitwasyon, magtatalaga ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng opisyal o mga opisyal sa pagdinig (na dapat ay hindi miyembro o mga miyembro ng organisasyon) na magsasagawa ng naturang pagdinig sa loob ng 30 araw pagkatapos ng imposisyon ng pagiging trustee, at magpapasya ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo sa loob ng 60 araw pagkatapos ng pagtatalaga sa naturang Trustee. Maaaring palawakin ang mga limitasyon sa oras na ito ng Internasyonal na Pangulo kung mayroong magandang dahilan, kung saan magsisilbing pinal at may bisa ang desisyon. Mananatiling may bisa ang pagiging trustee habang nakabinbin ang desisyon ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

Personal na kinatawan

(g). Maaaring magtalaga ang Internasyonal na Pangulo ng kinatawan para makipagpulong sa mga opisyal ng mga Lokal na Unyon o kaanib na samahan at dumalo sa anumang pagpupulong ng mga Lokal na Unyon o kaanib na samahan kung saan, ayon sa pagpapasya ng Internasyonal na Pangulo, ay may pangangailangang tulungan ang mga Lokal na Unyon o kaanib na samahan kaugnay ng kanilang mga panloob na pangangailangan. Maaaring magtalaga ang Internasyonal na Pangulo ng opisyal sa pagdinig para suriin ang mga panloob na pangangailangan ng Lokal na Unyon o ng kaanib na samahan, at para tulungan sila sa pagpapasya kung anong (mga) aksyong panremedyo, kung mayroon man, ang dapat ipatupad ng Lokal na Unyon o ng kaanib na samahan. Sa anumang oras, maaari ring magtalaga ang Internasyonal na Pangulo ng kanilang kinatawan bilang Monitor o Tagasubaybay na may karagdagang responsibilidad sa pagtingin para suriin ang pagsunod sa mga rekomendasyon ng Internasyonal na Pangulo at/o, kung hindi man, tumulong sa pagtugon sa mga panloob na pangangailangan ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan. Ang mga panloob na pangangailangang dapat isaalang-alang ay kung natugunan ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan ang mga naaangkop na pamantayang inendorso ng Internasyonal na Kumbensyon o natugunan ang mga naturang pamamaraan, panuntunan, at/o regulasyong naaayong pinagtibay ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo para isagawa ang mga layuning itinakda ng Internasyonal na Kumbensyon.

Mga panloob na pangangailangan sa pagdinig

Monitor

Tulong sa opisyal

Seksyon 8. Ang Internasyonal na Pangulo ay mayroong

kapangyarihang magpatawag ng sinuman sa o lahat ng opisyal para sa tulong at payo kapag hinihingi o kinakailangan ng sitwasyon.

Seksyon 9. Ang Internasyonal na Pangulo ay gagawa ng kumpletong ulat sa bawat Internasyonal na Kumbensyon at sa mga pagpupulong ng Lupon ng Ehekutibo.

Tungkulin na mag-ulat

Artikulo

IX. MGA TUNGKULIN NG INTERNASYONAL NA KALIHIM-INGAT YAMAN

Seksyon 1. Ang Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ay magtatabi ng tamang talaan ng lahat ng pagdinig sa Internasyonal na Kumbensyon at ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

Talaan ng mga kaganapan

Seksyon 2. Tatanggapin at kokolektahin ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ang lahat ng salaping mula sa Internasyonal na Unyon, na idedeposito sa mga naturang bangko na maaaring italaga ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

Pag-iingat sa salapi

Seksyon 3. Ang Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ay magsasagawa ng lahat ng opisyal na pakikipag-ugnayan, tatanggap sa lahat ng charter, magka-countersign at mag-iisyu ng mga charter na maaaring ipagkaloob, at mangangasiwa sa opisyal na selyo.

Mga aplikasyon sa charter

Seksyon 4. Ang Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ay gagawa at lalagda o magpapahintulot sa paglagda sa lahat ng tsekeng sasaklaw sa mga gastusin ng Internasyonal na Unyon, kapag nilagdaan o inaprubahan ng Internasyonal na Pangulo.

Mga paggasta

Seksyon 5. Ang Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ay magtatabi ng mga talaan ng mga miyembro ng Internasyonal na Unyon at mag-uulat sa Internasyonal na Pangulo at Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo kung kinakailangan.

Mga talaan ng miyembro

Seksyon 6. Ang Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ay gagawa ng kumpletong ulat ng lahat ng usaping kaugnay ng kanilang katungkulan sa bawat Internasyonal na Kumbensyon.

Mga talaan sa Kumbensyon

Seksyon 7. Ang Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, sa pagtatapos ng kanilang termino ng panunungkulan, ay magbibigay sa kanyang kahalili sa katungkulan ng lahat ng libro, salapi, ari-arian at iba pang pag-aari ng Internasyonal na Unyon.

Obligasyon sa kahalili

Seksyon 8. Ang mga libro at talaan ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ay bubuksan para sa inspeksyon ng mga opisyal ng

Inspeksyon ng opisyal sa mga libro

Internasyonal na Unyon.

*Pagpapanatili ng
mga
talaan ng Unyon*

Seksyon 9. Ang Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ay magtatabi ng talaan na tumutukoy sa kita, mga disbursement at pinansyal na transaksyon na anumang uri sa loob ng panahong hindi bababa sa anim na taon, o mas matagal kung iniaatas ng naaangkop na batas.

Artikulo

X. MGA TUNGKULIN NG MGA EHEKUTIBONG PANGALAWANG PANGULO

*Pinangangasiwaan
ng Pangulo*

Seksyon 1. Ang mga Internasyonal na Ehekutibong Pangalawang Pangulo ay magtatrabaho sa ilalim ng pangangasiwa ng Internasyonal na Pangulo.

*Mga tungkuling
itinalaga ng
Pangulo*

Seksyon 2. Ang mga Internasyonal na Ehekutibong Pangalawang Pangulo ay magsasagawa ng mga naturang tungkuling itatalaga sa kanila ng Internasyonal na Pangulo.

Artikulo

XI. MGA TUNGKULIN NG INTERNASYONAL NA LUPON NG EHEKUTIBO

*Rekisito sa
pagpupulong*

Seksyon 1. Ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ay magsasagawa ng mga sesyon ng hindi bababa sa dalawang beses bawat taon. Ang mga pagpupulong ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ay nakaayon sa pagpapatawag ng Internasyonal na Pangulo sa mga oras at lugar na kung kailan at saan, ayon sa kanilang pagpapasya, ay pinakamahasay na mapapaglingkuran ang mga pangangailangan ng Internasyonal na Unyon. Sa tuwing hihiling ang mayorya ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo sa Internasyonal na Pangulo ng pagpapatawag para sa pagpupulong dito, mandatoryo na gawin ito ng Internasyonal na Pangulo.

*Maaaring
magsimula
ng pagpupulong
ang mayorya*

Maaaring isagawa ang pagpupulong ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo sa pamamagitan ng telepono o kumperensya gamit ang video ayon sa pagpapasya ng Internasyonal na Pangulo. Ang lahat ng kinakailangang gastusin para sa mga naturang pagpupulong ay babayaran ng Internasyonal na Unyon. Ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ay mayroong kapangyarihang isagawa ang lahat ng transaksyon ng Internasyonal na Unyon sa pagitan ng mga Kumbensyon. Ang karamihan sa mga miyembro ng Internasyonal na

Quorum

Lupon ng Ehekutibo ay bubuo ng quorum para sa transaksyon nito.

Seksyon 2. Aabisuhan ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ang lahat ng Lokal na Unyon at kaanib na samahan sa oras at lugar ng mga pagpupulong ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo. Maaaring maghain ang Lokal na Unyon o kaanib na samahan ng anumang karaingan o usapin na sa palagay nito ay para sa kapakanan ng Internasyonal na Unyon o ng anuman sa mga Lokal na Unyon nito o kaanib na samahan sa anumang pagpupulong ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

Abiso sa Mga Lokal na Unyon

Karapatang maglahad ng mga hinaing

Seksyon 3. Ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ay kikiilos at magpapasya para sa lahat ng apelang ihahain dito ng mga Lokal na Unyon o indibidwal na miyembro o kaanib na samahan.

Magpasya sa mga apela

Seksyon 4. Ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ay magkakaloob para sa bonding ng mga opisyal at empleyado ng Internasyonal na Unyon alinsunod sa mga rekisito ng mga naaangkop na batas o gaya ng itinuturing na kailangan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

Bonding

Seksyon 5. Kapag wala sa pagpupulong ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo at ipagpapalagay ng Internasyonal na Pangulo na kailangan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo na agad na umaksyon, gagawan ng poll o botohan ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo at ang naturang aksyon at boto ay maaaring gawin sa pamamagitan ng liham, telegrama, teletype, facsimile, telepono o iba pang naaangkop na paraan ng komunikasyon. Ang naturang aksyon sa pagkuha ng boto ng mayorya ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang bubuo sa opisyal na aksyon ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

Pagboto

Seksyon 6. Ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ay, nang napapailalim sa aksyon ng Internasyonal na Kumbensyon, ang magiging pinal na awtoridad at ang pinakamataas na namumunong kinatawan ng Internasyonal na Unyon na ito.

Ang Ehekutibong Lupon ang sangay na tagapagpaganap

Pinapahintulutan at binibigyang-kapangyarihan ang Lupon na gawin ang anuman at lahat ng legal na aksyon na nakaayon sa Konstitusyong ito para ingatan at protektahan ang Internasyonal na Unyon na ito, ang mga karapatan, tungkulin, at pribilehiyo ng mga opisyal at miyembro ng Internasyonal na Unyon na ito at mga Lokal na Union nito o alinman sa mga kaanib na samahan nito; para gabayan, pamahalaan, isagawa, at pangasiwaan ang mga aktibidad, gawain, at tungkulin ng Internasyonal na Unyon na ito at para, sa

Pangkalahatang awtoridad ng Lupon

lahat ng paraan, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, gastusin, pamumuhunan, at pamamahala, gamitin ang ari-arian at mga pondo ng Internasyonal na Unyon na ito para sa pagsasakatuparan ng mga layunin at mithiin ng organisasyong ito. Maliban sa pangkalahatan at mga partikular na kapangyarihang iginagawad sa Lupon saanman sa Konstitusyong ito, at bukod pa sa anumang legal na kapangyarihan kaugnay nito, partikular na pinapahintulutan ang Lupon na:

Pagtatag ng mga tuntunin at regulasyon

A. Magtatag, gumamit, magtakda, at mag-utos ng mga naturang pamamaraan, panuntunan, at regulasyon, na naaayon sa Konstitusyong ito, gaya ng kinakailangan sa pangangasiwa at pamamahala ng mga gawain ng Internasyonal na Unyon na ito at ng mga nasasakupang subordinate na grupo at para bawiin o susugin din ito;

Delegasyon ng mga kapangyarihan

B. Magtalaga, nang naaayon sa Konstitusyong ito, sa sinuman sa mga opisyal o ahente nito ng alinman sa mga gawain at kapangyarihang nakatakda rito, maliban sa kapangyarihang magpuno ng mga bakanteng katungkulan;

Awtoridad tungkol sa suweldo para sa mga empleyado at ahente.

C. Itatag at/o aprubahan ang pagbabayad ng mga sweldo, sahod, gastusin, allowance, at disbursement para sa mga opisyal, ahente, at empleyado nito; at gamitin, panatilihin, o susugin ang anumang pensyon o kasunduan o plano sa kalusugan at kapakanan na ipinagpapalagay nitong nasa interes ng mga opisyal at empleyado ng Internasyonal na Unyon o Lokal na Unyon nito o iba pang kaanib na samahan o empleyado na kumakatawan sa Internasyonal na Unyon o alinman sa mga Lokal na Unyon nito o iba pang kaanib na samahan at ng mga pamilya ng mga nasabing opsiyal at empleyado, kung walang anumang karapatan ng kalahok ang maaapektuhan;

Pagtatag ng mga trust fund

D. Gumawa ng naturang legal na aksyon na ipagpapalagay nitong kinakailangan para protektahan ang mga interes ng Internasyonal na Unyon na ito, ng mga opisyal, kinatawan, ahente, empleyado, miyembro nito o mga nasasakupang Lokal na Unyon o ng mga kaanib na samahan nito, kasama na ang pagsisimula, pag-uusig, at pagdepensa ng mga abugado at arbitrasyon, ang pagsasaayos o pagkompromiso sa anumang habol, na depensahan man o nausig, at ang bayad sa mga gastusin at bayad sa lahat ng naturang paglilitis at pagkilos; o umiwas mula sa pagpapatupad ng anumang paghabol;

Awtoridad na gumawa ng legal na aksyon

E. I-invest o i-reinvest ang mga pondo ng Internasyonal na Unyon na ito sa naturang ari-arian, real o personal, nahahawakan o hindi nahahawakan, dahil ituturing itong kanais-nais para sa pagsasakatuparan sa mga layunin at mithiin ng Internasyonal na

Pag-invest ng mga pondo

Unyon na ito at ng interes ng mga miyembro nito, o pinapayagan ang mga naturang pondo na manatiling hindi nai-invest;

F. Magrenta, bumili, at magkaroon, ayon sa lahat ng legal na paraan, sa ngalan ng Internasyonal na Unyon na ito, ng lahat ng ari-arian, karapatan, pribilehiyo, dahil lalabas itong kanais-nais para sa pagsasakatuparan ng mga layunin at mithiin ng Internasyonal na Unyon na ito at ng mga interes ng mga miyembro nito, sa mga naturang halaga, mga termino at kondisyon na tutukuyin ng Lupon sa pagpapasya nito;

*Pagkuha
ng ari-arian*

G. Magbenta, magrenta, magsangla, magprenda, magpalit o kung hindi man, magtapon ng anumang ari-arian, real o personal, nahahawakan o hindi nahahawakan, at anumang karapatan o pribilehiyong kaugnay o pagmamay-ari o nasa pag-aari ng Internasyonal na Unyon na ito o ng mga miyembro nito, kapag ayon sa pagpapasya nito, isinaalang-alang ng Lupon na maaapektuhan ang mga layunin at mithiin ng Internasyonal na Unyon na ito at ang mga interes ng mga miyembro nito para sa mga naturang halaga at sa mga naturang termino at kondisyon o para sa naturang konsiderasyon na tutukuyin ng Lupon sa pagpapasya nito;

*Pagtanggal
ng ari-arian*

H. Magkaroon ng mga utang mula sa anumang bangko, kumpanya, korporasyon o institusyon, ayon sa mga termino at kondisyong tutukuyin ng Lupon, at para sa mga kabuuang halagang hiniram, maglabas ng mga promissory note nito o iba pang katibayan ng pagkakaroon ng utang;

*Awtoridad na
mangutang*

I. Pumasok sa, maglabas at gumawa, magsakatuparan at magwakas ng mga naturang pagsasangla, kasulatan, kasunduan, at gamit sa pakikipagkasunduan, bagama't may seguridad, na pinapaniwalaan ng Lupon sa pagpapasya nito na magsasakatuparan sa mga mithiin at layunin ng Internasyonal na Unyon na ito at ng mga interes ng mga miyembro nito;

*Mga sangla
at trust*

J. Ianib ang Internasyonal na Unyon na ito o kung hindi man ay pumasok sa o maghinto ng ugnayan sa mga naturang organisasyon at samahan, lokal, pambansa, at internasyonal, na pinapaniwalaan ng Lupon na magsasakatuparan sa mga mithiin at layunin ng Internasyonal na Unyon na ito at ng mga interes ng mga miyembro nito;

*Pag-anib sa ibang
mga organisasyon*

K. Umanib sa Internasyonal na Unyon na ito sa pamamagitan ng merger, partnership, alyansa, consolidation, charter o iba pang organisasyon ng paggawa o iba pang organisasyon na maaaring

*Pagdadala ng
iba pang mga
organisasyon ng
paggawa sa SEIU*

aprubahan ng Lupon at nang may kaugnayan dito ay maaaring magkaloob sa naturang organisasyon ng paggawa hanggang sa susunod na Internasyonal na Kumbensyon ng mga naturang ehekutibong posisyon at/o kinatawan sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo sa anyo ng mga karagdagang Pangalawang Pangulo at Miyembro ng Lupon ng Ehekutibo bukod pa sa kabuuang bilang na nakasaad sa Artikulo VI, Seksyon 1. Ang mga termino at kondisyon ng mga naturang ugnayan, kasama na ang mga pagkakaanib, partnership, alyansa, merger o consolidation ay maaaring kabilangan ng pagpapawalang-bisa sa iba pang probisyon ng Konstitusyong ito para sa mga naturang yugto ng panahon na itatakda sa kasunduan;

Pagwawaksi sa mga probisyon ng konstitusyon

hurisdiksiyon ng Lokal na Unyon

L. Magpasya ng mga tanong ng hurisdiksiyon kaugnay ng mga Lokal na Unyon at iba pang grupong kaanib ng Internasyonal na Unyon, at wakasan ang mga pang-organisasyon at hurisdiksiyong kasunduan sa iba pang organisasyon ng paggawa;

Awtoridad na magpautang

M. Gumawa ng mga naturang utang, direkta o hindi direkta, sa mga indibidwal man o organisasyon, na legal at hindi tumutugma sa Konstitusyong ito, na mayroong seguridad at pagsasaayos para sa pagbabayad na ipagpapalagay ng Lupon na naaangkop, at ituturing ng Lupon na magsasakatuparan sa mga layunin at mithiin ng Internasyonal na Unyon na ito at ng mga interes ng mga miyembro nito;

Mga pamamaraan sa pagbabayad ng ahensya at iba pa

N. Magtatag, gumamit, at mag-utos ng mga naturang pamamaraan na ipagpapalagay nitong kinakailangan ng Internasyonal na Unyon, mga Lokal na Unyon, at kaanib na samahan kaugnay ng mga bayarin sa shop ng ahensya, bayarin sa patas na bahagi, at mga katulad na bayarin, at para bawiin o susugin ang kaparehong halaga; at

Mga bagong pagsasaayos upang mapalawak ang saklaw

O. Para bumuo ng lakas para sa mga nagtatrabahong tao sa ika-21 siglo, pinapahintulutan ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo na pumasok sa mga bagong uri ng pakikipagkasundo, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, mga partnership, pagkakaanib, at/o alyansang pambansa o pandaigdigan, para sa pagpapalawak sa naaabot ng Unyon, at pagkakaugnay sa mga organisasyon at tao na may mga katulad na layunin. Alinsunod dito, ang awtoridad na itinatakda sa Artikulong ito ay malawak na nauunawaan dapat para isagawa ang intensyon at layunin ng misyong ito pati na rin ang paggamit sa mga bagong oportunidad na available sa pamamagitan ng mga pagsulong sa teknolohiya at internet. Sa pagpasok sa mga naturang pakikipagkasundo, maaaring magkaloob ang Internasyonal

na Lupon ng Ehekutibo ng mga naturang pagpapawalang-bisa mula sa mga probisyon ng Konstitusyon hanggang sa susunod na Kumbensyong magsusulong sa mithiing ito.

Ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ay ang pinal na awtoridad sa pagsasakatuparan, pag-unawa, at pagpapatupad sa Konstitusyong ito, na sasailalim sa pagsusuri ng Internasyonal na Kumbensyon.

*Konstitusyonal
na awtoridad*

Ang opinyon ng abogado, accountant, o iba pang propesyonal na consultant o ekspertong ipinasok alinsunod sa Konstitusyong ito ay buo at magsisilbing kumpletong awtoridad at proteksyon dapat na nauugnay sa anumang aksyong gagawin, mararanasan, o aalisin ng Lupon ng ito o ng sinumang miyembro nito nang may mabuting loob at alinsunod sa naturang opinyon. Walang pananagutan ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, o ng sinumang miyembro nito sa sinumang tao o organisasyon, para sa anumang aksyong hindi naman sinadyang maging masamang asal o hindi naman ginawa nang may masamang tangka, ng Lupon ng ito o ng nasabing miyembro bilang pagsasakatuparan sa mga layunin at mithiin ng Konstitusyong ito at ng mga interes ng mga miyembro ng organisasyong ito.

*Proteksyon mula sa
pananagutan*

Artikulo

XII. MGA WELGA AT LOCKOUT

Walang Lokal na Unyon o kaanib na samahan ang magwewelga nang wala pang naging abiso dati sa Internasyonal na Pangulo, o, kung saan hindi maisasagawa ang paunang abiso, nang walang abiso sa lalong madaling panahon pagkatapos ng welga, kung saang isinaad sa abiso ng Lokal na Unyon o kaanib na grupo na sinunod nito ang lahat ng naaangkop na rekisito sa abiso. Kung hindi makakapagbigay ang Lokal na Unyon o kaanib na samahan ng naturang abiso, maaaring pigilan ng Internasyonal na Pangulo ang pagsang-ayon sa welga na ipinatawag ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan. Batay sa rekomendasyon ng mga dibisyon ng industriya ng Internasyonal na Unyon, maaaring limitahan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang abiso sa welgang ito sa mas kaunting sitwasyon.

*Rekisito sa
abiso ng welga*

Artikulo

XIII. KITA

Mga per capita tax

Seksyon 1(a). Ang kita ng Internasyonal na Unyon na ito ay kukunin mula sa per capita tax, mga bayad sa inisyasyon, bayad sa charter, pagtatasa o mula sa anupamang mapagkukunang tutukuyin ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

Ang per capita tax mula sa mga Lokal na Unyon ay magpapatuloy sa \$7.65 kada miyembro bawat buwan sa lahat ng bayaring matatanggap ng Lokal na Unyon.

Mga miyembrong retirado, associate at nag-oorganisang komite

Para sa retiradong miyembro, associate na miyembro, o miyembro ng nag-oorganisang komite na nagbabayad ng mas mababa kaysa kabuuan ng bayaring kinakailangang bayaran ng mga nagtatrabahong miyembro ng kanilang Lokal na Unyon, ang per capita ay magiging \$1.00 kada buwan.

Hindi isasantabi ng Internasyonal na Unyon ang anumang nakahiwalay na pondo mula sa mga pagbabayad sa per capita tax na natatanggap mula sa mga Lokal na Unyon sa ngalan ng mga retiradong miyembro, associate na miyembro, o miyembro ng nag-oorganisang komite.

Per capita tax para sa mga retirado at associate na miyembro

Kapag inirekomenda ng Internasyonal na Pangulo, ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ay magkakaroon ng awtoridad sa pagsasaayos sa per capita tax na iniaatas sa mga Lokal na Unyon (i) para sa mga hindi nagtatrabahong miyembro at associate na miyembro, kabilang ang mga retiradong miyembro at associate na miyembro; gayunpaman, kung hindi sumasalungat sa mga probisyon ng Artikulo XV, ang mga Panghabambuhay na Miyembro na napagkalooban ng naturang katayuan alinsunod sa Konstitusyong ito noong o bago Mayo 1, 2000, ay wala nang patuloy na obligasyon sa mga bayarin, samakatuwid ay magiging kwalipikado silang gamitin ang lahat ng benepisyo at pribilehiyo ng mga retiradong miyembro sa Internasyonal na Unyon, kasama na ang tuloy-tuloy na pakikilahok sa Death Gratuity Program ng Internasyonal na Unyon kung elihible man; at (ii) na kaanib sa ibang internasyonal na unyon.

Pondong pampulitika

(b). Isasantabi ang halaga ng pera mula sa per capita tax na tutukuyin taon-taon ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo at direkta o hindi direktang gagastusin ng Internasyonal na Unyon para sa mga layunin ng pampulitikang edukasyon o pampulitikang pagkilos, pero bilang pagsunod lang sa mga probisyon ng naaangkop na batas.

(c). Noong 2012, patuloy na isasantabi ng Internasyonal na Unyon mula sa per capita tax, ang kabuuan ng 40 cents bawat miyembro kada buwan sa lahat ng buwanang bayaring natatanggap ng Lokal na Unyon bilang Strike and Defense Fund (Pondo sa Pagwelga at Pagdepensa) para tulungan ang mga Lokal na Unyon sa pakikilahok sa mga awtorisadong welga, sa pagdepensa laban sa mga lockout, at sa pagdepensa sa integridad at kapakanan ng Lokal na Unyon, gaya ng nakasaad sa ilalim ng pamantayan na itinatag ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, at dapat i-credit sa bawat Lokal na Unyon ang halagang ibinayad ng naturang Lokal na Unyon sa Strike and Defense Fund. Gagamitin ang 25 cents mula sa 40 cents ng Internasyonal na Unyon para panatilihin ang mga kasalukuyang programa at suportahan ang pagpapatupad ng programa ng Kumbensyon 2012.

Strike and Defense Fund

Simula Enero 1, 2013, gagamitin ng Internasyonal na Unyon ang kabuaan ng 40 cents mula sa per capita tax bawat miyembro kada buwan sa lahat ng buwanang bayaring natatanggap ng Lokal na Unyon sa Strike and Defense Fund para sa layunin ng pagpapanatili ng pondo para suportahan ang programa ng Internasyonal na Unyon na maghalal at papanagutin ang mga pambansang pampublikong opisyal para sa pro-working family agenda.

Gamitin ang Strike and Defense Fund para suportahan ang Internasyonal na programa

Hindi gagamitin ang mga naturang salapi mula sa o isasantabi mula sa mga pagbabayad ng per capita tax na tinatanggap mula sa mga Lokal na Unyon sa ngalan ng mga retiradong miyembro, associate na miyembro, o miyembro ng nag-oorganisang komite.

Bago sumapit ang Enero 1, 2013, maaaring hilingin ng lokal na unyon ang pag-apruba mula sa Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman para maghalili ng alternatibong plano sa pagbabayad para sa 25 cents. Maaaring isama sa planong ito ang opsyon para sa Internasyonal na Unyon na panatilihin ang mga pondo na babayaran sa lokal na unyon sa ilalim ng Artikulo XV, Seksyon 18.

Para sa anumang halagang naipon sa Pondo bago ang Enero 1, 2013, alinsunod sa pamantayang itinatag ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, ang isang Lokal na Unyon, pagkatapos ng hindi bababa sa isang taon ng mga kontribusyon, ay maaaring maglabas mula sa Strike and Defense Fund, o mula sa iba pang mga pondo ng Internasyonal na Unyon na tutukuyin ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, sa lawak ng kabuuang hindi nagastos na pondo na natitira sa credit nito, kasama ang karagdagang halaga na katumbas ng halagang inilaan sa mga kinakailangang pagbabayad nito sa naunang 12 buwan. Kapag nakuha na ang karagdagang pagbabayad

Mga Withdrawal mula sa Strike and Defense Fund

ng Lokal na Unyon, walang higit pang pagbabayad ang maaaring gawin sa Lokal na Unyon alinsunod sa Seksyong ito. Pinapahintulutan ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo na iatas na ang mga kontribusyon noong 2012 ng Lokal na Unyon sa Strike and Defense Fund ay gagamitin para tugunan ang natitirang pananagutan sa pananalapi ng Lokal na Unyon sa Internasyonal na Unyon o, bilang pagsunod sa pasya ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo pagkatapos ng mga naaangkop na paglilitis, sa isa pang kaanib na samahan o Lokal na Unyon kung ang naturang pananagutan ay hindi pa nababayaran nang hindi bababa sa 90 araw mula sa takdang petsa (90 days past due). Sa mga naturang sitwasyon, makakatanggap ang Lokal na Unyon ng 15 araw na abiso bago isakatuparan ang naturang aksyon.

*Iniinterpret ng
Kalihim-Ingat
Yaman ang polisiya
sa strike fund*

Reresolbahin ang mga tanong kaugnay ng aplikasyon o interpretasyon ng subsection na ito sa pamamagitan ng pasya ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, na maaaring iapela sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

*Unity Fund
(maliban sa
Canada)*

(d). Bukod pa sa per capita tax na itinakda sa Seksyon 1(a), ang bawat Lokal na Unyon, maliban sa mga nakabase sa Canada, ay magbabayad sa Internasyonal na Unyon ng per capita tax para pondohan ang Unity Fund. Sa pamamagitan ng Unity Fund, ang lahat ng lokal na unyon ay makakalikom ng resources upang magkaroon ng bagong lakas upang maipanalangin ang mas pinahusay na suweldo, mga benepisyo at seguridad para sa mga miyembro sa ika-21 siglo. Ang karagdagang per capita tax bawat miyembro kada buwan ay \$5.00.

*Eksensyon ng
manggagawang
mababa ang kita*

Sa kabila ng mga isinaad sa itaas, ang karagdagang per capita tax na ito para sa Unity Fund ay hindi dapat ipataw sa mga dapat bayaran ng sinumang miyembro na binabayaran ng kabuuang sahod na mas mababa sa \$433 bawat buwan. Ang karagdagang per capita tax para sa Unity Fund ay hindi rin babayaran sa mga bayarin mula sa mga miyembro na hindi nakamit ang unang kasunduan sa kolektibong pakikipagnegosasyon.

*Canadian
Unity Fund*

(e). Batay sa rekomendasyon ng Canadian Council, maaaring atasan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang bawat Lokal na Unyon na nakabase sa Canada na magbayad sa Internasyonal na Unyon ng per capita tax bilang karagdagan sa per capita tax na itinatakda sa Seksyon 1(a) para pondohan ang Canadian Unity Fund. Sa pamamagitan ng Unity Fund na ito, makakalikom ang lahat ng Canadian na lokal na unyon ng resources para magkaroon ng bagong kakayahang maipanalangin ang mas mahusay na sahod, mga benepisyo,

at seguridad para sa mga miyembro sa ika-21 siglo. Ang halaga ng karagdagang per capita tax ay tutukuyin ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, batay sa rekomendasyon ng Canadian Council.

(f). Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang salitang “miyembro” ay kinabibilangan ng nagbabayad ng bayad sa ahensya at nagbabayad ng Rand Formula at nagbabayad ng kahalintulad na bayarin, at ang salitang “dues” (“mga bayarin”) ay kinabibilangan ng mga bayarin ng ahensyang nagbibigay ng serbisyo, mga bayarin ng Rand Formula, at mga kahalintulad na bayarin.

*Kahulugan ng
“Miyembro”
at “dues”*

Seksyon 2. Ang dues ng mga miyembro ay dapat bayaran at mababayaran sa o bago ang huling araw ng kasalukuyang buwan at para magkaroon ng magandang katayuan ang miyembro, ang kanilang dues ay dapat mabayaran sa o bago ang huling araw ng bawat buwan. Ang lahat ng iba pang obligasyon sa pananalapi ng Lokal na Unyon ay dapat mabayaran sa o bago ang huling araw ng buwan kung kailan sila dapat magbayad.

*Pagbabayad ng
dues*

Seksyon 3. Para maituring na nasa magandang katayuan (in good standing) ang Lokal na Unyon, dapat ay mabayaran ang per capita tax at lahat ng iba pang bayarin ng bawat Lokal na Unyon sa Internasyonal na Unyon bago ang pagtatapos ng buwan kasunod ng buwan kung kailan nakatanggap ng dues o iba pang kabayaran ang Lokal na Unyon sa account kung saan maaaring bayaran ang per capita tax o bayarin sa Internasyonal na Unyon. Kung ang buwanang per capita tax, o anumang bahagi nito, ay hindi maisusumite sa pagtatapos ng buwan na kasunod kung kailan ito dapat bayaran, ipagpapalagay na ang Lokal na Unyon ay delingkuwente sa pagbabayad nito at sisingilin ng late payment fee, na may interest rate na tutukuyin ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, sa bahagi ng per capita tax na hindi nabayaran sa takdang petsa, maliban kung tatanggalin ng Internasyonal na Pangulo ang penalty charge na ito bilang pagtugon sa mabuting loob na ipinakita. Kung hindi makakapagbayad ang Lokal na Unyon na kinakailangan sa loob ng 30 araw mula sa takdang petsa ng pagbabayad, aabisuhan ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ang Lokal na Unyon na wala na ito sa magandang katayuan at isasangguni ang usapin sa loob ng 30 araw sa Internasyonal na Pangulo para sa naturang aksyong ipinagpapalagay ng Internasyonal na Pangulo na naaangkop, kasama nang walang limitasyon ang, pagsuspende sa Lokal na Unyon, pagbawi sa charter nito, o pagtatalaga sa Trustee gaya ng nakasaad sa Artikulo VIII, Seksyon 7 ng Konstitusyon at Mga Batas na ito. Ang Internasyonal na Pangulo, at kung sakaling magkaroon ng apela

*Pagpapanatili
ng magandang
katayuan ng mga
Lokal na Unyon*

*Mga parusa sa
hindi pagbabayad*

ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo sa kanilang desisyon, ay maaaring mag-alis ng anumang pagsususpende o panatilihin ang pagbawi ng charter alinsunod sa mga termino at kondisyong maaaring itakda.

Priyoridad ng pagbabayad ng per capita

Seksyon 4. Walang Lokal na Unyon ang magkakaroon ng anumang karapatang magbayad ng anumang bayarin bago nito bayaran ang buong obligasyon nito sa Internasyonal na Unyon bawat buwan.

Mga rekisito sa pag-uulat ng mga Lokal (listahan ng miyembro)

Seksyon 5(a). Ipapasa ng Lokal na Unyon sa pamamagitan ng Kalihim-Ingat Yaman sa Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ang mga tamang pangalan at address (kabilang ang email address, mga numero sa bahay at cell phone, kung available) ng lahat ng miyembro nito, at iba pang impormasyon ng mga miyembro gaya ng nakasaad sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo. Magsusumite ito kada buwan ng lahat ng pagbabago sa mga address; pangalan at address ng lahat ng miyembro na na-initiate o na-readmit, ng lahat ng iba pang tao na kung kanino kinukuha ang kita, at ng mga nasuspende dahil sa hindi pagbabayad ng dues o sa anumang iba pang dahilan; at tamang listahan ng mga kumukuha ng mga transfer o withdrawal card. Bilang karagdagan, dapat abisuhan ang Internasyonal na Unyon ng mga pangalan at address ng lahat ng opisyal na naihalal sa posisyon sa loob ng 15 araw mula sa naturang aksyon. Ang wastong ZIP code ay isasama sa bawat address. Ang bawat Lokal na Unyon ay dapat magbigay ng parehong listahan ng mga miyembro sa State Council kung saan ito kaanib. Batay sa rekomendasyon ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, maaaring mag-apruba ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng pagbabago sa seksyong ito na naglilimita sa frequency (dalas) at/o nilalaman ng rekisitong ito. Ang paggamit ng Internasyonal na Unyon ng impormasyon ng miyembro na ibinigay ng mga Lokal na Unyon alinsunod sa Seksyon 5(a) na ito ay dapat na ganap na naaayon sa paggamit na inaprubahan ng miyembro at sa naaangkop na batas.

Average gross wage rate ng mga miyembro

(b). Kapag hiniling, magpapasa ang bawat Lokal na Unyon sa Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, sa Abril 1 ng bawat taon, ng impormasyon at sumusuportang dokumentasyon na nagpapakita sa average gross wage rate (promedyong halaga ng sahod bago buwis) ng mga miyembro nito para sa nakalipas na taon ng kalendaryo. Maaaring mag-isyu ang Kalihim-Ingat Yaman ng partikular na gabay sa katangian ng sumusuportang dokumentasyong kinakailangan.

Seksyon 6(a). Ipagkakaloob ng mga opisyal ng Lokal na Unyon

o ng mga opisyal ng anumang kaanib na samahan sa sinumang tao na itatalaga ng Internasyonal na Pangulo para suriin ang mga libro at talaan nito, lahat ng libro, talaan, account, resibo, voucher, at datos ng pananalapi nito kailanman hihilingin. Agad na ipapasa ng lahat ng Lokal na Unyon at iba pang kaanib na samahan sa Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ang mga kopya ng lahat ng taunang ulat ng pag-audit at kopya ng lahat ng ulat sa pinansyal na nagtatakda ng pahayag ng mga asset at liability at ng pahayag ng mga resibo at disbursement na iniaatas ng batas.

Pagsusuri ng mga libro at talaan ng mga Lokal na Unyon

Pagsusumite ng taunang mga ulat sa pag-audit

(b). Ang lahat ng talaan ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan tungkol sa kita, mga disbursement, at pinansyal na transaksyon sa anumang uri o anupaman ay dapat na itabi sa loob ng panahong hindi bababa sa anim na taon o mas matagal kung iaatas ng naaangkop na batas.

Ang mga rekord ay dapat mapanatili nang hindi bababa sa anim na taon

Seksyon 7. Kapag ang charter ng Lokal na Unyon o iba pang kaanib na samahan ay binawi, ibabalik ng Lokal na Unyon o iba pang kaanib na samahan at ng mga opisyal nito ang lahat ng libro, dokumento, ari-arian at pondo sa Internasyonal na Unyon.

Pagbawi ng mga charter

Seksyon 8. Ang kita mula sa mga per capita tax na binabayaran ng mga Canadian na Lokal na Unyon ay gagastusin ng Internasyonal na Unyon para sa mga aktibidad na sumusuporta sa mga Canadian na Lokal na Unyon.

Mga per capita tax ng Canadian Local Union

Artikulo

XIV. PAG-ISYU NG MGA CHARTER

Seksyon 1. Maaaring mag-apply ang dalawampu't lima o higit pang tao sa loob ng hurisdiksyon ng Internasyonal na Unyon na ito sa Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman para sa pag-isyu ng charter. Sa anumang pangyayari, maaaring mag-isyu ang Internasyonal na Pangulo o Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng charter sa tuwing ito ay itinuturing na maipapayo. Ang aplikasyon para sa charter ay kasama ng mga kinakailangang initiation fee at charter fee.

Aplikasyon para sa charter

Seksyon 2. Itatag ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang patakaran at mga pamamaraang namamahala sa pag-isyu ng mga charter at tutukuyin nito ang lahat ng katanungan sa hurisdiksyon sa pagitan ng mga Lokal na Unyon. Ang mga umiiral na Lokal na Unyon sa oras ng pagbuo ng Internasyonal na Unyon ay mananatili sa hurisdiksyong mayroon sila sa panahong iyon. Kung mayroong anumang pinagtatalunang tanong na may kaugnayan sa mga

hurisdiksyon ng Lokal na Unyon

usaping tinutukoy sa Seksyon na ito, ang aksyon ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ay dapat pagkatapos ng isang pagdinig sa makatwirang paunawa bago nito o isang opisyal ng pagdinig o mga opisyal (na hindi kailangang maging miyembro o mga miyembro ng organisasyong ito) na itinalaga ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

*Consolidation
at merger*

Seksyon 3. Maaaring buuin o pagsamahin ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang mga umiiral na Lokal na Unyon sa ilalim ng mga naturang termino at kondisyon na maaaring tukuyin ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo kapag, sa palagay ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, ang mga interes at kapakanan ng Internasyonal na Unyon at ng mga miyembro nito ay mas mapapakinabangan ng naturang pagkilos.

*Mga pagdinig ng
merger*

Seksyon 4. Ang naturang merger (pagsasanib) o consolidation (pagsasama-sama) ng mga umiiral na Lokal na Unyon ay dapat ikondisyon sa pahintulot ng mga Lokal na Unyon o dapat isakatuparan pagkatapos ng pagdinig sa makatwirang paunawa sa harap ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo o isang opisyal ng pagdinig o mga opisyal (na hindi kailangang maging miyembro o mga miyembro ng organisasyong ito) na itinalaga ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

*Mga probisyonal
na lokal*

Seksyon 5. Maaaring magtalaga ang Internasyonal na Pangulo ng mga naturang coordinator at magtatag ng mga naturang nag-oorganisang komite o probisyonal na Lokal na Unyon para sa layuning mag-organisa ng mga manggagawa, at maaaring magtatag ng iba pang grupo para sa iba pang layunin na ipagpapalagay nilang naaangkop, iniaatas man o hindi ang pagbabayad ng dues, mga initiation fee o per capita tax, kung sa palagay nila ay kinakailangan, at ang Internasyonal na Pangulo ay may pahintulot at kapangyarihang magpangalan ng mga probisyonal na opisyal para rito at para gamitin at kontrolin ang mga pananalapi ng mga naturang nag-oorganisang komite o probisyonal na Lokal na Unyon o iba pang samahan. Luulat ng Internasyonal na Pangulo pagkatapos noon ang mga naturang usapin sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

Artikulo

XV. MGA TUNGKULIN NG MGA LOKAL NA UNYON

*Bonding ng
mga Lokal*

Seksyon 1. Ang lahat ng Lokal na Unyon at kaanib na samahan

ay magkakaroon at magpapanatili ng mga surety bond sa mga halaga at anyong iniaatas ng mga naaangkop na batas. Maaaring mag-utos ang Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman ng pagtaas sa halaga ng anumang bond kailanman nila ipagpalagay na kinakailangan at inirerekomenda ito at maaaring mag-utos ng bonding ng anumang Lokal na Unyon na hindi inaatasan ng batas na kumuha ng bond.

Seksyon 2. Walang sinumang tao ang magiging elihible para sa nominasyon bilang opisyal, miyembro ng Lupon ng Ehekutibo, delegado o anumang iba pang katungkulan sa Lokal na Unyon na hindi pa naging miyembro na may tuloy-tuloy na magandang katayuan sa Lokal na Unyon sa loob ng hindi bababa sa dalawang taon mula sa nakalipas na nominasyon at, sa loob ng panahong iyon, nabayaran nang buo ang lahat ng dues na kinakailangan para sa mga nagtatrabahong miyembro ng Lokal na Unyon sa loob ng takdang araw sa bawat buwan. Sa kabila ng nakasaad sa itaas, maaaring pagtibayin ng Lokal na Unyon ang batas ng Lokal na Unyon na nagbabawas sa rekisitong ito ng tuloy-tuloy na magandang katayuan mula dalawang taon hanggang sa hindi bababa sa anim na buwan. Walang taong nahatulan ng felony gaya ng nakasaad sa Seksyon 504 ng Landrum-Griffin Act (o indictable offense sa Canada), alinsunod sa mga probisyon ng naaangkop na batas, ang magiging elihible sa nominasyon, sa ilalim ng mga tuntunin ng Seksyong ito. Kung ang Lokal na Unyon ay naging charter nang wala pang dalawang taon, ang kinakailangang tagal ng panahon ng tuloy-tuloy na magandang katayuan ay ang buong panahong naging charter ang Lokal na Unyon. Maaaring tanggalin ng Internasyonal na Pangulo ang mga nabanggit na rekisito para sa ipinakitang mabuting dahilan. Maaaring magbigay ang anumang Lokal na Unyon sa Konstitusyon at Mga Batas nito ng higit pang limitasyon sa pagiging elihible para sa nominasyon, kung inaprubahan ng Internasyonal na Unyon ang mga naturang probisyon. Kapag hiniling ng Lupon ng Ehekutibo ng Lokal na Unyon, maaaring tanggalin ng Internasyonal na Pangulo ang mga rekisito sa pagiging elihible ng Lokal na Unyon para sa ipinakitang mabuting dahilan. Ang mga associate na miyembro, panghabambuhay na miyembro, at ang mga retiradong miyembro na nagbabayad ng mas mababa kaysa sa buong bayarin na kinakailangang bayaran ng mga nagtatrabahong miyembro ng Lokal na Unyon ay hindi magiging elihible para sa nominasyon bilang opisyal, miyembro ng Lupon ng Ehekutibo, delegado o anupamang posisyon sa Lokal na Unyon. Hindi papahintulutan ang proxy voting o pagboto ng kinatawan sa anumang eleksyon para sa opisyal, miyembro ng Lupon ng Ehekutibo, delegado

Mga rekisito sa pagiging elihible ng mga Lokal na opisyal

Waiver ng mga rekisito sa pagiging elihible

Ipinagbabawal ang mga proxy, write-in

o anupamang posisyon sa Lokal na Unyon. Ang write-in candidate o kandidatong wala ang pangalan sa balota ay hindi papayagan sa anumang eleksyon para sa opisyal, miyembro ng Lupon ng Ehekutibo, delegado o anupamang posisyon sa Lokal na Unyon, maliban kung hayagang inaprubahan ng Internasyonal na Pangulo kapag hiniling ng Lupon ng Ehekutibo ng Lokal na Unyon.

*Pag-apruba
ng Lokal na
Konstitusyon*

Seksyon 3. Ang Konstitusyon at Mga Batas ng lahat ng Lokal na Unyon at kaanib na samahan at mga pagsusog nito ay dapat isumite sa Internasyonal na Unyon at maaprubahan bago maging valid o balido ang mga ito; gayunpaman, sa kabila ng naturang pag-apruba, ang Konstitusyon at Mga Batas ng lahat ng Lokal na Unyon at kaanib na samahan ay mapapailalim sa lahat ng oras sa Konstitusyon at Mga Batas ng Internasyonal na Unyon dahil maaari itong susugin paminsan-minsan. Kung hindi nabigyan ang Lokal na Unyon o ang kaanib na samahan ng pag-apruba ng valid na Konstitusyon at Mga Batas, ang mga probisyong nakapaloob sa Konstitusyon at Mga Batas ng Internasyonal na Unyon dahil maaari itong susugin paminsan-minsan, ang mamumuno sa naturang Lokal na Unyon at kaanib na samahan hanggang sa naaangkop. Sa kabila ng pag-apruba, kung magkakaroon ng anumang salungatan sa pagitan ng Konstitusyon at Mga Batas ng Lokal na Unyon at mga kaanib na samahan o anumang pagsusog nito, at sa Konstitusyon at Mga Batas ng Internasyonal na Unyon dahil maaari itong susugin paminsan-minsan, ang mga probisyon ng Konstitusyon at Mga Batas ng Internasyonal na Unyon ang mamumuno.

*Priyoridad ng
Internasyonal
na Konstitusyon*

*Distribusyon ng
Konstitusyon*

Seksyon 4. Kapag hiniling, ang bawat Lokal na Unyon ay dapat magbigay sa mga miyembro nito ng kopya ng Konstitusyon at Mga Batas ng Internasyonal na Unyon at ng Lokal na Unyon. Ibibigay ng Internasyonal na Unyon ang mga kopya ng Internasyonal na Konstitusyon at Mga Batas sa mga Lokal na Unyon nang may bayad.

*Mga rekisito sa
lokal na
pagpupulong*

Seksyon 5. Ang lahat ng Lokal na Unyon ay dapat na magbigay para sa mga pagpupulong ng mga miyembro nang batay sa pangkalahatan, dibisyon, chapter o worksite nang hindi bababa sa isang beses kada dalawang buwan, maliban sa mga buwan ng Hulyo at Agosto. Ang Lupon ng Ehekutibo ng bawat Lokal na Unyon ay dapat na magpulong, anuman ang sitwasyon, nang hindi bababa sa isang beses sa isang buwan. Gayunpaman, kung inaprubahan ng mga miyembro ng Lokal na Unyon, ang mga rekisito ng seksyong ito ay maaaring baguhin sa Konstitusyon at Mga Batas ng Lokal na Unyon.

Seksyon 6(a). Epektibo simula Enero 1, 2016 para sa lahat ng

miyembro na may taunang kita na \$16,000 o mas mataas pa, ang minimum dues ay katumbas ng \$36.00 kada buwan. Epektibo simula Enero 1, 2016, para sa lahat ng miyembro na may taunang kita sa pagitan ng \$5,500 at \$16,000, ang minimum dues ay katumbas ng \$31.00 kada buwan.

Minimum dues

Epektibo simula Enero 1, 2017, hanggang Enero 1, 2020, ang pinakamababang buwanang bayarin para sa lahat ng miyembro na may taunang kita na \$5,500 o higit pa ay tataasan ng \$1.00 kada taon, epektibo simula Enero 1 ng bawat taon.

Pagtaas ng dues

Sa kabila ng nakasaad sa itaas, sa pamamagitan ng aksyon ng Lokal na Unyon maaaring mabawasan ang minimum dues para sa mga retiradong miyembro, miyembro ng nag-oorganisang komite at associate na miyembro. Maaaring ipatupad ng Lokal na Unyon ang minimum dues para sa mga miyembro na may taunang kita na mas mababa sa \$5,500.

Dues para sa ilang kategorya ng pagiging miyembro

Kapag hiniling, maaaring tanggalin ang mga rekesitong ito ng Internasyonal na Pangulo, alinsunod sa nakasaad sa subsection na 6(d) sa ibaba.

(b). Ang dues system o sistema ng mga bayarin ng Lokal na Unyon ay hindi dapat magkaroon ng maximum na limitasyon sa halaga ng dues ng bawat miyembro kung hindi man naaangkop sa ilalim ng dues formula ng Lokal na Unyon. Kapag hiniling, maaaring tanggalin ang mga rekesitong ito ng Internasyonal na Pangulo, gaya ng nakasaad sa subsection 6(d) sa ibaba kung ang anumang maximum na limitasyong pinayagan ng Internasyonal na Pangulo ay naka-index para sa inflation.

Ipinagbabawal ang mga dues cap

(c). Ang mga Lokal na Unyon na binibigyan ng Konstitusyon at Mga Batas ng dues system bukod sa flat rate system (hal., isang scale, hourly o percentage formula system) ay magpapatili sa formula na kinakailangan para bumuo ng minimum dues na katumbas ng mga flat rate na tinukoy sa seksyong ito.

Mga percentage dues system

Ang percentage rate minimum o minimum na rate ng porsiyento na kinakailangan sa pag-convert sa percentage dues system ang magiging rate na magbibigay sa Lokal na Unyon ng kita na katumbas ng kung ano ang dapat matanggap nito sa ilalim ng dating dues system sa petsang iyon. Ang kalkulasyon ng kita na matatanggap sa ilalim ng dating dues system ay nakabatay sa average monthly membership ng Lokal na Unyon para sa anim na buwang yugto na magtatapos isang buwan bago ang petsa ng pag-convert.

Reresolbahin ang mga tanong kaugnay ng aplikasyon o interpretasyon ng subsection na ito sa pamamagitan ng pasya ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, na maaaring iapela sa Lupon ng Ehekutibo.

Mga waiver sa dues

(d). Maaaring tanggalin ng Internasyonal na Pangulo, na may ratipikasyon ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, ang mga rekisito ng seksyong ito para sa naturang panahon na ipagpapalagay nilang inirerekomenda sa pagpapakita ng mabuting layunin na itinakda sa ibaba hangga't ang naturang waiver ay hindi nakakaapekto sa kakayahan ng Lokal na Unyon na maayos na irepresenta ang mga miyembro nito.

Alternatibong estruktura ng dues

Ipagkaloob ang full waiver o ganap na pagpapawalang-bisa sa anumang Lokal na Unyon na nagtatag, alinsunod sa Konstitusyon at Mga Batas nito, ng alternatibong istruktura para sa mga bayarin at/o pagtaas ng mga bayarin na tumutugon sa mga layunin ng Seksyong ito.

Mga konsiderasyon sa waiver

Maaaring ipagkaloob ang full o partial waiver sa alinmang rekisito ng seksyong ito, isinasaalang-alang ang resources ng Lokal na Unyon, ang rate ng dues ng Lokal na Unyon, kahit na ang Lokal na Unyon ay kamakailang nagpatupad ng pagtaas sa dues, ang porsiyento ng mga manggagawang kinakatawan ng Lokal na Unyon na nasasaklawan ng security clause ng unyon at ang rate ng sahod ng mga miyembro ng Lokal na Unyon. Maaari ring ipagkaloob ang waiver sa mga Lokal na Unyon na nasa mga right to work state na nakikibahagi sa mga aktibo at may estratehikong aktibidad sa pag-oorganisa alinsunod sa mga inapubahang plano ng dibisyon ng industriya.

(e). Walang anuman sa Seksyong ito ang mailalapat sa mga Lokal na Unyon na nakabase sa Canada.

Dues ng mga Canadian na Lokal na Unyon

Seksyon 7(a). Ang minimum dues ng lahat ng miyembro ng anumang Canadian na Lokal na Unyon ay \$10.00 kada buwan maliban kung sa pamamagitan ng aksyon ng Lokal na Unyon, maaaring mabawasan ang mga ito nang hindi bababa sa \$2.50 kada buwan para sa mga retiradong miyembro at miyembro ng nag-oorganisang komite at \$2.00 kada buwan para sa mga associate na miyembro.

Para sa mga Canadian na Lokal na Unyon na gumagamit ng percentage dues system, ang minimum dues ng lahat ng miyembro ng anumang Lokal na Unyon ay 1 porsiyento ng gross monthly salary kada buwan o \$10.00 kada buwan, alinman ang mas mataas, maliban kung sa pamamagitan ng aksyon ng Lokal na Unyon,

maaaring mabawasan ang mga ito para sa mga retiradong miyembro, miyembro ng nag-oorganisang komite at associate na miyembro.

Canadian percentage dues

Maaaring tanggalin ng Internasyonal na Pangulo, nang may pag-apruba ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, ang mga rekisitong ito para sa naturang panahon na ipagpapalagay nilang inirerekomenda hangga't ang naturang waiver ay hindi, sa kanilang paghatol, nakakaapekto sa kakayahan ng Lokal na Unyon na maayos na kumatawan sa mga miyembro nito.

Waiver

(b). Maaaring tumaas ang lahat ng dues sa mga Canadian na Lokal na Unyon sa halagang itatakda ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo batay sa rekomendasyon ng Canadian Council.

Pagtaas ng Canadian dues

Seksyon 8. Para maituring na nasa magandang katayuan at upang maging elihible na makilahok sa lahat ng gratuity at benepisyo ng Lokal na Unyon at ng Internasyonal na Unyon, dapat ay bayaran ng mga miyembro sa takdang oras ang buong dues at iba pang bayaring itinakda ng Konstitusyon ng Lokal na Unyon.

Pagbabayad ng dues, magandang katayuan

Seksyon 9. Kapag ang isang miyembro ay tinanggal sa trabaho o wala sa trabaho dahil sa pag-lockout ng employer o pagwewelga na awtorisado ng unyon sa loob ng mahigit 20 araw sa anumang buwan sa kalendaryo, maaaring magkaroon ang naturang miyembro, kung nakasaad sa Konstitusyon at Mga Batas ng Lokal na Unyon, ng credit para sa membership dues sa loob ng panahong walang trabaho ngunit hindi lalampas sa anim na buwan sa anumang taon sa kalendaryo.

Mga credit sa dues

Seksyon 10. Ang bawat miyembro ay magkakaroon ng karapatang makatanggap ng maayos na pagtanggap o pagkilala para sa anumang pagbabayad ng mga bayarin.

Resibo ng dues

Seksyon 11. Maaaring mag-utos ang anumang Lokal na Unyon na maaaring maglabas ng mga withdrawal card ang mga miyembrong nagtatrabaho sa labas ng trade o hurisdiksiyon ng Lokal na Unyon.

Mga withdrawal card

Seksyon 12. Aabisuhan ang Internasyonal na Unyon nang nakasulat kapag natapos na ang anumang kasunduan para sa kolektibong pakikipagnegosasyon o memoranda ng pagkakaunawaan at ipapaalam dito ang bilang ng mga empleyadong sasaklawin at ang petsa ng pag-expire ng kontrata. Para sa layunin ng pagpapanatili ng file, at para sa pagbibigay ng impormasyon, ipapadala ang mga kopya ng mga kasunduan para sa kolektibong pakikipagnegosasyon at mga kontrata na pinasukan ng Lokal na Unyon, pagkatapos lagdaan, sa Departamento ng Pananaliksik ng Internasyonal na Unyon. Ang

Notipikasyon sa mga kasunduan sa kolektibong pakikipagnegosasyon

naturang notipikasyon sa o ang paghahain sa Internasyonal na Unyon ay hindi papatakbuin para magpataw ng anumang liability o pananagutan sa Internasyonal na Unyon o sa mga opisyal nito o para gawin silang mga partido ng anumang naturang kolektibong kasunduan o memorandum ng pagkakaunawaan.

Pahintulot na magsagawa ng pangangalap ng pondo

Seksyon 13. Walang Lokal na Unyon o kaanib na samahan o anumang subdivision nito, o miyembro o grupo ng mga miyembro, kabilang ang mga Konseho, Kumperensya, liga, club, o anumang asosasyong binubuo ng mga miyembro ng Internasyonal na Unyon na ito, o subdivision nito, ang maaaring, sa anumang paraan, direkta man o hindi direkta, gumamit, manamantala, o makipagkalakalan sa ngalan ng Internasyonal na Unyon na ito, o ng Lokal na Unyon o ng kaanib na samahan o anumang kaparehong pangalan o designasyon, o magpataw o mangolekta ng anumang buwis, bayarin, o iba pang salapi sa ngalan ng Internasyonal na Unyon o Lokal na Unyon na ito, o ng kaanib na samahan, magsagawa ng anumang gawain o iba pang aktibidad para sa layunin ng pangangalap ng pondo, kabilang ang mga programa o pag-solicit ng mga advertisement sa anumang publikasyon, direkta man o hindi direkta, nang hindi muna kumukuha ng nakasulat na pahintulot mula sa Internasyonal na Pangulo.

Awtoridad na mag-audit

Ang lahat ng naturang usaping sinasaklaw sa Seksyong ito, kabilang nang walang limitasyon ang mga pondo, solicitation, regalo, at donasyon na kinolekta sa ngalan ng Internasyonal na Unyon na ito, ng Lokal na Unyon, o kaanib na samahan, ang napapailalim sa lahat ng oras sa pag-audit ng Internasyonal na Unyon na ito, at lahat ng libro, talaan, at dokumento tungkol sa mga usaping saklaw ng Seksyong ito ay available para sa inspeksyon, pagkopya at pag-audit ng Internasyonal na Unyon na ito.

Ang Internasyonal na Pangulo ay mayroong awtoridad na bumuo ng mga naturang panuntunan at regulasyon na ipagpapalagay nilang kinakailangan at naaangkop para isagawa ang layunin ng Seksyong ito.

Mga komite sa Lokal na Unyon

Seksyon 14. Magtatalaga ang Lupon ng Ehekutibo ng bawat Lokal na Unyon ng mga naturang komite na ipagpapalagay nitong kinakailangan para isagawa ang pag-oorganisa, pampulitikang aksyon, panlipunan at pang-ekonomikong hustisya, at mga program at patakaran para sa retirado ng Internasyonal na Unyon na ito. Kapag ang (mga) komite ay hindi maitatalaga dahil sa partikular na layunin, ang Lupon ng Ehekutibo ng Lokal na Unyon ang maglilingkod sa ganoong kapasidad.

Seksyon 15. Walang Lokal na Unyon ang magtatatag ng sarili nitong rehistradong pederal na pampolitikang komite o anumang pampolitika na pondo ng kandidato para sa mga kontribusyong kaugnay ng mga pederal na eleksyon, gayunpaman, kung ang Internasyonal na Pangulo, sa kanyang pagpapasya, ay ipagpapaliban ang probisyong ito o ipapatupad ang mga naturang kondisyon na sa palagay ng Internasyonal na Pangulo ay kinakailangan.

Ang mga Lokal na Unyon ay hindi dapat magtatag ng mga pederal na PAC

Seksyon 16. (a). Ang bawat Lokal na Unyon ay patuloy na magpapatupad ng taunang pang-organisang budget ng lokal na unyon na katumbas ng 20 porsiyento ng budget ng lokal (pagkatapos bayaran ang lahat ng obligasyon sa per capita tax), na gagastusin ayon sa mga prinsipyo at plano ng naaangkop na dibisyon ng industriya ng International Union. Magsusumite ang bawat dibisyon ng industriya ng mga prinsipyo at plano nito para sa pag-apruba ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo taon-taon.

20% budget ng Lokal na Unyon sa pag-oorganisa

(b). Ang bawat Lokal na Unyon ay bubuo ng hiwalay na account o accounting para sa salaping bumubuo sa taunang budget sa pag-oorganisa.

Hiwalay na account sa pag-oorganisa Internasyonal na pagsusuri sa paggamit ng budget sa pag-oorganisa

(c). Sa sitwasyong ang naaangkop na dibisyon ng industriya ng Internasyonal na Unyon ay naniniwalang nabigo ang Lokal na Unyon, nang walang mabuting dahilan, para ipatupad ang ganitong 20 porsiyentong pagtatalaga ng budget para sa pag-oorganisa o sa paggastos ng budget para sa pag-oorganisa ng Lokal na Unyon nang naaayon sa strategic unity plan para sa buong unyon at/o division plan, maaari nitong isangguni ang usapin sa Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman para sa pagsusuri sa account at mga gastusin ng Lokal na Unyon sa pag-oorganisa. Kung lalabas sa pagsusuri na hindi ginagamit ng Lokal na Unyon ang budget nito sa pag-oorganisa alinsunod sa probisyong ito, maaaring iutos ng Kalihim-Ingat Yaman na ang ilan lamang na partikular na plano sa paggastos ang maaaring ipagpatuloy na gawin ng Lokal na Unyon mula sa account nito sa pag-oorganisa hanggang sa parehong sumang-ayon ang dibisyon at Lokal na Unyon sa mas malawak na resolusyon ng usapin alinsunod sa pamamaraan sa paggastos na ipinapatupad ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman.

(d). Kung walang napagkasunduan, maaaring isangguni ng naaangkop na dibisyon ang usapin sa Internasyonal na Pangulo na italaga ang usapin para sa pagdinig sa harap ng isang opisyal ng pagdinig na hinirang ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo. Batay sa ulat ng opisyal sa pagdinig, maaaring iutos ng Internasyonal na

Pagdinig sa budget sa pag-oorganisa

Lupon ng Ehekutibo sa Lokal na Unyon na bayaran ang lahat o bahagi ng account sa pag-oorganisa at ang susunod na taunang budget sa (mga) kampanya sa pag-oorganisa na tinutukoy sa pambansang plano para sa partikular na dibisyong iyon.

*Mga pamantayan
sa pagganap*

Seksyon 17. Maaaring magtatag ang mga Dibisyon ng Industriya ng Internasyonal na Unyon ng mga karagdagang pamantayan sa pagganap at pananagutan ng Lokal na Unyon upang matiyak na ipinapatupad ng mga Lokal na Unyon ang mga naitatag na demokratiko at legal na patakaran ng mga Dibisyon ng Industriya, na sasailalim sa pag-apruba ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

*Mga kontribusyon
sa C.O.P.E.*

Seksyon 18 (a). Ang bawat Lokal na Unyon sa U.S. ay mag-aambag sa taunang halaga na katumbas ng hindi bababa sa \$6.00 bawat miyembro kada taon, o gaya ng tinukoy ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo taon-taon, para suportahan ang pangkalahatang programa para sa pampulitikang edukasyon at aksyon ng SEIU. Ang taunang SEIU C.O.P.E. na obligasyon sa pangangalap ng pondo ay maaaring matugunan ng mga boluntaryong kontribusyon ng miyembro sa SEIU C.O.P.E. o isang itinalagang organisasyong inaprubahan ng Internasyonal na Pangulo o isang kumbinasyon nito. Ang lahat ng kontribusyon sa SEIU C.O.P.E. na nakolekta ng mga lokal na unyon ay ipapadala sa SEIU C.O.P.E. Ang anumang kontribusyon na lampas sa \$6.00 bawat miyembro kada taon o iba pang naturang halaga na tinukoy ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ay ibabalik sa Lokal na Unyon para sa pampulitikang programa nito. Kung hindi matutugunan ng Lokal na Unyon ang taunang obligasyon sa pangangalap ng pondo ng SEIU C.O.P.E., mag-aambag ito ng halaga sa mga pondo ng Lokal na Unyon na katumbas ng pagkukulang dagdag pa ang 50 porsiyento, o ng iba pang naturang halaga na tutukuyin ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, para suportahan ang pangkalahatang programa sa pampulitikang edukasyon at aksyon ng SEIU.

C.O.P.E. 20% goal

(b). Ang layunin ng bawat Lokal na Unyon ay makapag-enrol at magpanatili ng hindi bababa sa 20 porsiyento ng mga miyembro nito bilang mga boluntaryong kalahok sa employer check-off o regular deduction program na itinalaga sa SEIU C.O.P.E. o sa isang organisasyong inaprubahan ng Internasyonal na Pangulo.

Artikulo

XVI. MGA INTERES AT PAGLIPAT NG MGA MIYEMBRO

Seksyon 1. Walang miyembro ng Internasyonal na Unyon ang sisira sa mga interes ng ibang miyembro sa pamamagitan ng pagsira sa naturang miyembro kaugnay ng mga sahod o pinansyal na katayuan o ng anupamang aksyon, direkta man o hindi direkta, na maling maglalagay sa panganib sa katungkulan o katayuan ng miyembro.

Pinangangalagaan ang mga interes ng mga miyembro

Seksyon 2. Maaaring lumipat ang sinumang miyembro mula sa isang Lokal na Unyon patungo sa iba sa loob na Internasyonal na Unyon, na sasailalim sa pag-apruba ng Lokal na Unyon kung saan humiling ang naturang miyembro ng admisyon, kung walang gambala sa tuloy-tuloy na pagbabayad ng buwanang bayarin kung kailangang mapanatili ang tuloy-tuloy na magandang katayuan o sa presentasyon ng kasalukuyang withdrawal card.

Paglipat mula sa isang Lokal na Unyon patungo sa ibang Lokal na Unyon

Artikulo

XVII. MGA PAGLILITIS AT APELA

PREAMBULO. Upang matiyak ang proteksyon ng mga miyembro mula sa pagsampa ng walang katuturang kaso, ang mga sumusunod na pamamaraan ay ilalapat:

Seksyon 1. Ang mga Lokal na Unyon, ang kanilang mga opisyal o miyembro, at ang mga opisyal ng anumang kaanib na samahan at mga opisyal ng Internasyonal na Unyon, ayon sa ganitong kaso, ay maaaring makasuhan ng:

Mga basehan para sa mga kaso laban sa mga Lokal, opisyal at miyembro

(Kapag ginagamit sa Artikulong ito, ang salitang “Lokal na Unyon” ay kinabibilangan ng anumang kaanib na samahan o Lokal na Unyong na-charter ng Internasyonal na Unyon na ito.)

- (1) Paglabag sa anumang partikular na probisyon ng Konstitusyong ito o ng Konstitusyon at Mga Batas ng Lokal na Unyon;
- (2) Paglabag sa sinumpaang tungkulin;
- (3) Hayagang kataksilan o asal na hindi naaangkop sa pagiging miyembro;
- (4) Kung isang opisyal, matinding kawalan ng kakayahan na maaaring makahadlang at makapinsala sa mga interes ng

Internasyonal na Unyon o ng Lokal na Unyon;

(5) Maling paggamit ng pananalapi;

(6) Pagsali sa mga tiwali o hindi etikal na gawi o racketeering;

(7) Pagsusulong o pagsali sa dual unionism o dalawahang unyonismo, kabilang ngunit hindi limitado sa pagtulong sa isang karibal na organisasyon ng paggawa, o pagtiwalag na lumalabag sa Artikulo XXV;

(8) Paglabag sa mga demokratiko o legal na ipinapatupad na panuntunan, regulasyon, patakaran o kagawian ng Internasyonal na Unyon o ng Lokal na Unyon, kabilang ang mga demokratiko o legal na ipinapatupad na panuntunan, regulasyon, patakaran at kagawian ng mga Dibisyon ng Industriya ng Internasyonal na Unyon, na sasailalim sa pag-apruba ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

(9) Ang maling pagkuha o pagtatabi ng anumang salapi, mga libro, papeles o anupamang ari-arian na pag-aari ng Internasyonal na Unyon o Lokal na Unyon; o maling pagsira, pagtanggap o pagbura ng anumang libro, talaan, mga bill, resibo, voucher o iba pang ari-arian ng Internasyonal na Unyon o Lokal na Unyon;

(10) Pagtatrabaho bilang strikebreaker o paglabag sa mga pamantayan ng pasahod o pagtatrabaho na ipinapatupad ng Internasyonal na Unyon o ng Lokal na Unyon; at

(11) Ang paghahain ng mga maling paratang laban sa isang miyembro o opisyal nang walang magandang intensyon o may malisyosong layunin.

Pagsampa ng mga kaso

Ang mga sakdal ay dapat na partikular at nakasulat.

Seksyon 2(a). Ang mga sakdal laban sa sinumang miyembro o opisyal ng Lokal na Unyon ay isasampa na may duplicate sa Kalihim ng Lokal ng Unyon, na magsisilbing kopya nito sa akusado nang personal o sa pamamagitan ng registered o certified mail, na ipapadala sa huling alam na address ng akusado, nang hindi bababa sa 10 araw bago ang pagdinig sa mga sakdal. Tinutukoy dapat sa mga sakdal ang mga pangyayari o aksyong pinaniniwalaan ng partidong nag-aakusa na mayroong batayan para sa mga sakdal at dapat ay nakasaad dito kung aling (mga) subsection ng Seksyon 1 ng Artikulong ito ang pinapaniwalaan ng partidong nag-aakusa na nalabag. Kung hindi partikular ang mga sakdal, maaaring i-dismiss ng tagalitis ang mga sakdal bago man o sa pagdinig, ngunit ang partidong nagsasakdal ay may karapatang magsampa muli ng mas

Rekisito ng pagiging espesipiko

detalyadong mga sakdal na sumusunod sa Seksyong ito. Walang sakdal ang maaaring isampa kung mahigit anim na buwan na ang nakalilipas mula nang malaman ng partidong nagsasakdal, o maaaring makatwirang nalaman, ang aksyon o mga aksyong basehan ng mga sakdal.

Anim na buwang deadline

(b). Ang Lupon ng Ehekutibo ng Lokal na Unyon ay kikilos bilang o magtatalaga ng tagalitis, maliban na lang kung nagsasaad ng ibang pamamaraan ng pagdinig ang Konstitusyon at Mga Batas ng Lokal na Unyon. Maaaring dumalo nang personal ang akusado at may kasamang mga saksi para sagutin ang mga paratang laban sa kanila at bibigyan sila ng buo at patas na pagdinig. Maaaring pumili ang akusado ng miyembro ng kanilang Lokal na Unyon, o isang abogado kung papahintulutan ito ng Konstitusyon at Mga Batas ng Lokal na Unyon, para katawanin ang akusado sa presentasyon ng depensa.

Pamamaraan sa paglilitis

(c). Kung ang mga sakdal, o anumang bahagi ng mga ito, ay maaaprubahan, magbibigay ng pasya ang tagalitis at magpapatupad ito ng pandisiplinang aksyon alinsunod sa nakasaad sa Konstitusyong ito. Kung hindi maaaprubahan ang mga sakdal, madi-dismiss ang mga ito at ibabalik ang lahat ng karapatan sa pagiging miyembro o sa puwesto sa Lokal na Unyon sa akusado.

Paghusga at disiplina

(d). Kung nakasaad sa Konstitusyon at Mga Batas ng Lokal na Unyon, iuulat ang desisyon ng tagalitis sa susunod na regular na pagpupulong ng mga miyembro ng Lokal na Unyon para sa naturang aksyon alinsunod sa nakasaad sa Konstitusyon at Mga Batas ng Lokal na Unyon.

Pag-uulat ng mga resulta ng paglilitis

(e). Kung naniniwala ang Internasyonal na Pangulo na ang mga sakdal na isinampa laban sa isang opisyal ng Lokal na Unyon ay kinasasangkutan ng isang sitwasyong maaaring lubhang makasira sa mga interes ng Lokal na Unyon o ng Internasyonal na Unyon, maaaring suspendehin ng Internasyonal na Pangulo sa puwesto ang naturang opisyal hanggang magkaroon ng desisyon.

Suspensyon

(f). Maaaring akuin ng Internasyonal na Pangulo ang orihinal na hurisdiksiyon:

Mga basehan sa orihinal na hurisdiksiyon ng Internasyonal na Pangulo

i. Kung ang Lokal na Unyon, ang Lupon ng Ehekutibo ng Lokal na Unyon, isang opisyal ng Lokal na Unyon o isang miyembro ng Lokal na Unyon, o mga miyembro, ay naniniwalang ang mga sakdal na isinampa laban sa isang miyembro o opisyal ng isang Lokal na Unyon ay kinasasangkutan ng isang sitwasyong maaaring lubhang makasira sa mga interes ng Lokal na Unyon o ng Internasyonal na Unyon o na

hindi ganap na mapoprotektahan ng pamamaraan ng pagdinig ng Lokal na Unyon ang mga interes ng isang miyembro, opisyal, o Lokal na Unyon at hihilingin ng naturang partido na akuin ng Internasyonal na Pangulo ang orihinal na hurisdiksyon.

ii. Kung ang Internasyonal na Pangulo, bilang resulta ng isang imbestigasyon, ay naniniwalang ang mga sakdal na isinampa laban sa isang miyembro o opisyal ay kinasasangkutan ng isang sitwasyong maaaring lubhang makasira sa mga interes ng Lokal na Unyon o ng Internasyonal na Unyon.

Pamamaraan sa orihinal na hurisdiksyon

Pagkaako ng Internasyonal na Pangulo ng orihinal na hurisdiksyon, maaaring alisin ng Internasyonal na Pangulong ang mga paglilitis mula sa tagalitis ng Lokal na Unyon at, pagkalipas ng hindi bababa sa 10 araw na abiso, magsasagawa ng pagdinig hinggil sa mga kaso nang personal o sa harap ng opisyal o mga opisyal ng pagdinig (na hindi kailangang maging miyembro o mga miyembro ng organisasyong ito) na itinalaga ng Internasyonal na Pangulo. Magpapasya ang Internasyonal na Pangulo ayon sa talaang nakuha mula sa pagdinig at ulat ng opisyal o mga opisyal sa pagdinig.

Pagsasampa ng mga kaso laban sa Lokal o Internasyonal na opisyal

Seksyon 3. Ang mga sakdal laban sa isang Lokal na Unyon o isang opisyal ng Internasyonal na Unyon ay dapat isampa nang duplicate sa Internasyonal na Kalihim-Ingat-Yaman, na maghahatid ng kopya nito sa mga akusado nang personal o sa pamamagitan ng registered o certified mail, na nakadirekta sa huling alam na address ng akusado, nang hindi bababa sa 10 araw bago ang pagdinig sa mga kaso. Maaaring ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo mismo ang magsagawa ng pagdinig sa mga sakdal o sa harap ng opisyal o mga opisyal sa pagdinig na itinalaga nito o maaaring pagpasyahan nitong i-dismiss ang mga kaso nang hindi na kinakailangang magsagawa ng pagdinig. Kung isasagawa ang pagdinig ng opisyal o mga opisyal sa pagdinig, magpapasya ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ayon sa talaang nakuha sa pagdinig at ulat ng opisyal o mga opisyal sa pagdinig.

Pamamaraan sa pagdinig

Pagtanggi o hindi pagdalo

Seksyon 4. Sa lahat ng pagdinig o paglilitis na itinakda rito, kung ang miyembrong nagsampa ng mga kaso ay isang miyembro ng lupon sa paglilitis, maaari silang humarap at dinggin bilang pagsuporta sa mga kaso, pero hindi sila kwalipikadong lumahok sa konsiderasyon ng o desisyon hinggil sa mga naturang kasong. Kung hindi makakadalo o ayaw dumalo ng akusado sa anumang pagdinig na itinakda rito, maaaring magpasa ng nakasulat na depensa. Kung hindi makakaharap o makakadepensa, itutuloy ng lupon tagalitis ang

pagsasagawa ng pagdinig kahit na wala ang akusado.

Seksyon 5. Ang lupong tagalitis, pagkatapos maisagawa ang kinakailangang proseso, ay maaaring magpataw ng parusang sa tingin nito ay naaangkop at naaayon sa kinakailangan ng kaso.

Posibilidad ng parusa

Seksyon 6. Maaaring umapela sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang akusado o ang miyembrong nagsasampa ng mga kaso para sa anumang desisyon ng isang Lokal na Unyon hinggil sa mga kasong iyon, kung ang desisyong iyon ay isang pinal na desisyon sa ilalim ng mga tuntunin ng Konsitusyon at Mga Batas ng Lokal na Unyon; o mula sa desisyon ng Internasyonal na Pangulo.

Mga apela sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo

Ang anumang ganitong apela ay dapat ihain nang nakasulat sa Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, sa pamamagitan ng registered o certified mail, sa loob ng 15 araw pagkatapos ng desisyon. Walang partikular na anyo o pormalidad ang kakailanganin, maliban na lang sa kailangang malinaw na isaad sa apela ang desisyong inapela at ang mga batayan para sa pag-apela. Sa panahong nakabinbin ng anumang apela, mananatiling ganap ang bisa ng desisyong inapela, maliban na lang kung ipahihinto ito ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo. Maaaring pagpasyahan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang apela ayon sa talaang ginawa ng lupong tagalitis o maaaring ayon sa pagpapasya nito, pagkalipas ng hindi bababa sa 10 araw na abiso, dinggin ang argumento o magsagawa ng muling pagdinig mismo o sa harap ng opisyal o mga opisyal sa pagdinig na itinalaga nito. Maaaring pagtibayin, baligtarin, o baguhin ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang desisyong inapela.

Paghain ng mga apela

Pamamaraan sa apela

Seksyon 7. Ang mga apela mula sa anumang desisyon ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo hinggil sa mga kaso ay maaaring dalhin sa susunod na Kumbensyon. Ang anumang ganitong apela ay dapat isampa sa parehong paraan at sa loob ng katulad na panahon ng mga apela sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo. Sa panahong nakabinbin ang naturang apela, ang desisyong inapela ay mananatiling may ganap na puwersa. Ang umaapela ay magkakaroon ng karapatang humarap sa isang komite ng mga apela ng Kumbensyon at, kung ang umaapela ay isang Lokal na Unyon o isang miyembrong nag-aapela hinggil sa pagkakatanggal bilang miyembro, magkakaroon sila ng karapatang humarap sa mismong Kumbensyon sa ilalim ng mga kondisyong iyon at sa panahong itinakda ng Kumbensyon. Ang isang indibidwal na umaapela, maliban sa nag-aapela tungkol sa pagkakatanggal bilang miyembro, ay magkakaroon ng karapatang humarap sa mismong Kumbensyon kapag may pahintulot lang ng Kumbensyon. Ang aksyon ng Kumbensyon sa

Mga apela sa Kumbensyon

Mga karapatan ng umaapela

lahat ng apela ay pinal at may bisa.

*Obligasyong
gamitin ang
mga lunas*

Seksyon 8. Napapailalim sa mga probisyon ng naaangkop na kautusan, ang bawat Lokal na Unyon o miyembro o opisyal nito o opisyal ng Internasyonal na Unyon na nakasuhan na at napatawan na ng pandisiplinang aksyon bilang resulta nito o na nagpapahayag na naagrabyado bilang resulta ng masamang desisyon o mga desisyon ibinigay, ay sasang-ayon, bilang kondisyon ng pagiging miyembro o pag-anib at ng pagpapatuloy ng pagiging miyembro o kaanib, na gamitin ang lahat ng lunas na nakasaad sa Konstitusyon at Mga Batas ng Internasyonal na Unyon at ng Lokal na Unyon at sasang-ayon din silang hindi maghain o magsagawa ng anumang aksyon sa anumang hukuman, tribunal o iba pang ahensya hanggang sa magamit ang lahat ng lunas na iyon.

*Eksklusibong
pagpapatupad
ng Katipunan ng
mga Karapatan at
Responsibilidad ng
Miyembro*

Seksyon 9. Ipatatupad ang Katipunan ng Mga Karapatan at Responsibilidad ng Miyembro ng SEIU sa Unyon nang eksklusibo sa pamamagitan ng mga pamamaraang nakasaad sa Artikulong ito at ang anumang pasyang ibibigay alinsunod sa mga pamamaraang nakasaad rito, kabilang ang anumang apela, ay magiging pinal at may-bisa sa lahat ng partido at hindi napapailalim sa pagsusuri ng hukuman.

Artikulo

XVIII. PAG-ANIB SA MGA INTERMEDYANG SAMAHAN

*Obligasyong ng
Lokal na Unyon na
umanib*

Seksyon 1. Anib ang mga Lokal na Unyon sa mga lokal, panrehiyon, pambansa o internasyonal na samahan, kung saan umiiral ang mga ito, sa ilalim ng mga panuntunang itataguyod ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo. Maaaring pagpasyahan ng Internasyonal na Pangulong ipawalang-bisa ang rekisitong ito para sa mga indibidwal na Lokal para sa mabuting layunin.

*Pagtatatag ng
mga intermedyang
samahan*

Seksyon 2. Bubuo paminsan-minsan ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng mga intermedyang samahan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga Konseho ng State at Probinsya, at mga Canadian Regional Conference pati na rin ng iba pang samahan, kapag sa paghuhusga nito ay kinakailangan ang mga ito upang maisulong ang mga mithiin ng Internasyonal na Unyon at ang mga interes ng Mga Lokal na Unyon. Tutukuyin ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang hurisdiksyon ng mga samahang iyon, at mag-iisyu ito ng mga panuntunang nagsasaad ng mga aktibidad at pagpopondo

ng mga samahang iyon. Para sa mga administratibong layunin ng pangongolekta at pamamahagi, maaaring atasan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang Mga Lokal na Unyon na ipasa sa Internasyonal na Unyon ang mga bayad sa per capita tax o iba pang mga obligasyon sa pananalapi na dapat bayaran ng Lokal na Unyon sa mga kaanib na samahan o entidad. Pagkatanggap nito, ipapasa ng Internasyonal na Unyon ang mga bayad na ito sa naaangkop na kaanib na samahan o entidad.

Seksyon 3. Ang lahat ng Lokal na Unyon na tinukoy ng Internasyonal na Unyon na napapaloob sa hurisdiksyon ng anumang intermedyang samahan ay aanib sa mga samahang iyon at susunod sa mga batas ng mga ito, kabilang ang mga probisyon sa mga naturang batas na nag-aatas ng pagbabayad ng mga per capita tax sa intermedyang samahan, kasama ang interes sa nahuling pagbabayad kung pinapahintulutan ito ng intermedyang samahan. Maaaring pagpasyahan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo na baguhin ang mga rekisitong ito. Ang anumang panukalang magtakda ng o baguhin ang obligasyon sa o pagtatasa ng per capita tax ng intermedyang samahan ay isusumite sa Internasyonal na Pangulo para sa kanyang pag-apruba bago ito isumite para sa pag-apruba ng intermedyang samahan. Sa kaso ng mga Konseho ng State, aanib ang isang Lokal na Unyon sa bawat Konseho ng State na may hurisdiksyon sa (mga) pangunahing lugar ng trabaho ng mga miyembro nito, at magbabayad ito sa bawat Konseho ng State ng per capita tax para sa mga miyembrong iyon na ang pangunahing lugar ng trabaho ay nasasaklawan ng hurisdiksyon ng Konseho ng State.

Seksyon 4. Hindi sasalungat ang mga batas ng mga naturang intermedyang samahan sa Konstitusyon at Mga Batas ng Internasyonal na Unyon. Nakasaad sa mga naturang batas na ang bilang ng mga boto na mayroon ang isang Lokal sa mga samahang iyon ay proporsyonal sa lakas ng numero nito ayon sa tinukoy na pagbabayad ng per capita tax, hindi kabilang ang mga associate na miyembro, panghabambuhay na miyembro at nagbabayad ng agency fee, sa intermedyang samahan. Maaaring ipawalang-bisa ng Internasyonal na Pangulo ang rekisitong ito at napapailalim ito sa kanilang pag-apruba ng alternatibong pamamaraan ng pagboto. Ang ganitong mga batas at anumang pagsusog ay maaaring isumite sa at aprubahan ng Internasyonal na Pangulo bago ito magkabisa. Sa kabila ng naturang pag-apruba, muling isusumite ng bawat intermedyang samahan ang mga batas nito sa Internasyonal na Pangulo para sa konsiderasyon at pag-apruba sa loob ng 120 araw

Lokal na pag-anib at mga rekisito sa per capita

Pagsunod sa Internasyonal na Konstitusyon

Lakas ng pagboto ng Lokal

pagkatapos ng bawat regular na Internasyonal na Kumbensyon.

*Pagiging elihible
ng mga lokal na
opisyal bilang
mga delegado*

Seksyon 5. Isasaad ng mga batas ng mga Regional Conference at mga Joint and State Council na ang lahat ng opisyal ng isang Lokal na Unyon na naihalal alinsunod sa lahat ng naaangkop na kautusan, sa bisa ng halalang iyon, ay ituturing na mga elihibleng delegado sa anumang Kumbensyon ng naturang samahang na maaaring mangyari sa loob ng termino ng kanilang panunungkulan. Kung sa ilalim ng mga panuntunan ng partikular na intermedyang samahan, ang isang Lokal na Unyon ay may karapatan sa mga karagdagang delegado sa nasabing Kumbensyon, maaaring magsagawa ng mga pagsasaayos sa pagpili ng Lupon ng Ehekutibo ng Lokal na Unyon para sa nominasyon at halalan gamit ang sikretong balota, kung kinakailangan, ng karagdagang bilang ng mga delegado sa Kumbensyon. Dapat tukuyin ng Lokal na Unyon sa sarili nitong mga batas ang kaayusan kung paano itatalaga ang mga opisyal bilang mga delegado kung mas kaunti kaysa sa lahat ng opisyal ang kwalipikadong pumunta sa Kumbensyon bilang mga delegado, sa kundisyong ang opisyal na punong ehekutibo ng Lokal na Unyon ay, kung elihible, ituturing na may karapatan kahit na mabigo ang Lokal na Unyon na magtalaga. Ang anumang Lokal na Unyon, sa pamamagitan ng probisyon sa Lokal na Konstitusyon at Mga Batas nito, ay maaaring hindi sumunod sa kasalukuyang probisyon na ang mga opisyal ng Lokal na Unyon ay maging mga ex officio na delegado sa Kumbensyon ng mga intermedyang samahang iyon at maaaring mag-asikaso ng nominasyon, kung kinakailangan, at halalan gamit ang sikretong balota ng mga naturang delegado.

*Mga
karagdagang
delegado*

*Mga restriksyon
sa kabayaran*

Seksyon 6. Walang opisyal ng isang intermedyang samahan ang maaaring tumanggap ng anumang uri ng bayad mula sa intermedyang samahan, maliban na lang sa kaunting stipend o panggastos ayon sa naaangkop. Hindi malalapat ang limitasyong ito sa mga intermedyang samahan sa Canada.

Artikulo

XIX. MGA PAGBABAYAD KAUGNAY NG MGA PAGKAMATAY NG MGA MIYEMBRO

*Mga gratuity sa
pagkamatay*

Para sa mga miyembro ng anumang Lokal na Unyon na may mabuting katayuan kaugnay ng Artikulo XIX na ito noong Setyembre 1, 1984, ang Service Employees International Union Death Gratuity Program, na sinusog noong Setyembre 1, 1984, ay pananatiliing

umiiral para sa mga miyembrong iyon na makakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado at paglahok na nakalatag sa sinusog na Programang iyon. Kapag tinukoy ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ayon sa pagpapasya nito na mahalaga o marapat na ihinto, bawasan, o limitahan ang anumang pagbabayad na nakasaad sa Programa o susugan o baguhin ang anumang probisyong nangangasiwa sa mga pagbabayad na iyon, magkakaroon ito ng awtoridad na gawin iyon. Aabisuhan ng Internasyonal na Unyon ang bawat Lokal na Unyon 60 araw bago ang araw ng pag-iral ng anumang pagbabago sa mga probisyon ng Programa.

Artikulo

XX. PENSION FUND PARA SA MGA OPISYAL AT EMPLEYADO NG MGA LOKAL NA UNYON AT MGA KANIB NA SAMAHAN

Seksyon 1. Ang Pension Fund na kilala bilang “SEIU Affiliates’ Officers and Employees Pension Fund,” na itinaguyod rito alinsunod sa mandato ng Konstitusyong ito at umiiral sa bisa ng Trust Agreement na ginawa sa pagitan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo at Mga Trustee, ay patuloy na pananatilihin alinsunod sa mga tuntunin ng naturang Trust Agreement. Hahatiin ang SEIU Affiliates’ Officers and Employees Pension Fund sa dalawang magkahiwalay na seksyon, ang Seksyon ng United States at ang Seksyon ng Canada.

Pagpapanatili ng pension fund

Seksyon 2. Ang Internasyonal na Unyon ang magiging “Plan Sponsor” ayon sa depinisyon sa terminong ito sa Employee Retirement Income Security Act of 1974.

Pension sponsor

Seksyon 3. Ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ay magkakaroon ng kapangyarihang:

Awtoridad ng Lupon ng Ehekutibo

(a). Italaga ang bilang at hirangin ang lahat ng indibidwal na Trustee ng Pension Fund; at alisin ang anumang naturang Trustee at punan ang anumang bakante paminsan-minsan; gayunpaman, sa kondisyong ang hindi bababa sa dalawang Trustee ay mga opisyal o empleyado ng Mga Lokal na Unyon at ang hindi bababa sa dalawang Trustee ay mga miyembro ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo; at sa kondisyong hindi mas kaunti ang bilang ng mga Canadian na Trustee ayon sa batas ng Canada.

Magtalaga ng mga pension trustee

(b). Sa ngalan ng Internasyonal na Unyon, pumasok sa mga kasunduan sa Mga Trustee upang susugan ang Trust Agreement sa

Mga kasunduan sa pagsusog

naturang paraang sa tingin nito ay kinakailangan at nararapat.

*Mga Lokal na
waiver*

(c). Sa rekomendasyon ng Mga Trustee ng Pension Fund, ipawalang-bisa ang paglahok sa, o mga pagbabayad sa kabuuan o sa bahagi sa, Pondo ng Pensyon ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan, matapos mapag-alamang hindi nararapat o hindi kinakailangan o iniaatas ang mga kontribusyon, at ayon sa mga tuntuning maaaring iatas ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, kabilang ang pag-uutos sa mga kalahok na Lokal na Unyon na ibigay ang halagang ipinawalang-bisa nang direkta sa Internasyonal para sa mga layuning sa tingin ng Lupon ay naaangkop at

*Mga waiver ng
merger o
kaanib*

(d). Ipawalang-bisa, ang kabuuan o ang bahagi, o taasan ang mga bayad na iniaatas ng Seksyon 8 ng Artikulo XX na ito, sa merger o affiliation ng alinmang organisasyon ng manggagawa o Lokal na Unyon sa Internasyonal na Unyon o ng alinman sa mga Lokal na Unyon nito, matapos mapag-alamang kinakailangan o iniaatas ang naturang aksyon.

*Pension
fiduciaries*

Seksyon 4. Ang Mga Trustee ng Pension Fund ay ang "Named Fiduciaries" ayon sa paglalarawan ng terminong ito sa Employee Retirement Income Security Act of 1974.

*Mga regulasyon
sa pension plan*

Seksyon 5. Ang mga Trustee ay dapat at pareho ay binibigyang kapangyarihan na magpatibay ng isang Plano ng Pensyon o mga Plano at Mga Tuntunin at Regulasyon para sa pangangasiwa nito na sa tingin nila ay angkop, sa kondisyon, gayunpaman, na ang nasabing Plano o mga Plano at Mga Tuntunin at Regulasyon ay dapat, sa lawak na pinahihintulutan ng naaangkop na batas, magsaad na:

Coverage o saklaw

(a). Ang mga opisyal, full-time na permanenteng empleyadong may gross compensation sa taunang rate na \$4,000 at mga part-time at temporary na empleyadong nagtatrabaho nang mahigit anim na buwan sa anumang 12-buwang yugto at may gross annual compensation na \$4,000 o higit pa sa yugtong iyon ay magiging elihible para sa saklaw. Ang gross compensation o kabuuang kabayaran ay kabibilangan lang ng regular na suweldo na binabayaran ng Lokal na Unyon, o kaanib na samahan, o kung tatanggapin ng Mga Trustee para lumahok, ang anumang organisasyong nauugnay sa isang Lokal na Unyon o kaanib na samahan na nagsusulong ng mga layunin o benepisyo ng pagiging miyembro sa naturang Lokal na Unyon o kaanib na samahan. Ang kabuuang kabayaran ay dapat tukuyin upang maiwasan ang paggawad ng mga kredito para sa kung ano ang maaaring ituring ng mga Trustee na espesyal o hindi pangkaraniwang kabayaran (tulad

ng, halimbawa, pagbabayad para sa pagdalo sa mga pagpupulong o paglahok sa picket duty), kabilang ngunit hindi limitado sa bahagi o lahat ng alinmang kabayaran na maaaring matanggap mula sa pangalawa o karagdagang employer. Kung sakaling ang naaangkop na batas ay nangangailangan ng partisipasyon ng empleyado at/o ang pagbibigay ng mga kredito sa pensyon para sa trabaho na kung hindi man ay hahadlangan ng nabanggit, kung gayon, sa ganoong pangyayari, ang mga Trustee ay dapat magsikap na limitahan ang naturang partisipasyon at pagbibigay ng kredito sa serbisyo alinsunod sa nabanggit sa lawak na pinahihintulutan ng batas.

Ang mga Trustee ay dapat bigyan ng kapangyarihan upang ayusin ang \$4,000 at/o ang anim na buwang kinakailangan sa kontribusyon, sakaling ipasiya ng mga Trustee na ang nasabing (mga) pagbabago ay magiging aktuwarlyong tama.

Pag-adjust ng mga rekisito sa kontribusyon

(b). Ang mga empleyado ng mga kaugnay na organisasyon ay maaaring maging elihible para sa partisipasyon sa Pension Fund na napapailalim sa mga Panuntunan at Regulasyon na maaaring gamitin ng Lupon ng mga Trustee.

Mga kaugnay na organisasyon

Seksyon 6. Ang Lupon ng Mga Trustee ay magkakaroon ng mga sumusunod na kapangyarihan, dagdag pa sa mga maaaring ipagkaloob sa kanila ng Trust Agreement:

awtoridad ng Lupon ng mga Trustee

(a). Upang gamitin ang mga serbisyo ng sinumang aktuwarlyo, legal na tagapayo at iba pang propesyonal na tagapayo na ipinagpapalagay nilang kinakailangan upang tulungan sila sa pagbubuo ng Pension Plan o Plans, ang pagtukoy at pagsubaybay sa halaga ng kontribusyon upang suportahan ang Plano sa isang mahusay na aktuwarlyal na batayan at pagpapanatili ng Pension Fund, at upang bayaran ang mga naturang serbisyo mula sa Pension Fund.

Pagkuha ng mga tagapayo

(b). Upang hilingin sa Kalihim-Ingat Yaman ng alinmang Lokal na Unyon o kaanib na samahan na ibigay sa kanila ang mga talaang sa palagay nila ay kinakailangan para sa wastong pangangasiwa ng Pension Fund.

Access sa mga rekord

(c). Upang gawin ang lahat ng kinakailangang pagsusog sa Pension Plan o Plans na maaaring kailanganin para maging kwalipikado at tax exempt ang Pension Trust Fund sa ilalim ng mga naaangkop na probisyon ng Internal Revenue Code at Income Tax Act (Canada) o na maaaring ituring nila na kinakailangan upang iayon ang Pension Plan o Plans at Trust Fund sa lahat ng iba pang naaangkop na batas.

Mga pagsusog sa Pension Plan

Mga eksepsyon mula sa saklaw

(d). Magbigay ng mga eksepsyon sa saklaw sa kaso ng mga opisyal o empleyadong may karapatang masaklawan sa ilalim ng plano ng benepisyo ng pensyon ng empleyado na pinapanatili ng pampublikong employer o pampublikong serbisyo sa ilalim ng ganitong mga pare-pareho at hindi nandidiskriminang panuntunan na maaaring itatag ng Lupon ng Mga Trustee, upang pigilan ang pagdoble ng saklaw sa pensyon o mga benepisyo para sa mga taong iyon, kung hindi sumasalungat ang mga eksepsyong iyon sa naaangkop na batas o negatibong nakakaapekto sa tax exempt status ng Pension Plan o Trust.

Pagpapalit ng bayad

(e). Upang taasan o bawasan ang mga bayad na iniaatas ng Seksyon 8 ng Artikulo XX alinsunod sa pinahihintulutan ng batas.

Pangkalahatang awtoridad

(f). Upang gawin ang lahat ng hakbang na ipinagpapalagay nilang kinakailangan upang maisakatuparan ang mga layunin ng Artikulo XX na ito at protektahan ang mga karapatan at interes ng mga kalahok sa Pension Fund.

Pagprotekta sa mga asset

Seksyon 7. Dapat panatilihin ng mga Trustee ang lahat ng asset ng Pension Fund nang nakahiwalay at naiiba sa lahat ng iba pang kita na natanggap ng Internasyonal na Unyon; dapat ilipat ang nasabing mga asset ng Pension Fund sa (mga) Corporate Trustee o (mga) Corporate Custodian na maaari nilang italaga; maaaring tanggalin ang alinmang ganoong (mga) Corporate Trustee o (mga) Corporate Custodian at humirang ng kahalili; at maaaring magbayad ng mga bayarin ng naturang (mga) Corporate Trustee o (mga) Corporate Custodian mula sa Pension Fund.

Mga kontribusyon sa pension

Seksyon 8(a). Alinsunod sa anumang mga pagbabago at pagsusog na ginawa ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo o ng mga Trustee alinsunod sa kanilang awtoridad na itinakda rito, ang bawat Lokal na Unyon at kaanib na samahan sa loob ng United States ay magbabayad sa Pension Fund ng halagang katumbas ng 14 na porsiyento ng gross monthly compensation ng bawat karapat-dapat na opisyal at empleyado, at ang bawat Lokal na Unyon at kaanib na samahan sa loob ng Canada ay magbabayad sa Pension Fund ng halagang katumbas ng 14 na porsiyento ng gross monthly compensation ng bawat karapat-dapat na opisyal at empleyado.

Oras ng kontribusyon sa Pension Fund

(b). Ang kontribusyong ibinigay sa itaas ay dapat bayaran sa Pension Fund bago matapos ang buwang kasunod ng buwan kung saan ang karapat-dapat na opisyal o empleyado ay tumatanggap ng anumang kabayaran kung saan ang isang kontribusyon sa pensyon ay babayaran. Ang mga kontribusyon ay dapat magsimula sa unang

petsa ng pagtatrabaho ng karapat-dapat na opisyal o empleyado.

(c). Kung ang isang Lokal na Unyon o kaanib na samahan na kinakailangan na mag-ambag sa Pension Fund ay mabigong gumawa ng mga pagbabayad na kinakailangan dito, ang probisyon ng Artikulo XIII, Seksyon 3 ng Konstitusyon at Mga Batas na ito ay dapat ilapat.

Mga parusa sa hindi pagbabayad

Seksyon 9. Ang Internasyonal na Unyon ay dapat magbayad ng danyos sa lahat ng Trustee, Fund Coordinator at mga empleyado ng Fund office mula sa at laban sa anumang pananagutan na maaari nilang makuha habang ginagampanan ang kanilang mga opisyal na tungkulin, maliban sa pananagutang nagreresulta mula sa kanilang labis na kapabayaang, sinasadyang maling pag-uugali, pandaraya o gawaing kriminal, kabilang ang halaga ng lahat ng legal na gastos na natamo kaugnay ng pagtatanggol laban sa anumang naturang pagsingil.

Limitasyon ng liability ng mga Trustee

Artikulo

XXI. PAGPAPATUPAD SA LOKAL NG INTERNASYONAL NA KONSTITUSYON

Ang anumang Lokal na Unyon o kaanib na samahang sadyang nagpapabaya sa pagpapatupad ng mga probisyon ng Konstitusyon at Mga Batas na ito ay mapapailalim sa suspensyon o pagkakatanggal ng charter nito o iba pang parusang maaaring tukuyin ng Internasyonal na Pangulo.

Obligasyon upang ipatupad ang Konstitusyon

Artikulo

XXII. KAWALAN NG PANANAGUTAN NG INTERNASYONAL NA UNYON

Maliban na lang kung partikular na nakasaad sa Konstitusyon, walang Lokal na Unyon, o kaanib na samahan, o sinumang opisyal, empleyado, organizer o kinatawan ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan o ng Internasyonal na Unyon na ito ang papahintulatang gumawa ng mga kontrata o umako ng mga pananagutan para sa o sa ngalan ng Internasyonal na Unyon maliban na lang kung papahintulatan nang nakasulat ng Internasyonal na Pangulo at ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, o ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo.

Kawalang ng awtorisasyong obligahin ang Internasyonal

Artikulo

XXIII. LITIGASYON

*Obligasyong
gamitin ang mga
pamamaraang
remedyo*

A. Alinsunod sa naaangkop na batas, walang miyembro, Lokal na Unyon o kaanib na samahan ang magsasagawa ng anumang pagkilos laban sa Internasyonal na Unyon o anumang iba pang Lokal na Unyon o kaanib na samahan o sinumang opisyal nito, hinggil sa anumang usaping patungkol sa mga gawain ng Internasyonal na Unyon o mga Lokal na Unyon nito o kaanib na samahan maliban lang kung nagawa na niya ang lahat ng pamamaraang magagamit sa ilalim ng Konstitusyong ito at mga batas na ipinapahayag sa ilalim ng mga ito. Ang sinumang miyembro, o Lokal na Unyon o kaanib na samahan, na naghahain ng kasong lumalabag sa probisyong ito ay maaaring, bilang karagdagan sa iba pang parusa, maatasang bayaran ang organisasyon o mga opisyal na dinemanda para sa mga gastusin at ginugol na bayarin sa abugado, o bahagi lang nito.

*Awtoridad na
magdependa*

B. Ang Internasyonal na Unyon ay pinapahintulutan kapag bumoto ng pagsang-ayon ang Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo na bayaran ang lahat ng gastusin para sa mga serbisyo ng imbestigasyon, paghirang ng abugado at iba pang kinakailangang gastusin sa anumang dahilan, usapin, kaso o mga kaso kung saan ang isang opisyal, kinatawan, empleyado, ahente ng Internasyonal na Unyon o isang pinaghihinalaang kumilos sa ngalan ng Internasyonal na Unyon ay kinasuhan ng anumang paglabag o mga paglabag sa anumang batas o dinemanda sa anumang sibil na pagkilos hinggil sa anumang usapin patungkol sa kanilang mga tungkulin sa ngalan ng Internasyonal na Unyon, maliban na lang kung ang naturang opisyal, kinatawan, empleyado o ahenteng iyon ay kinasuhan ng pagsira sa tiwala ng Internasyonal na Unyon, o anumang kaanib o miyembro nito, kung saan maaari lang siyang mabayaran ng danyos para sa pinsala kung tinapos ang pagkilos nang pabor sa kanila.

*Limitasyon ng
Internasyonal na
pananagutan*

C. Hindi magiging responsable o mananagot ang Internasyonal na Unyon o sinuman sa mga opisyal nito para sa mga mali o labag sa batas na gawain ng anumang Lokal na Unyon o kaanib na samahan o sinumang opisyal, miyembro, o ahente nito, maliban kung ang Internasyonal na Unyon o ang mga opisyal nito ay aktwal na lumahok o aktwal na nagpahintulot sa mga naturang gawain, o niratipikahan ang mga naturang gawain pagkatapos ng aktwal na kaalaman tungkol dito.

*Serbisyo ng
proseso*

D. Ang mga naihalal na opisyal ng Internasyonal na Unyon lang ang pinapahintulutan maging mga ahente nito para sa serbisyo

ng proseso. Hindi pinapahintulutan ang mga pangkalahatang tagapangasiwa o general organizer, miyembrong kawani, at empleyado ng Internasyonal na Unyon at ang mga opisyal at empleyado ng mga subordinate na grupo na maging mga ahente ng Internasyonal na Unyon para sa serbisyo ng proseso sa ilalim ng anumang sitwasyon.

Artikulo

XXIV. MGA PAGSUSOG

Ang Konstitusyon at Mga Batas na ito ay maaaring susugan sa pamamagitan ng pagkilos ng anumang regular na Kumbensyon ng Internasyonal na Unyon o Espesyal na Kumbensyong pinatawag para sa layuning iyon. Ang mga pagsusog ay maaaring imungkahi sa naturang Kumbensyon sa parehong paraan tulad ng nakasaad dito para sa pagsusumite ng mga resolusyon ng Kumbensyon. Ang mayorya ng mga boto ng Kumbensyon sa naturang pagsusog ay kinakailangan para mapagtibay. Maliban kung iba ang nakasaad, ang lahat ng pagsusog ay magkakabisa kaagad pagkatapos pagtibayin ng Kumbensyon.

*Pamamaraan
sa pagsusog*

Artikulo

XXV. PAGKABUWAG

Seksyon 1. Ang Internasyonal Unyon na ito ay hindi maaaring mabuwag habang mayroong pitong hindi sumasang-ayon na mga Lokal. Walang Lokal na Unyon, probisyonal na lokal o komiteng nag-oorganisa ang maaaring magbuwag (dissolve), humiwalay (secede) o magtanggap ng pagkakaanib (disaffiliate) habang mayroong pitong hindi sumasang-ayon na miyembro; walang ibang kaanib na samahan ang maaaring magbuwag, humiwalay o magtanggap ng pagkakaanib habang mayroong dalawang hindi sumasang-ayon na Lokal na Unyon. Aabisuhan ang Internasyonal na Unyon sa pamamagitan ng registered o certified mail tungkol sa anumang pagpupulong, na iniskedyul ng Lokal na Unyon o kaanib na samahan para sa layunin ng pagbobotohan ng pagtanggap ng pagkakaanib mula sa Internasyonal na Unyon nang hindi bababa sa 60 araw bago ang petsa ng nakaiskedyul na pagpupulong, at bibigyan ng pagkakataon ang isang kinatawan ng Internasyonal na Unyon na magsalita sa pagpupulong na iyon. Iaatas ng Internasyonal na Pangulo kung isasagawa ang pagboto ng mga miyembro sa pamamagitan ng sikretong balota sa

*Pamamaraan
sa pagbuwag*

*Boto sa pagtanggap
sa pagkakaanib*

*Pagbabalik ng
ari-arian,
mga pondo*

isang pagpupulong ng mga miyembro at/o sa pamamagitan ng mail referendum, at, kung naaangkop, sa isang hiwalay na pamamaraan kung saan maaaring ipaglaban ng mga tumututol na Lokal na Unyon o miyembro ang kanilang pagtutol. Bibilangin ng isang independiyenteng neutral na partido ang boto. Kapag nangyari ang pagtitiwalag, pagpapawalang-bisa, o pagtatanggal sa pagkakaanib, ang lahat ng ari-arian, pondo, at asset, real at personal, ng naturang Lokal na Unyon o kaanib na samahan ay magiging pagmamay-ari ng Internasyonal na Unyon. Hindi kailanman ipapamahagi ng anumang Lokal na Unyon o kaanib na samahan ang mga pondo, asset, o ari-arian nito nang indibidwal sa mga miyembro nito.

*Walang suporta
ng opisyal*

Seksyon 2. Maliban na lang kung hayag na pinahintulutan sa ilalim ng kasunduan sa pag-anib (affiliation) o inaprubahan ng Internasyonal na Unyon, walang opisyal ng isang lokal na unyon o kaanib na samahan ang susuporta o tutulong sa anumang pagsisikap na mabuwag, matiwalag, o maalís sa pagkakaanib mula sa Internasyonal na Unyon. Maliban na lang sa dalawang limitadong sitwasyong ito, maaaring isagawa ng Internasyonal na Pangulo o Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ang alinman at lahat ng pagkilos na nakasaad sa ilalim ng Konstitusyong ito upang maprotektahan ang mga interes ng mga miyembro at unyon kapag sinubukan ng Lokal na Unyon o kaanib na samahang mabuwag, matiwalag, o maalís sa pagkakaanib, na kinabibilangan ng pero hindi limitado sa pagkilos sa ilalim ng Artikulo VIII, Seksyon 7.

Artikulo

XXVI. PROBISYON SA MGA PAGSASALBA

*Awtoridad
ng Lupon ng
Ehekutibo*

Kung ang anumang probisyon ng Konstitusyong ito ay babaguhin o idedeklarang walang bisa o hindi napapatakbo ng anumang may karampatang awtoridad sa sangay ng ehekutibo, hudikatura, o administratibong sangay ng estado, probinsya, o pederal na pamahalaan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa anumang probisyong kaugnay ng mga bayarin o per capita tax, may karapatan ang Lupon ng Ehekutibo na suspendehin ang operasyon ng probisyong iyon sa panahon kung kailan ito walang bisa o binago at upang palitan ito at maglagay ng probisyong makakatugon sa mga pagtutol sa pagkakaroon nito ng bisa at na alinsunod sa adhikain at mga layunin ng walang bisa o binagong probisyon. Kung sakaling may maging hamon sa probisyon sa mga bayarin o per capita tax, malalapat din ang awtoridad na ito kapag napagpasyahan ng Lupon

ng Ehekutibo na ang ganitong mga pagkilos ay kinakailangan sa mas maagang yugto ng hudisyal o administratibong paglilitis upang matiyak ang mainam na pagpapatupad ng adhikain ng tinatalakay na probisyon sa Konstitusyon. Kung ang alinmang Artikulo o Seksyong ng Konstitusyong ito ay babaguhin o ituturing na walang bisa ayon sa pagpapatupad ng batas o ng anumang tribunal ng marapat na hurisdiksyon, ang natitira sa Konstitusyong ito o ang paglalapat ng naturang Artikulo o Seksyong iyon sa mga tao o sitwasyon, bukod pa sa mga itinuring na walang bisa o binago, ay hindi maaapektuhan.

APENDISE A: KATIPUNAN NG MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG MIYEMBRO NG SEIU SA UNYON

Ang karapatang dinggin at igalang ang mga opinyon, malaman ang tungkol sa aktibidad ng unyon, maturuan ng mga pagapapahalaga at kasanayan sa unyon. *Mga karapatan*

Ang karapatang piliin ang mga namumuno sa unyon sa isang patas at demokratikong paraan.

Ang karapatan sa ganap na pagkwenta (accounting) sa mga bayarin ng unyon at angkop na pangangasiwa sa resources ng unyon.

Ang karapatang lumahok sa mga pagsisikap sa pakikipagnegosasyon ng unyon at mag-apruba ng mga kontrata ng unyon.

Ang karapatang malutas ang mga alalahanin ng mga miyembro sa isang patas at mabilis na paraan.

Ang responsibilidad na tumulong na magtatag ng malakas at mas epektibong pagkilos ng unyon, na suportahan ang pag-oorganisa ng mga manggagawa sa unyon, na tumulong na magkaroon ng tinig sa pulitika para sa mga manggagawa, at manindigan para sa mga kasamahang manggagawa at lahat ng manggagawa. *Mga responsibilidad*

Ang responsibilidad na malaman ang tungkol sa panloob na pamamahala ng unyon at lumahok sa pagsasagawa ng mga gawain ng unyon.

Ang responsibilidad na mag-ambag sa suporta sa unyon.

Ang responsibilidad na tratuhin nang patas ang lahat ng manggagawa at miyembro.

Ang responsibilidad na mag-alok ng kapaki-pakinabang na

pagpuna sa unyon.

APENDISE B: KATIPUNAN NG MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG MIYEMBRO NG SEIU SA TRABAHO

Mga karapatan

Ang karapatang magkaroon ng trabahong makabuluhan sa lipunan, personal na nakasisiya sa manggagawa, at nagbibigay ng disenteng pamantayan ng pamumuhay, isang mainam at ligtas na lugar ng trabaho, at ng pinakamataas na posibleng seguridad sa pagtatrabaho.

Ang karapatang magkaroon ng makabuluhan at protektadong tinig sa pagdidisenyo at pagsasagawa ng gawain ng isang tao at sa pangmatagalang pagpapalano ng employer ng isang tao, pati na rin ang kinakailangang pagsasanay upang lumahok sa ganitong pagpapalano.

Ang karapatan sa patas at walang kinikilingang pagtrato sa trabaho.

Ang karapatang makibahagi nang patas sa mga kinita ng employer.

Ang karapatang ganap na lumahok sa gawain ng unyon tungkol sa saklaw, nilalaman, at istruktura ng trabaho ng isang tao.

*Mga
responsibilidad*

Ang responsibilidad na lumahok sa mga pagsisikap ng unyon na itatag at itaguyod ang mga kolektibong prinsipyo at pagpapahalaga para sa epektibong partisipasyon sa lugar ng trabaho.

Ang responsibilidad na kilalanin at igtalang ang mga interes ng lahat ng miyembro ng unyon kapag gumagawa ng mga desisyon tungkol sa mga layunin ng unyon.

Ang responsibilidad na malaman ang tungkol sa industriya kung saan tayo nagtatrabaho at tungkol sa mga puwersang makakaapekto sa kondisyon ng mga manggagawa sa industriya.

Ang responsibilidad na ganap na lumahok sa mga pagsisikap ng unyon upang mapalawig ang tinig ng mga manggagawa sa trabaho.

Ang responsibilidad na lubos at patas na ibigay ang mga talento at pagsisikap ng isang tao sa trabaho at kilalanin ang mga lehitimong layunin ng employer ng isang tao.

APENDISE C: KODIGO NG SEIU SA ETIKA AT PATAKARAN SA SALUNGATAN NG INTERES

Inaprubahan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng SEIU, Hunyo 13, 2009

Inaprubahan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng SEIU ayon sa pagkarebisa, Enero 21, 2016

Inaprubahan ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng SEIU ayon sa pagkarebisa, Mayo 22, 2024

PARTE A: PREAMBULO

Preambulo

Naniniwala ang Service Employees International Union (SEIU) sa dignidad at halaga ng lahat ng manggagawa. Inialay natin ang ating mga sarili sa pagpapabuti ng buhay ng mga manggagawa at kanilang mga pamilya at sa paglikha ng isang mas makatarungan at makataong lipunan. Naninindigan tayo sa pagkamit ng katarungan para sa lahat, at partikular na sa paghahatid ng katarungan sa larangan ng ekonomiya at lipunan sa mga pinakanaaabuso sa ating komunidad. Upang makamit ang ating misyon, dapat tayong bumuo ng lubos na sinanay at motibadong mga pinuno sa bawat antas ng Unyon na sumasalamin sa mga miyembro sa lahat ng pagkakaiba-iba nito.

Malaki ang ibinibigay na tiwala ng mga miyembro ng unyon sa kanilang mga pinuno. Hindi lang ang mga obligasyong kaugnay ng fiduciary ang dapat gampanan ng mga naihalal na opisyal ng SEIU sa mga miyembro ng unyon; dahil sa moral na layunin ng ating misyon, dapat ibigay ng mga pinuno ng SEIU sa mga miyembro ang pinakamataas na antas ng etikal na kaugalian sa pagsasagawa ng lahat ng pagpapasya sa pamumuno at pakikipagkasundo sa pananalapi sa ngalan ng mga miyembro. May karapatan ang mga miyembro sa wastong pangangasiwa ng mga pondo ng unyon at katapatan sa paggasta sa mga bayarin ng unyon. Sinisira at pinapahina ng maling paggamit at hindi naaangkop na paggamit ng resources o awtoridad sa pamumuno ang kumpiyansa ng mga miyembro sa Unyon. Hindi kukunsintihin ang lahat ng anyo ng katiwalian sa SEIU. Ang Kodigo ng Mga Etika at Patakaran sa Salungatan ng Interes (“Kodigo” o “Kodigo ng SEIU”) ay nagpapatibay sa mga tuntunin sa etika ng pag-uugali sa Unyon, mga kasanayan sa organisasyon at mga pamantayan sa pagpapatupad at sa gayon ay pinahuhusay ang kakayahan ng Unyon na maisakatuparan ang mahalagang misyon nito.

Tungkulin sa mga miyembro

Pananagutan

Kinikilala natin na walang kodigo ng etika ang makakapigil sa ilang indibidwal na labagin ang mga etikal na pamantayan sa pag-uugali. Alam din natin na hindi sapat ang Kodigo ng SEIU lang para mapanatili ang etikal na kultura sa buong Unyon. Upang makamit ang mga layuning pinagbatayan sa paggawa ng Kodigong ito, dapat tayong bumuo ng mga sistema ng pagkakaroon ng pananagutan para sa lahat ng naihalal na pinuno at kawani. Ang mga sistemang ito ay dapat magsama ng mga naaangkop na pagsusuri at balanse at panloob na mga pamamaraan sa operasyon na nagpapaliit sa pagkakataon para sa maling paggamit o pang-aabuso, gayundin ang pang-unawa sa alinman, sa paggastos ng mga pondo ng Unyon at paggamit ng awtoridad sa paggawa ng desisyon. Dapat ding magsama ang mga sistema ng sapat na probisyon para sa pagsasanay sa pag-unawa at pagpapatupad sa Kodigong ito. Higit pa, binibigyang-diin natin ang kahalagahan ng hanay ng mga pamantayan, kagawian, at pagpapahalaga na inilalarawan sa “Isang Malakas na Etikal na Kultura,” Seksyon A ng Mga Patakaran sa Etika at Mga Pamantayan ng SEIU na pinagtibay sa Kodigo noong 2009.

*Mga proteksyon
ng miyembro, mga
responsibilidad*

Partikular na naninindigan ang SEIU sa pagbibigay ng mga makabuluhang daan para sa pagsali at paglahok ng miyembro sa ating Unyon. Ang Katipunan ng Mga Karapatan at Responsibilidad ng Miyembro ng SEIU sa Unyon ay isang mahalagang mapagkukunan ng mga karapatan at obligasyon ng mga miyembro ng SEIU. Ang eksklusibong pagpapatupad nito sa pamamagitan ng mga pamamaraang nakasaad sa Artikulo XVII ng Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU ay sumasalamin sa paninindigan sa mga demokratikong prinsipyo na siyang palaging namamayani sa SEIU. Ang maraming proteksyon ng Artikulo XVII laban sa walang batayan o labag sa batas na pagdisiplina sa mga miyembro ay nagsisilbi rin bilang mahalagang sangkap ng demokratikong buhay ng Unyon. Gayundin, ang rekisitong itinatakda ng Mga Kaanib para sa mga regular na pagpupulong ng mga miyembro, na nakasaad sa Artikulo XV, Seksyon 5 ng Konstitusyon, ay isa pang mahalagang elemento sa demokratikong paggana ng SEIU. Panghuli, ang mga probisyon laban sa diskriminasyon at panliligalig sa batayan ng lahi, paniniwala, kulay, relihiyon, kasarian, ikinikilos na kasarian, sekswal na oryentasyon, bansang pinagmulan, estado sa pag-aasawa, angkang pinagmulan, edad, at kapansanan na nakapaloob sa Artikulo III, Seksyon 4 ng Konstitusyon ng SEIU at sa Konstitusyon at Mga Batas ng Mga Kaanib ng SEIU, sa Patakaran at Pamamaraan ng SEIU Laban sa Diskriminasyon at Laban sa Panliligalig, at ang katulad na

patakaran ng Mga Kaanib ay nagbabawal ng pagkilos na lumalabag sa makasaysayang paniniwala ng SEIU na nagmumula ang ating lakas sa pagkakaisa at pagkakaiba-iba at hindi tayo dapat hatiin ng mga puwersa ng diskriminasyon.

Ang mga inidibidwal na napapailalim sa Kodigong ito ay inaasahang sumunod sa mga batas sa Estado at Pederal, sa Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU at Mga Kaanib, at sa mga parataran laban sa diskriminasyon at laban sa panliligalig ng SEIU at Mga Kaanib bilang bahagi at palatandaan ng ating paninindigan sa pagpapanatili ng etikal na kultura at ng pinakamatataas na pamantayan ng pag-uugali sa buong Unyon. Ang mga paglabag sa mga batas at patakarang ito ay mga paglabag sa etika; gayunpaman, dapat tugunan ang mga paglabag na ito sa pamamagitan ng mga pamamaraang nakasaad sa mga naaangkop na batas at patakaran at hindi sa pamamagitan ng Kodigong ito maliban na lang kung ang mga ito ay hinihinalang paglabag din sa Kodigong ito. Sa partikular, ang tanging mekanismo ng pagpapatupad para sa mga usaping nasasaklawan ng Mga Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU o Kaanib ay ang nakasaad sa mga dokumentong iyon, maliban na lang kung ang mga ito ay hinihinalang paglabag din sa Kodigong ito. Panghuli, hindi kasama ang mga karaingang mangyayari dahil sa kolektibong pakikipagnegosasyon sa pagpapatupad sa ilalim ng Kodigong ito maliban na lang kung ang mga ito ay hinihinalang paglabag din sa Kodigong ito. Ang saklaw at mga pamantayan ng Kodigong ito ay itinakda sa mga sumusunod na Seksyon.

Iba pang pinagmumulan ng awtoridad

Mga paglabag sa etika sa labas ng Kodigo

Seksyon 1. Pagkakalapat sa Internasyonal na Unyon. Ang Kodigo ng SEIU mula ngayon ay naaangkop sa kabuuan nito sa lahat ng opisyal, mga miyembro ng Lupon ng Ehekutibo at mga empleyado ng SEIU. Ang mga inidibidwal na ito ay tinutukoy bilang “mga nasasaklawang inidibidwal”.

Pagkakalapat, Internasyonal na Unyon

Isasama ng SEIU ang buong Kodigo sa Konstitusyon at Mga Batas nito sa mga susunod at sa lahat ng publikasyon nito sa hinaharap.

Seksyon 2. Pagkakalapat sa Mga Kaanib ng SEIU. Sa pamamagitan ng pagsasabatas ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng SEIU, nalalapat nang buo ang Kodigo ng SEIU sa lahat ng opisyal, miyembro ng lupon ng ehekutibo, at empleyado ng lahat ng kaanib na samahan at lokal na unyon na chinarter ng SEIU (“Mga Kaanib” dito). Ang mga inidibidwal na ito ay tinutukoy bilang “mga nasasaklawang inidibidwal”.

Pagkakalapat, Mga Kaanib

(a) Dapat tiyakin ng bawat Kaanib na ang Kodigo ay umaabot sa

Mga responsibilidad ng mga kaanib

lahat ng empleyado sa lalong madaling panahon ngunit sa anumang pagkakataon ay hindi lalampas sa katapusan ng 2020.

(b) Isasama ng bawat Kaanib ang buong Kodigo sa Konstitusyon at Mga Batas nito sa mga susunod at sa lahat ng publikasyon nito sa hinaharap.

(c) Saanmang sanggunian dito ay ginawa sa SEIU o isang SEIU na programa, departamento o posisyon, ang katumbas na sanggunian ay sa partikular na Kaanib o ang katumbas nitong programa, departamento o posisyon.

(d) Responsable ang bawat Kaanib sa pagpapatupad ng Kodigo at pagtuturo sa mga nasasaklawang indibidwal nito sa Kodigo sa paraang tugma sa mga panuntunan ng Kodigo at napapailalim sa pagtulong at pangangasiwa ng SEIU.

(e) Hindi nilalayon ng Kodigo na pigilan ang anumang Kaanib na magpatibay ng mas matataas na pamantayan at pinakamahuhusay na kagawian, na sasailalim sa pag-apruba ng Ombudsperson ng Etika ng SEIU.

PARTE B: MGA PANGKALAHATANG OBLIGASYON

Seksyon 3. Mga Obligasyon ng mga Nasasaklawang Indibidwal

*Nasasaklawang
indibidwal,
mga obligasyon*

*Taunang
pagkumpirma*

*Tungkulin sa
pagsisiwalat*

*Salungatan ng
interes, kahulugan*

(a) Paninindigan sa Kodigo. Magbibigay ang SEIU at bawat Kaanib ng kopya ng Kodigo sa bawat nasasaklawang indibidwal.

Tungkulin at obligasyon ng mga nasasaklawang indibidwal na kumpirmahin taon-taon na nakatanggap sila ng kopya ng Kodigong ito, na sinuri at naunawaan nila ito, at sumasang-ayon silang sumunod dito.

(b) Tungkuling magsiwalat. Dapat isiwalat ng mga nasasaklawang indibidwal sa Ombudsperson ng Etika ng SEIU o sa Taga-ugnay (Liaison) ng Etika ng Kaanib, na nakasaad sa Parte F ng Kodigong ito, ang anumang salungatan ng interes o pagpapakita ng salungatan, na umusbong kapag ang kanilang mahalagang tungkulin sa interes ng mga miyembro ay potensyal na nakokompromiso ng kakumpitensyang interes, kabilang ang, pero hindi limitado sa isang interes, ugnayan o transaksyong tinukoy sa Kodigong ito. Ang aktwal, pinaniniwalaan, at potensyal na salungatan ay dapat isiwalat sa oras na mapag-alaman ito ng mga nasasaklawang indibidwal.

(c) Pagkakatanggal mula sa serbisyo sa SEIU o Kaanib. Walang

tao ang maglilingkod bilang isang opisyal o tagapamahalang empleyado ng SEIU o anumang Kaanib na nahatulan ng anumang felony na kinasasangkutan ng malubhang pamiminsala ng katawan ng tao, o ng pag-abuso sa o maling paggamit ng posisyon ng taong iyon o pagtatrabaho sa isang organisasyon sa paggawa upang maghanap o makakuha ng ilegal na pakinabang sa gastos ng mga miyembro, maliban sa mga limitadong eksepsiyong itinakda sa naaangkop na pederal na batas.

Deskalipikasyon mula sa serbisyo

PARTE C: MGA AKTIBIDAD SA NEGOSYO AT PANANALAPI

Seksyon 4. Pangkalahatang Tungkulin na Protektahan ang mga Pondo ng mga Miyembro; Karapatan ng mga Miyembro na Suriin ang mga Taalan.

Proteksyon ng mga pondo ng miyembro

(a) Ang mga ari-arian at pondo ng isang organisasyon ng paggawa ay pinangangasiwaan para sa kapakinabangan ng mga miyembro. May karapatan ang mga miyembro sa pagtiyak na ginagastos ang mga ari-arian at pondong iyon sa mga wasto at naaangkop na layunin. Dapat isagawa ng Unyon ang mga tungkulin sa pagmamay-ari nito, kabilang ang lahat ng kontrata para sa pagbili o pagbebenta o para sa pagbibigay ng mahahalagang serbisyo, sa paraang naaayon sa Kodigong ito. Ang lahat ng opisyal, miyembro ng lupon ng ehekutibo, at empleyado ng SEIU at Mga Kaanib ng SEIU, naihalal man o itinalaga, ay may tiwala at mataas na fiduciary na tungkulin na paglingkuran nang matapat at walang kinikilingan ang pinakamahuhusay na interes ng mga miyembro.

Tungkulin ng fiduciary

(b) Alinsunod sa Seksyon 201 ng Labor-Management Reporting and Disclosure Act, papahintulutan ng SEIU ang isang miyembro, kung may katanggap-tanggap na dahilan, na suriin ang anumang libro, talaan at account na kinakailangan para patunayan ang taunang ulat-pinansyal ng SEIU sa ilalim ng seksiyong iyon sa U.S Department of Labor.

Pagsusuri ng mga talaan

(c) Ang mga kaanib na binubuo lamang ng mga miyembrong nagtatrabaho sa mga sangay ng gobyerno ay dapat magpapahintulot sa isang miyembro na suriin ang ulat nito sa pananalapi na isinumite sa isang ahensya ng estado at, naaayon sa batas ng estado at para sa makatarungang dahilan, upang suriin ang anumang libro, talaan at account na kinakailangan upang kumpirmahin ang ulat ng pananalapi ng

Kaakibat.

*Mga Pinansyal
na Interes at
Transaksyon*

Seksyon 5. Mga Ipinagbabawal na Pinansyal na Interes at Transaksyon. Ang mga nasasaklawang indibidwal, sa abot ng kanilang kaalaman, ay hindi dapat magkaroon ng malaking pagmamay-ari o pinansyal na interes na salungat sa kanilang fiduciary na tungkulin.

*Malaking
pagmamay-ari
o interes sa
pananalapi,
kahulugan*

(a) Para sa mga layunin ng panuntunang ito, ang isang “malaking pagmamay-ari o interes sa pananalapi” ay iyong nag-aambag nang malaki sa pinansyal na kapakanan ng indibidwal o nagbibigay-daan sa indibidwal na lubos na maapektuhan o maimpluwensyahan ang proseso ng pagpapasya ng entidad ng negosyo.

(b) Hindi kasama sa “malaking pagmamay-ari o interes sa pananalapi” ang stock sa isang plano ng pagbili (purchase plan), plano sa pagbabahagi ng kita (profit-sharing plan), plano ng pagmamay-ari ng stock ng empleyado (employee stock ownership plan o ESOP) o blind trust. Hindi rin nito ipinagbabawalan ang mga nasasaklawang indibidwal na magmamay-ari, sa pamamagitan ng mutual fund o iba pang katulad na pamamaraan ng pamumuhunan, ng mga publicly traded share ng sinumang employer na kung saan sama-samang nakikipagnegosasyon o nakikipagkalakalan ang SEIU o isang Kaanib o kung saan gustong mag-organisa ng SEIU o ng Kaanib, sa kondisyong ang lahat ng transaksyong nakakaapekto sa mga interes na iyon ay tugma sa mga presyo at tuntunin na nakatakda sa malayang pamilihan.

Mga pagbabawal

(c) Hindi pinahihintulutan ang sinumang nasasaklawang indibidwal na:

Mga Employer

(1) Alam na may malaking pagmamay-ari o pinansyal na interes sa anumang entidad na lumalahok sa kolektibong pakikipagnegosasyon sa SEIU o alinman sa mga Affiliate nito;

*Mga Bendidor
(Vendors)*

(2) Gumawa o magtangkang impluwensyahan o lumahok sa anumang paraan sa isang desisyon tungkol sa mga relasyon ng SEIU o isang Kaanib sa isang bendidor, kumpanya o iba pang entidad o indibidwal kung saan ang nasasaklawang indibidwal o ang kanilang kamag-anak, asawa o kasosyo sa negosyo ay may malaking pagmamay-ari o pinansyal na interes; o

(3) Lumahok sa anumang sariling pakikipagnegosasyon sa SEIU o sa alinman sa Mga Kaanib nito, gaya ng pagbili ng ari-arian mula sa o pagbebenta ng ari-arian sa SEIU, nang walang may-kabatirang pag-apruba ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman (o Kaanib na Kalihim-Ingat Yaman, kung naaangkop), na nakuha pagkatapos ng ganap na pagsisiwalat, kabilang ang isang independiyenteng pagtatasa sa patas na halaga sa pamilihan ng ari-ariang bibilhin o ibebenta.

*Sariling
pakikipagnegosasyon*

(d) Upang matiyak ang pagsunod sa Seksyong ito, ang mga nasasaklawang indibidwal ay kinakailangang magsiwalat ng anumang interes, transaksyon o interes na sakop ng Seksyong ito alinsunod sa Seksyon 3(b) ng Kodigong ito.

Pagsisiwalat

Seksyon 6. Mga Bayad at Regalo mula sa Mga Employer, Vendor, at Miyembro.

*Mga bayad
at regalo*

(a) Ang mga nasasaklawang indibidwal ay hindi dapat sadyang tumanggap ng anumang bayad, benepisyo o mga regalo na higit sa pinakamababang pinansyal na halaga sa ilalim ng mga sitwasyong pinresenta mula sa sinumang employer na lumalahok o naglalayong lumahok sa kolektibong pakikipagnegosasyon sa SEIU o isang Kaanib, o mula sa anumang negosyo o propesyonal na kumpanya na nagnenegosyo o naglalayong makipagnegosyo sa SEIU o isang Kaanib.

*Mga pagbabawal,
mga eksepsyon*

(1) Hindi sakop ng Seksyong ito ang mga bayad at benepisyong ibinibigay sa mga nasasaklawang indibidwal ng mga ipinagbabawal na employer bilang kabayaran para sa kanilang pangunahin at regular na trabaho.

*Regular na
pagtatrabaho*

(2) Hindi sakop ng Seksyong ito ang trabaho at mga serbisyong ginagawa ng mga nasasaklawang indibidwal para sa mga ipinagbabawal na employer o negosyo sa part-time na batayan, sa pamamagitan ng maliit na transaksyon at para sa normal at karaniwang bayad para sa naturang trabaho o mga serbisyo.

*Bayad sa
mga serbisyo*

(3) Hindi sakop ng Seksyong ito ang paglahok sa mga kaganapang pinapangasiwaan ng mga pampublikong opisyal na may kinalaman sa talakayan tungkol sa mga usapin sa pampublikong patakaran.

*Mga kaganapan sa
pampublikong
patakaran*

(4) Hinggil sa mga nabubulok na bagay na higit sa

Nabubulok na mga bagay

pinakamababa pero hindi praktikal na ibalik, gaya ng pagkain, ituturing na pagsunod sa Seksyong ito na itapon ang ganitong bagay o ilagay ito sa isang karaniwang lugar para makain ito ng mga miyembro at kawani sa opisina. Kung itinapon o kinain ng marami ang regalo, nirerekomendang ipaalam sa nagbigay ang pasyang ito para maalis ang mistulang pagkakaroon ng anumang salungatan ng interes sa bahagi ng sinumang nasasaklawang indibidwal at upang maiwasan na maulit ito.

Rekomendasyon na abisuhan ang nagbigay

- (b)** Ang mga nasasaklawang indibidwal ay hindi dapat sadyang tumanggap ng mga personal na bayad o mga regalo mula sa sinumang miyembro, kung wala ang isang personal na relasyon na independiyente sa relasyon sa pagitan ng Unyon at ng miyembro, maliban sa isang regalo na may mababang halagang pinansyal. Hindi nalalapat ang probisyong ito sa mga kontribusyon sa mga kampanya para sa puwesto sa unyon na ginawa alinsunod sa Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU.

Mga etika, bayad at regalo

Ipinagbabawal ang kumbersyon

Seksyon 7. Kumbersyon ng mga Pondo at Ari-arian ng Unyon. Ang mga nasasaklawang indibidwal ay hindi dapat gumamit, mag-convert o mag-divert ng anumang pondo o iba pang ari-arian na pagmamay-ari ng SEIU sa personal na benepisyo o kalamangan ng naturang indibidwal.

Mga third party

Seksyon 8. Pagkakalapat sa mga Third Party. Nalalapat ang mga prinsipyo ng Kodigong ito sa mga pamumuhunan at aktibidad na iyon ng mga third party na maituturing na pagkukunwari upang maitago ang mga pinansyal na interes ng mga opisyal o empleyado ng SEIU o para maiwasan ang mga pamantayan ng Kodigong ito.

Ipinagbabawal ang mga utang

Seksyon 9. Ipinagbabawal ang Ilang Partikular na Utang. Ang SEIU ay hindi magbibigay ng mga pautang sa sinumang opisyal o empleyado, o sa sinumang miyembro ng kanilang pamilya, na sa anumang oras ay lalampas sa \$2,000 sa kabuuang pagkakautang sa bahagi ng naturang opisyal, empleyado o miyembro ng pamilya.

PARTE D: MGA PONDO NG BENEPISYO AT MGA KAUGNAY NA ORGANISASYON

*Mga Pondo para sa Benepisyo
Kahulugan*

Seksyon 10. Mga Obligasyon ng mga Nasasaklawang Indibidwal.

- (a)** Mga Pondo para sa Benepisyo.

- (1)** Para sa mga layunin ng Seksyong ito:

- a. Ang isang “pondo o plano ng benepisyo” ay nangangahulugang pondo o plano ng benepisyo sa pagreretiro, kalusugan, o mabuting kapakanang itinataguyod ng SEIU o ng Kaanib, o kung saan lumalahok ang SEIU o isang Kaanib.
 - b. Nalalapat ang kahulugan ng “malaking pagmamay-ari o pinansyal na interes” na nakasaad sa Seksyon 5.
- (2) Ang mga nasasaklawang indibidwal na naglilingkod sa isang fiduciary na posisyon hinggil sa o nagsasagawa ng mga responsibilidad o impluwensya sa pangangasiwa ng pondo o plano ng benepisyo ay hindi:
- a. Magkakaroon ng anumang malakihang pinansyal na interes, o anumang nakakakompromisong personal na ugnayan sa, sinumang tagapamahala ng pamumuhunan, tagapagtaguyod ng insurance, broker, consultant, o iba pang kumpanya o indibidwal na nakikipagnegosyo o gustong makipagnegosyo gamit ang pondo o plano; *Pondo ng mga fiduciary, mga pagbabawal*
 - b. Tumanggap ng anumang personal na bayad mula sa anumang negosyo o propesyonal na kumpanya na nakikipagnegosyo o gustong makipagnegosyo gamit ang pondo o plano, bukod pa sa kontraktwal na bayad para sa trabahong isinagawa; o *Mga interes at personal na relasyon*
 - c. Tumanggap ng anumang uri ng kabayaran para sa serbisyo ng isang empleyadong kinatawan o itinalaga ng unyon na trustee para sa pondo o plano, maliban na lang para sa pagsasauli ng nagugol ng mga makatuwirang gastusing wasto at aktuwal na nagamit at pare-parehong ibinibigay sa mga kinatawan o trustee na iyon, nang may proviso na hindi ito paglabag sa probisyong ito para sa isang opisyal o tagapamahalang empleyadong hindi full-time na empleyado ng SEIU o ng Kaanib na maging isang empleyadong binabayaran ayon sa batas ng pondo o plano kung ang pagtatrabahong iyon ay nakaayon sa mga naaangkop na legal na restriksyon at lubos na naisisiwalat sa pamamagitan ng mga naaangkop na ulat. *Personal na bayad*
- (3) Upang matiyak ang pagsunod sa Seksyong ito, isisiwalat *Kabayaran, mga eksklusyon*

Pagsisiwalat

ng lahat ng nasasaklawang indibidwal ang anumang interes, transaksyon, o mga relasyong nasasaklawan ng Seksyong ito alinsunod sa Seksyon 3(b) ng Kodigong ito.

Deskaliplikasyon

- (4)** Walang sinumang tao ang dapat maglingkod sa kapasidad na fiduciary (katiwala) o magsagawa ng mga responsibilidad sa pangangasiwa ng isang pondo o plano ng benepisyo na nahatulan ng anumang felony na kinasasangkutan ng pagpapataw ng matinding pinsala sa katawan o pang-aabuso o maling paggamit ng posisyon o trabaho ng naturang tao sa isang plano ng benepisyo ng empleyado upang humanap o makakuha ng ilegal na pakinabang sa gastos ng mga benepisyaryo ng pondo o plano sa benepisyo ng empleyado, maliban sa mga limitadong eksepsyon na itinakda sa naaangkop na pederal na batas.

(b) Mga Kaugnay na Organisasyon.

Mga kaugnay na organisasyon kahulugan

- (1)** Para sa mga layunin ng Seksyong ito, ang isang organisasyong “nauugnay sa” SEIU o isang Kaanib ay nangangahulugang isang organisasyon
- kung saan 25 porsiyento o higit pa ng mga miyembro ng nangagasiwang lupon ay mga opisyal o empelyado ng SEIU o ng Kaanib, o
 - kung saan 50 porsiyento o higit pa ng pondo nito ay ibinibigay ng SEIU o ng Kaanib.

Mga tungkulin ng nasasaklawang indibidwal

- (2)** Ang mga nasasaklawang indibidwal na naglilingkod sa isang posisyong fiduciary hinggil sa o nagsasagawa ng mga responsibilidad o impluwensya sa pangangasiwa ng isang organisasyong nauugnay sa SEIU ay susunod sa mga probisyon at iaayon ang kanilang mga sarili sa mga pamantayan ng Kodigo ng SEIU habang kumikilos sila para sa o sa ngalan ng nauugnay na organisasyon.

PART E: PAMILYA AT MGA PERSONAL NA RELASYON

Pamilya at mga Personal na Relasyon

Seksyon 11. Layunin ng Mga Panuntunang Nangangasiwa sa Pamilya at Mga Personal na Relasyon. Hindi ipinagbabawal ng SEIU ang pagbibigay ng trabaho sa mga kwalipikadong kamag-anak ng mga kasalukuyang opisyal o empleyado, o ng mga indibidwal na karelasyon o may malapit na relasyon sa isang opisyal o empleyado. Hindi rin ipinagbabawal ng SEIU ang pagpapanatili sa trabaho sa

mga kwalipikadong bendidor kung saan nagtatrabaho ang mga kamag-anak ng mga kasalukuyang opisyal o empleyado ng SEIU o mga indibidwal na karelasyon o may malapit na personal na kaugnayan sa isang opisyal o empleyado.

Gayunpaman, kinikilala ng SEIU na ang pag-iral ng mga ganitong ugnayan ay maaaring magdulot ng mga problema, kabilang ang pagbibigay ng pabor o ang mistulang pagbibigay ng pabor sa mga kamag-anak o sa mga mayroong personal na ugnayan.

Ang pagbibigay sa mga indibidwal na ito ng espesyal na pagtrato – o ang paggawa ng impresyong nakakatanggap sila ng espesyal na pagtrato – ay hindi nakaayon sa ating mga prinsipyo ng pangangasiwa at pananagutan at sa ating tungkulin na responsableng magtrabaho sa SEIU. Ginawa ang mga probisyon ng bahaging ito upang matiyak na hindi makakaimpluwensya ang pamilya o mga personal na ugnayan sa mga propesyonal na interaksyon sa pagitan ng mga empleyadong kasali at iba pang opisyal, empleyado, at third party.

Layunin ng mga Tuntunin

Seksyon 12. Mga Kahulugan. Para sa mga layunin ng bahaging ito:

- (a) Ang “kamag-anak” ay nangangahulugang magulang, asawa, katumbas ng asawa, anak, lolo/lola, apo, kapatid, tiya, tiyo, pamangkin, pinsang buo o makalawa, kaukulang in-law, “step” na relasyon, nag-ampong magulang, ampong anak, at sinumang miyembro ng sambahayan ng empleyado. Ang mga kamag-anak ng domestic partner ay nasasaklawan sa kaparehong lawak ng sa mga kamag-anak ng asawa.
- (b) Ang ibig sabihin ng “Personal na relasyon” ay isang patuloy na romantiko o matalik na personal na relasyon na maaaring kasama, ngunit hindi limitado sa, pakikipag-date, pag-live in o pagiging isang partner o karelasyon. Nalalapat ang kahulugang ito anuman ang kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o oryentasyong sekswal ng mga indibidwal na nasa relasyon. Hindi sakop ng paghihigpit na ito ang mga kaibigan, kakilala, o dating kasamahang hindi sakop sa saklaw ng “mga personal na relasyon.”

Etika, Relasyon, Pamilya at Personal

Seksyon 13. Ipinagbabawal na Pag-uugali. Ang mga sumusunod na pangkalahatang prinsipyo ay ilalapat:

Ipinagbabawal na pag-uugali

- (a) Ang mga aplikasyon para sa trabaho ng mga kamag-anak at mga may personal na relasyon sa isang nasasaklawang

Proseso ng aplikasyon

indibidwal ay susuriin sa parehong mga pamantayan ng kalipikasyon na ginamit upang masuri ang ibang mga aplikante. Ang paghahatid sa naaangkop na awtoridad sa pag-hire ng mga aplikasyon sa ngalan ng mga indibidwal na may pamilya o personal na relasyon ay hindi dapat sa sarili nito ay bubuo ng pagtatangkang impluwensyahan ang mga desisyon sa pag-hire. Ang karagdagang input sa proseso ng aplikasyon, gayunpaman, ay maaaring ituring na hindi tama.

Mga desisyon sa pag-hire

(b) Ang mga nasasaklawang indibidwal ay hindi gagawa ng mga desisyon sa pag-hire tungkol sa kanilang mga kamag-anak o mga taong may personal silang relasyon, o magtatangka na impluwensyahan ang mga desisyon sa pagkuha ng iba.

Ipinagbabawal ang relasyon sa supervisor

(c) Ang mga empleyadong supervisor ay hindi dapat direktang mangasiwa sa isang kamag-anak o isang tao na mayroon silang personal na relasyon. Kung walang direktang pag-uulat o supervisor-to-subordinate na relasyon, ang mga kamag-anak o empleyadong may pamilya o personal na relasyon sa pangkalahatan ay pinahihintulutan na magtrabaho sa parehong departamento, sa kondisyon na walang partikular na mga paghihirap sa operasyon.

Mga desisyong may kaugnayan sa trabaho

(d) Ang mga nasasaklawang indibidwal ay hindi dapat gagawa ng mga desisyon na may kaugnayan sa trabaho, o lumahok o magbigay ng input sa mga desisyon na may kaugnayan sa trabaho na ginawa ng iba, na kinasasangkutan ng mga kamag-anak o empleyadong may personal na relasyon sa kanila, kahit na hindi nila direktang pinangangasiwaan ang indibidwal na iyon. Kasama sa mga ipinagbabawal na desisyon, ngunit hindi limitado sa, mga desisyon tungkol sa pag-hire, sahod, oras, benepisyo, destino, pagsusuri, pagsasanay, disiplina, promosyon at paglipat.

Pagsisiwalat

(e) Upang matiyak ang pagsunod sa Seksyong ito, dapat isiwalat ng lahat ng nasasaklawang indibidwal sa Ombudsperson ng Etika o sa Liaison ng Etika ng Kaanib, kung naaangkop, ang anumang relasyong saklaw ng Seksyong ito alinsunod sa Seksyon 3(b) ng Kodigong ito.

Pagpapatupad

PARTE F: PAGPAPATUPAD

Opisyal ng Etika

Seksyon 14. Opisyal ng Etika. Itinatag ang tanggapan ng Opisyal ng Etika upang magbigay ng independiyenteng tulong sa SEIU sa

pagpapairal at pagpapatupad ng Kodigo. Ang Opisyal ng Etika ay isang indibidwal na mayroong hindi napagdududahang integridad at reputasyon, at kung maaari, may karanasan sa etika, pagpapatupad ng batas at sa mga proseso ng kilusang paggawa. Ibibigay ng Opisyal ng Etika ang kanilang mga serbisyo sa ilalim ng kontrata at hindi bilang empleyado ng Internasyonal na Unyon o ng alinman sa mga Kaanib nito. Hihirangin ng Internasyonal na Pangulo ang Opisyal ng Etika at kukumpirmahin ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo. Maaaring isangguni ng Internasyonal na Pangulo, ng Internasyonal na Kalihim-Ingat Yaman, at ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng SEIU ang mga usapin hinggil sa Kodigo sa Opisyal ng Etika para sa pagsusuri at/o payo, alinsunod sa Seksyon 22 at 23.

Seksyon 15. Ombudsperson ng Etika Itinatag ang tanggapan ng Ombudsperson ng Etika upang pangasiwaan ang pagpapairal at pagpapatupad ng Kodigo at mga kasalukuyang pagsisikap upang palakasin ang etikal na kultura sa buong Unyon. Ang Ombudsperson ng Etika ay responsable para sa pagbibigay ng tulong sa Internasyonal na Unyon at Mga Kaanib tungkol sa mga tanong at alalahanin na nauugnay sa Kodigo at etikal na kultura; pangangasiwa sa pagsasanay ng mga opisyal at kawani ng SEIU at Mga Kaanib kaugnay ng Kodigo at etikal na kultura; pagtugon sa mga alalahanin at reklamo sa etika alinsunod sa Seksyon 17-23; pagtanggap at paglutas ng mga pagsisiwalat ng mga salungatan ng interes; pagtulong sa Opisyal ng Etika; at pagbibigay ng iba pang suporta kung kinakailangan sa kabuuang programa ng etika ng SEIU. Ang Ombudsperson ng Etika, sa pakikipagsanggunian sa Opisyal ng Etika, ay magbibigay ng ulat sa Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo ng SEIU taon-taon, na nagbuuod sa pagsunod, pagsasanay, pagpapatupad, pagbuo ng kultura at mga nauugnay na aktibidad, at paggawa ng mga rekomendasyon para sa mga pagbabago sa programa ng etika na pinapaniwalaan nilang magpapahusay sa bisa ng programa. Maaari ring magsagawa ang Ombudsperson ng Etika ng mga paminsan-minsang pagsusuri para sa mga layunin ng pagsubaybay ng pagsunod sa Kodigong ito at pagtukoy sa kung ang mga partnership, joint venture, at kasunduan sa mga organisasyon ng pamamahala ay nakakasunod sa Kodigong ito, ay wastong naitatala, nagpapakita ng makatuwirang pamumuhunan o pagbabayad para sa mga kalakal at serbisyo, nagpapatuloy sa mga layunin ng hindi pagbubuwis ng SEIU, at hindi magreresulta sa pansariling kapakinabangan, hindi pinapahintulatang pribadong benepisyong, o may labis na benepisyong mga transaksyon. Magtatrabaho ang

*Ombudsperson
ng Etika*

Taunang ulat

*Mga pana-
panahong
pagsusuri*

Ombudsperson ng Etika sa Legal na Departamento ng SEIU.

*Taga-ugnay
(Liaison) ng Etika*

Seksyon 16. Taga-ugnay (Liaison) ng Etika ng Kaanib. Ang bawat Kaanib ay dapat magtalaga ng isang Liaison ng Etika na magiging available para sa payo o gabay sa etika, magsisilbing pangunahing taga-ugnay ng Kaanib sa Internasyonal na Ombudsperson ng Etika, tutulong sa pagpapatupad ng Kodigo, mangangasiwa sa paghahatid ng pagsasanay na may kaugnayan sa etika, tutulong sa Kaanib sa pagpapalakas ng kulturang etikal nito, at magsisilbing pinunong etikal sa Kaanib.

Pagiging elihible

(a) Ang mga pangulo, punong ehekutibong opisyal, kalihim-ingat yaman, punong opisyal sa pananalapi, punong tauhan, at ang katumbas ng anuman sa mga nabanggit ay hindi kwalipikadong maglingkod bilang Mga Liaison ng Etika.

Rotasyon

(b) Hinihikayat ang Mga Kaanib na isaalang-alang ang rotasyon ng uupo sa posisyon ng Liaison ng Etika paminsan-minsan at pagpigil sa mga problema sa operasyon, upang malawakang makapagtatag ng etikal na pamunuan sa mga Kaanib. Dapat ipaalam ng mga kaanib sa Ombudsperson ng Etika ng SEIU sa lalong madaling panahon ang tungkol sa pagtatalaga ng mga Liaison ng Etika at ng anumang bakante na nangyayari sa posisyon.

Pagsasanay

(c) Ang mga Liaison ng Etika ay regular na makakatanggap ng pagsasanay mula sa Internasyonal na Unyon na partikular sa tungkulin. Dapat gawin ng mga kaakibat ang lahat ng pagsisikap upang matiyak ang partisipasyon ng kanilang mga Liaison ng Etika.

Mga reklamo

Seksyon 17. Mga Reklamo.

Pagsusumite

(a) Maaaring maghain ng nakasulat na reklamo ang sinumang nasasaklawang indibidwal o miyembro tungkol sa mga naturang paglabag sa Kodigo. Ang mga pasalitang alalahanin at reklamo ay dapat gawin sa pagsulat para sa karagdagang pagproseso bilang isang reklamo. Dapat malagdaan o naglalaman ng pangalan ng (mga) nagrereklamo ang mga reklamo, at dapat panatilihing kumpidensyal ang mga ito alinsunod sa Seksyon 24. Ang mga reklamong nagpapatupad ng paglabag sa Kodigo ay hindi ipapatupad sa ilalim ng mga konstitusyon at batas ng SEIU o Kaanib maliban na lang kung nagpapatupad din ang mga ito ng mga paglabag sa mga konstitusyon at batas.

*Pagpapatupad
sa ilalim ng
konstitusyon*

- (b) Magpo-post ang Internasyonal na Unyon ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa pagsusumite ng mga reklamo tungkol sa etika sa website ng SEIU at ibibigay nito ang impormasyong iyon kung hihilingin.
- (c) Magbibigay ang bawat Kaanib sa mga kawani at miyembro nito ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa Liaison ng Etika nito.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan

Section 18. Mga Reklamong Hinahawakan ng Internasyonal na Unyon. Ang mga reklamong nagpapatang ng paglabag sa Kodigo na isinumite sa Internasyonal na Unyon o sa Opisyal ng Etika ay unang isasangguni sa Ombudsperson ng Etika ng SEIU. Susuriin ng Ombudsperson ng Etika ang mga reklamo tungkol sa etikang isinumite sa Internasyonal na Unyon at tutugon ito sa mga ito ayon sa kanilang pagpapasya, kabilang ang, pero hindi limitado sa pagbibigay ng payo o gabay, paglutas sa mga ito sa paraang hindi pormal, pagdadala sa mga ito sa resources sa labas ng opisina ng etika, at pagsangguni sa mga ito sa Opisyal ng Etika o Kaanib para sa higit na pagpoproseso. Aabisuhan ang indibidwal na nagsusumite ng reklamo tungkol sa estado ng reklamo kung naaangkop ayon sa pagpapasya ng Ombudsperson ng Etika ngunit sa lahat ng kaganapan pagkatapos nito.

Paghawak sa reklamo, Internasyonal

Seksyon 19. Mga Reklamong Hinahawakan ng Kaanib; Abiso sa Ombudsperson ng Etika. Ang mga reklamo tungkol sa etika na ipinarating o isinangguni sa Kaanib ay iimbestigahan ng apektadong Kaanib at, kung naaangkop, ay maaari itong bumuo ng batayan para sa pagdisiplina sa empleyado o mga pormal na kaso sa panloob na unyon na ipoproseso sa harap ng isang lupon ng tagalitis alinsunod sa mga rekisitung nakatakda sa konstitusyon at mga batas ng Kaanib at/o Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU. Maaaring payuhan ng Ombudsperson ng Etika ang isang Kaanib hinggil sa mga usaping nauugnay sa imbestigasyon at pagpoproseso ng mga reklamo at kasong nagpapatang ng paglabag sa Kodigo. Kung ang isang reklamo ay kinasasangkutan ng isang pangulo, punong ehekutibong opisyal, punong tauhan kalihim-ingat yaman, punong opisyal sa pananalapi ng Kaanib, o katumbas, ang Kaanib ay dapat mag-abiso sa Ombudsperson ng Etika sa lalong madaling panahon. Maaaring sumangguni ang Ombudsperson ng Etika sa Opisyal ng Etika hinggil sa anumang tanong na sinangguni ng isang Kaanib.

Paghawak sa reklamo, mga Kaanib

Abiso sa Ombudsperson

Seksyon 20. Hindi Pakikipagtulungan; Mga Hindi Mabuting Loob na Reklamo. Ang hindi makatwirang kabiguan ng isang

Hindi pakikipagtulungan

nasasaklawang indibidwal na ganap na makipagtulungan sa isang paglilitis o imbestigasyon na kinasasangkutan ng isang reklamo sa etika o di-umano'y paglabag sa Kodigong ito ay bubuo ng isang independiyenteng paglabag sa Kodigong ito. Nakalaan ang karapatan sa SEIU, na maaaring magkaroon ng abiso, imbestigasyon, at angkop na proseso, na disiplinahin ang mga taong gumagawa ng mga hindi mabuting gawain, sinadyang mali, nanliligalig o mga nakakapinsalang reklamo, ulat, o tanong.

Masamang loob

*Orihinal na
Hurisdiksyon*

Seksyon 21. Orihinal na Hurisdiksyon.

*Kahilingan ng
Kaanib*

(a) Mga Kahilingan para sa Orihinal na Hurisdiksyon Kung naniniwala ang Kaanib o Kaanib na miyembro ng lupon ng ehekutibo, opisyal, o miyembro na ang pormal na kaso ng panloob na unyon laban sa nasasaklawang indibidwal na pinaghihinalaan ding lumalabag sa Kodigong ito ay may kinalaman sa isang sitwasyong maaaring maglagay sa mga interes ng Kaanib o ng Internasyonal na Unyon sa malubhang panganib, o na ang pamamaraan ng pagdinig ng Kaanib ay hindi ganap na magpoprotekta sa mga interes ng Kaanib, ng opisyal o miyembro, maaaring hilingin ng indibidwal na iyon na akuin ng Internasyonal na Pangulo ang orihinal na hurisdiksyon sa ilalim ng Artikulo XVII, Seksyon 2(f) ng Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU.

*Pag-ako ng
hurisdiksyon*

(b) Pag-ako ng Internasyonal na Pangulo sa Orihinal na Hurisdiksyon.

Bilang pagsunod sa Artikulo XVII, Seksyon 2(f) ng Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU, maaaring akuin ng Internasyonal na Pangulo sa kanilang pagpapasya ang orihinal na hurisdiksyon sa mga pormal na kaso ng panloob na Unyon na pinaghihinalaan ding lumalabag sa Kodigong ito kung bilang resulta ng imbestigasyong pinapaniwalaan nilang ang mga sakdal na inihain laban sa nasasaklawang indibidwal ay may kaugnayan sa isang sitwasyong maaaring malubhang maglagay sa panganib sa mga interes ng Kaanib o ng Internasyonal na Unyon. Sa kanilang pagpapasya, maaaring isangguni ng Internasyonal na Pangulo ang usapin sa Opisyal sa Etika para sa isang rekomendasyon hinggil sa posibleng pagsasaalang-alang ng orihinal na hurisdiksyon.

*Pagsangguni ng
hibrid na kaso*

Seksyon 22. Pagsangguni ng Pormal na Kaso sa Opisyal ng Etika. Kung ang mga sinampang pormal na kaso ng na panloob na Unyon sa Internasyonal na Unyon sa ilalim ng Artikulo XVII, Seksyon 3 ng

Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU na pinaghihinalaan ding lumalabag sa Kodigong ito ng opisyal o miyembro ng lupon ng ehekutibo ng Internasyonal na Unyon o Kaanib, ang mga naturang kaso ay maaaring isangguni sa Opisyal sa Etika para sa pagsusuri at mga rekomendasyon.

Seksyon 23. Pagsusuri sa mga Claim ng Opisyal ng Etika.

*Opisyal ng Etika,
mga posibleng
rekomendasyon*

- (a) Kung pagkatapos ng pagsusuri sa mga alegasyon ng paglabag sa Kodigo sa isang reklamo o pormal na kaso, napag-alaman ng Opisyal ng Etika na ang mga alegasyon ay mayroong merito at/o nangangailangan ng higit pang imbestigasyon, magrerekomenda sila ng pagtugon o aksyon upang tumugon ang Internasyonal na Unyon sa reklamo o mga kaso, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa sumusunod:
- (1) Higit pang imbestigasyon ng tauhan ng SEIU at/o (mga tagalabas na imbestigador;
 - (2) Paghahain ng mga pormal na kaso sa ilalim ng Artikulo XVII ng Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU;
 - (3) Pag-ako ng orihinal na hurisdiksyon ng Internasyonal na Pangulo alinsunod sa Artikulo XVII, Seksyon 2(f) ng Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU;
 - (4) Pagtatalaga ng tagalabas na opisyal na pagdinig para magsagawa ng paglilitis sa ilalim ng Artikulo XVII, Seksyon 3 ng Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU;
 - (5) Disiplina ng mga nasasaklawang empleyado;
 - (6) Danyos ng mga nasasaklawang opisyal o miyembro na inaakusahan sa mga pormal na paglilitis, at
 - (7) Iba pang aksyong ipinagpapalagay na naaangkop sa pasya ng Opisyal ng Etika.
- (b) Kung gagawa ng kongklusyon ang Opisyal ng Etika, pagkatapos ng pagsusuri sa mga alegasyon ng mga paglabag sa Kodigo, na ang mga alegasyon ay walang merito o hindi kinakailangan ng higit pang imbestigasyon, aabisuhan niya ang Internasyonal na Unyon sa kanilang mga natuklasan.

Walang merito

PARTE G: PROTEKSYON NG MGA WHISTLEBLOWER

Mga Whistleblower

Seksyon 24. Pagiging kumpidensyal. Gagawin ng SEIU ang lahat ng makatwirang pagsisikap para mapanatiling kumpidensyal

*Pagiging
kumpidensyal*

ang pagkakakilanlan ng sinumang (mga) taong mayroong alalahanin sa etika, tanong, ulat o reklamo sa ilalim ng Kodigo maliban kung pinapahintulutan ng nagreklamo ang pagsisiwalat o kinakailangan itong ihayag ng SEIU upang gawin ang fiduciary o mga legal na tungkulin nito. Pangangasiwaan din ng SEIU ang mga komunikasyon hinggil sa mga reklamo o alalahanin sa etika nang lubos na kumpidensyal at pribado hangga't maaari, kung tuloy-tuloy itong makakagawa ng kumpleto at patas na imbestigasyon, kung tuloy-tuloy nitong maisasagawa ang mga fiduciary at legal na tungkulin nito at masusuri ang mga operasyon nito gaya ng kinakailangan.

*Ipinagbabawal
ang paghihiganti*

SEksyon 25. Walang Paghihiganti. Hinihikayat ng SEIU ang lahat ng opisyal at empleyado na ipaalam sa Unyon ang mga alalahanin at reklamo tungkol sa etika na nalabag sa Kodigo, ayon sa nakasaad nang mas kumpleto sa Parte F sa itaas.

- (a) Hayagang ipinagbabawal ng SEIU ang paghihiganti laban sa mga nasasaklawang indibidwal at miyembro para sa:
 - (1) Paggawa ng mga may mabuting loob na reklamo, ulat o tanong alinsunod sa Kodigong ito;
 - (2) Pagsalungat sa anumang kagawiang ipinagbabawal ng Kodigo;
 - (3) Pagbibigay ng ebidensya, testimonya, o impormasyong kaugnay ng, o kaya ay nakikipagtulungan sa, anumang imbestigasyon o proseso ng pagpapatupad ng Kodigo; at
 - (4) Pakikilahok sa proseso ng pagpapatupad na nakasaad sa PARTE F sa itaas.

*Laban sa mga
Taga-ugnay (Liaison)
ng Etika*

- (b) Sa partikular, hindi pinapayagan ng SEIU ang anumang anyo ng paghihiganti laban sa mga Liaison ng Etika ng Kaanib para sa pagsasagawa ng kanilang mga responsibilidad.

Pag-uulat

- (c) Ang anumang aksyong pinaghihinalaang paghihiganti ay dapat agad na iulat sa Ombudsperson ng Etika ng SEIU o sa Liaison ng Etika ng Kaanib at agad itong tutugunan.

APENDISE D: MANUAL NG MGA KARANIWANG PAMAMARAAN

RITWAL NG PAGSISIMULA

PANGULO: “Tungkulin kong ipaalam sa inyo na kinakailangan ng Service Employees International Union ng perpektong kalayaan ng ingklynasyon sa bawat kandidato para sa pagiging miyembro. Kinakailangan ng obligasyon ng pagiging tapat; ngunit hayaan ninyo akong siguruhin sa inyo na sa obligasyong ito, walang anumang sumasalungat sa inyong mga tungkuling sibil at panrelihiyon. Sa ganitong pag-unawa, handa ba kayong tumanggap ng obligasyon?”

(Sagot.)

PANGULO: “Itataas ninyo ngayon, bawat isa sa inyo, ang inyong kanang kamay at bigkasin ang sumusunod na obligasyon:

OBLIGASYON BILANG MIYEMBRO

“Ako, (pangalan) _____, ay nangangako sa aking karangalan na matapat kong susundin ang Konstitusyon at Mga Batas ng Unyong ito at ng Service Employees International Union.

“Sumasang-ayon akong turuan aking sarili at ang iba pang mga miyembro ng kasaysayan ng kilusan ng paggawa at depensahan sa abot ng aking makakaya ang mga prinsipyo ng trade unionism, at hindi ko sasadyaang gawan ng hindi mabuti ang miyembro o hayaang malagay sa maling sitwasyon ang isang miyembro kung mayroon akong kapangyarihang pigilan ito.

“Bilang isang miyembro ng SEIU, gagawin ko ang responsibilidad sa pagtulong upang makamit ang bisyon ng Unyon para sa isang makatarungang lipunan kung saan ang lahat ng manggagawa ay pinahalalagahan at ang mga tao ay iginagalang, kung saan ang lahat ng pamilya at komunidad ay umuunlad, at kung saan tayo ay nag-iiwan ng isang mas mabuti at mas pantay na mundo para sa mga susunod na henerasyon.”

PANGULO: “Kayo ngayon ay mga miyembro na ng Service Employees International Union.”

OBLIGASYON SA PAGTATALAGA NG MGA OPISYAL

Dapat basahin at pirmahan ng lahat ng opisyal.

Ako, si (pangalan) _____, ay tumatanggap sa aking

responsibilidad bilang naihalal na opisyal ng Service Employees International Union. Ako ay nangangako na tapat kong susundin ang Konstitusyon at Mga Batas ng SEIU. Magtatrabaho ako nang walang pagod upang pag-isahin ang mga nagtatrabaho para makamit ang bisyon ng ating mga miyembro para sa makatarungang lipunan kung saan ang lahat ng manggagawa ay pinahahalagahan at lahat ng tao ay iginagalang—saan man tayo nagmula o anuman ang kulay ng ating balat. Magtatrabaho ako para sa isang lipunan na kung saan ang lahat ng pamilya at komunidad ay maaaring umunlad, at kung saan tayo ay mag-iiwan ng mas mabuti at mas pantay na mundo para sa mga susunod na henerasyon. Gagawin ko ang lahat upang mapagtagumpayan ang kapangyarihan ng mga korporasyon at alisin ang istruktura ng rasismo na pinipilit ang milyun-milyong tao sa mga trabaho na may murang suweldo at pumipigil sa ating lahat.

Nangangako ako na magbibigay ako ng etikal, responsableng pamumuno na nakaugat sa mga pinapahalagahan ng SEIU, na kumakatawan sa ating mga miyembro at nag-oorganisa ng mga bagong manggagawa upang bumuo ng kapangyarihan para maipanalò ang mga unyon para sa lahat.

DEBATE

Ang mga sumusunod na tuntunin ay gagamitin sa pangangasiwa ng debate maliban kung gumagamit ang Lokal na Unyon ng sarili nitong mga tuntunin at regulasyon:

Tuntunin 1. Ang regular na kaayusan ng gawain ay maaaring masuspende sa pamamagitan ng isang pagboto sa pagpupulong anumang oras upang tapusin ang agarang gawain.

Tuntunin 2. Ang lahat ng mosyon (kung hihilingin ng tagapangulo) o mga pagbitiw sa tungkulin ay dapat isumite nang nakasulat.

Tuntunin 3. Ang anumang pag-uusap, sa pamamagitan ng pagbulong o iba pa, o anupamang aktibidad na inaasahang makakaistorbo o maaaring makapagdulot ng pang-iistorbo sa isang miyembro habang nagsasalita o makaistorbo sa pagpupulong o makasagabal sa transaksyon ng gawain ay ipagpapalagay na paglabag sa kaayusan.

Tuntunin 4. Hindi pinapayagan ang talakayan ng sekta sa mga pagpupulong.

Tuntunin 5. Ang mosyon na bibigyang-pansin ng namumunong

opisyal ay dapat segundahan, at ang mover pati na rin ang seconder ay dapat tumayo at kilalanin ng namumuno.

Tuntunin 6. Maaaring bawiin ng sinumang miyembrong gumawa ng mosyon ang mosyong iyon nang may pahintulot ng seconder, ngunit ang mosyong napagdebatehan na ay hindi na maaaring bawiin maliban kung makakatanggap ito ng boto ng mayorya.

Tuntunin 7. Ang mosyon para susugin ang isang pagsusog ay dapat nakasaayos, pero walang mosyon ang papayagan para susugin ang isang pagsusog sa isa pang pagsusog.

Tuntunin 8. Hindi sasailalim ang mosyon sa debate hanggang sa isaad ito ng namumuno.

Tuntunin 9. Ang miyembrong nais magsalita ay tatayo at magalang na kikilalanin ang namumuno, at kung papayagan ng namumuno, magkakaroon siya ng karapatang magpatuloy.

Tuntunin 10. Kung dalawa o higit pang miyembro ang magsasalita, magpapasya ang namumuno kung sino ang may karapatang magsalita.

Tuntunin 11. Ang sinumang miyembrong nagsasalita ay tutuon lang sa pinagdebatehang tanong at iiwas sa lahat ng personal, hindi naaangkop o mapanuyang pananalita.

Tuntunin 12. Ang pagdalo sa mga pagpupulong habang nasa ilalim ng impluwensya ng alak o anumang kontroladong sangkap na hindi legal na inirereseta ay maaaring maging batayan para matanggal.

Tuntunin 13. Walang miyembro ang gagambala sa iba pang miyembro habang nagsasalita, maliban kung para pagsabihan na maaaring hindi niya nasusunod ang proseso ng pulong (point of order), at isasaad dapat ng miyembro ang punto, at pagpapasyahan din ito ng tagapangulo nang walang debate.

Tuntunin 14. Ang sinumang miyembrong pinagsabihan na sumunod sa proseso habang nagsasalita ay mananatiling nakaupo hanggang sa mapagpasyahan ang point of order, at pagkatapos nito, kung napagpasyahang nasusunod naman ang proseso, maaari nang magpatuloy ang nasabing miyembro.

Tuntunin 15. Ang sinumang miyembro na nakakaramdam ng personal na pagkaagrabiado sa pasya ng namumuno ay maaaring mag-apela tungkol sa naturang pasya sa lupon.

Tuntunin 16. Kapag ginawa ang apela mula sa pasya ng tagapangulo, ang Pangalawang Pangulo ang kikilos bilang tagapangulo; isasaad ng tagapangulo ang apela sa pagpupulong sa mga salitang ito: "Ang desisyon ba ng tagapangulo ay pananatilihin bilang desisyon ng Unyog ito?" Magkakaroon ang miyembro ng karapatang sabihin ang mga batayan ng apela at magbibigay ang tagapangulo ng mga dahilan para sa pasya nito; pagkatapos ay magpapatuloy ang mga miyembro sa pagboto nang walang higit pang debate, at kailangan nitong matanggap ang boto ng mayorya para mapangibabawan ang tagapangulo.

Tuntunin 17. Walang miyembro ang maaaring magsalita nang mahigit sa isang beses sa parehong paksa hanggang sa makapagsalita na ang lahat ng nais na magsalita, o nang mahigit sa dalawang beses nang walang nagkakaisang pahintulot, o nang mahigit sa limang minuto sa anumang pagkakataon nang walang pahintulot ng dalawang-katlo ng boto ng lahat ng miyembrong naroroon.

Tuntunin 18. Ang namumunong opisyal ay hindi magsasalita sa anumang paksa maliban kung nagretiro na ang nasabing opisyal sa pamumuno, maliban kung may point of order o kung para gumawa ng opisyal na ulat o magbigay ng naturang rekomendasyon o payo na pinapahintulutan para sa mga interes ng organisasyon. Kung sakaling magkaroon ng patas na boto o tie, nakalaan sa namumunong opisyal ang magpapasyang boto.

Tuntunin 19. Kapag ang tanong ay iniharap sa pagpupulong, walang isasakatuparang mosyon maliban kung:

1. Para ipagpaliban muna;
2. Para ilatag ang tanong sa mesa;
3. Para sa nakaraang tanong;
4. Para ipagpaliban sa itatakdang panahon;
5. Para isangguni o italaga;
6. Para susugin.

Pangungunahan ng mga mosyong ito ang naging kaayusan sa itaas. Hindi maaaring pagdebatehan ang unang tatlo sa mga mosyong ito.

Tuntunin 20. Kung sinusog ang tanong, uunahin ang tanong tungkol sa pagsusog; kung nag-alok ng mahigit sa isang pagsusog, ang tanong ay isasagawa gaya ng sumusunod:

1. Pagsusog sa susog.

2. Pagsusog.
3. Orihinal na proposisyon.

Tuntunin 21. Kapag ang tanong ay ipinagpaliban nang walang katiyakan, hindi na ito pag-uusapang muli maliban kung makakatanggap ito ng dalawang-katlo ng boto.

Tuntunin 22. Palaging maaaring gumawa ng mosyon para ipagpaliban muna ang pulong, maliban:

1. Kapag may nagsasalitang miyembro;
2. Kapag bumoboto ang mga miyembro.

Tuntunin 23. Bago pagbotohan ang isang tanong, magtatanong muna ang namumunong opisyal ng, "Handa na ba kayo para sa tanong?" Pagkatapos ay bubuksan na ito para mapagdebatehan. Kung walang miyembro ang tatayo para magsalita o kung natapos na ang debate, magtatanong ang namumunong opisyal sa ganitong paraan: "Ang lahat ng sumasang-ayon sa mosyong ito, sabihin ang `oo`"; at pagkatapos maihayag ang positibong boto, "Ang lahat ng salungat ang opinyon, sabihin ang `hindi`." Kapag nakuha na ang boto, iaanunsyo ng namumunong opisyal ang resulta sa ganitong paraan: "Nanalo ito [o natalo ito] at ngayon ay ipinag-uutos."

Tuntunin 24. Bago ideklara ng namumunong opisyal ang pagboto sa isang tanong, maaaring hilingin ng sinumang miyembro na bumoto sa paraang pisikal na binibilang ang mga boto ng mga miyembro (division of the house). Kinakailangang sundin ng tagapangulo ang kahilingang ito. Magkakaroon ng pagboto sa pamamagitan ng pagtayo ng mga sang-ayon (standing vote).

Tuntunin 25. Kapag napagdesisyonan na ang isang tanong, maaari itong muling isaalang-alang ng dalawang-ikatlong boto ng mga naroroon.

Tuntunin 26. Ang isang mosyon upang muling isaalang-alang ay dapat na gawin at segundado ng dalawang miyembro na bumoto kasama ang mayorya.

Tuntunin 27. Ang miyembrong inatasang maupo nang tatlong beses ng tagapangulo at hindi nakakasunod sa utos ay hindi na papahintulatang makilahok sa anumang higit pang gawain sa sesyong iyon.

Tuntunin 28. Ang lahat ng tanong, maliban kung ibibigay, ay pagpapasyahan ayon sa boto ng mayorya.

Tuntunin 29. Ipatatupad ng namumunong opisyal ng pagpupulong ang mga panuntunan at regulasyong ito, at maaari silang magpaalis ng mga miyembro mula sa pagpupulong kung lalabag sila sa mga panuntunang ito.

PAGKAKASUNUD-SUNOD NG GAWAIN (ORDER OF BUSINESS)

1. Panimula.
2. Pagtawag sa pangalan ng mga opisyal.
3. Pagbabasa ng mga buod ng nakaraang pagpupulong.
4. Mga aplikasyon para sa pagiging miyembro.
5. Inisyasyon ng mga bagong miyembro
6. Mga komunikasyon at panukalang-batas.
7. Mga ulat ng mga opisyal, lupon at komite ng ehekutibo.
8. Mga hindi natapos na gawain.
9. Bagong gawain.
10. Kabutihan at kapakanan.
11. Pagtatapos.

Indise

Ahensya at iba pang mga pamamaraan ng bayad, 32

Apat na taong pondong pampulitika, 34

Audit, awtoridad sa, 46

Bayad sa inisyasyon, 34, 39

Bonding, 25, 29, 40

Mga Lokal na Unyon, 40

Pagiging trustee, 24

Canadian Dues, 44

Canadian Unity Fund, 36

C.O.P.E., 34, 48

Debate, mga panuntunan, 86-89

**Edukasyong Pampulitika at Programa ng Pagkilos. Tingnan
ang C.O.P.E.**

Etika, Kodigo, 70, 79-83

Deskalipikasyon, 70, 76

Iba Pang Pinagmumulan ng Awtoridad, 69-70

Ipinagbabawal ang paghihiganti, 84

Mga Bayad at Regalo, 73-74

Nabubulok na item, 74

*Mga Ipinagbabawal na Pinansyal na Interes at Transaksyon,
72-73*

Sariling pakikipagnegosasyon, 72-73

Mga Kaugnay na Organisasyon, 74-76

Mga Nasasaklawang Indibidwal, 69

Mga Pautang, 74

Mga Pondo para sa Benepisyo, 74-76

Mga reklamo, 81-83

Hindi pakikipagtulungan, 81

Hurisdiksyon sa, 82-83

Masamang loob, 82

Pagsusumite ng, 81

Pangangasiwa ng, 81-82

Mga Relasyon, Pamilya at Personal, 77-78

Pangangasiwa (Supervisory), 78

Mga Third Party, 74

Ombudsperson ng Etika, 70, 78, 79, 80, 81, 84

Opisyal ng Etika, 78-82

Pagsangguni sa, 82

Pagsusuri ng, 83

Pagiging kumpidensyal, 80, 83

Pagkakalapat ng, 69, 74

Pagpapatupad, 67, 68, 69, 78-82

Pagsisiwalat, 70, 73, 76, 78, 83

Pananagutan, 68-69

Pangangasiwa (Stewardship), 65, 67, 77

Proteksyon ng Whistleblower, 83

Taga-ugnay (Liaison) ng Etika, 70, 78, 80, 84

Taunang Ulat, 79

Tungkulin, 67, 70, 72, 76-77

Fiduciary (Katiwala), 67, 71-72

Sa mga miyembro, 67

Etikal na kultura, 67-68, 79-80

Etikal na pag-uugali, 50, 67-68, 86

Hurisdiksiyon, 8-10, 32, 39

Mga hindi pagkakaunawaan, 39

Mga tanong tungkol sa, 32, 39

Pagdinig, 40

Tinukoy ng IEB, 32, 39

Iniingatan at pinoprotektahan ang mga interes

ng mga miyembro, 8, 25, 27, 29, 49, 60, 65

Internasyonal na Unyon, 5-14, 16-20, 22-28, 30-32, 34-39, 42, 45, 61, 62, 63

Awtoridad ng, 8-10

Hurisdiksyon, 8-10, 32, 39

Kita, 34-38

Litigasyon, 30, 62

Mga aktibidad ng, 5-8

Mga kaanib, 31, 32, 54

Mga kaanib na samahan, 6, 8-9

Mga Layunin, 6-7

Mga Lokal na Unyong Chinarter ng, 39-40

Mga mithiin at layunin, 6-7

Naabisuhan ng kolektibong pakikipagnegosasyon, 45

Organisasyon ng, 6

Pagkabuwag, 63

Pangalan, 6

Walang pananagutan, 46, 61

Ipinagbabawal ang diskriminasyon, 10, 69

Kalihim-Ingat Yaman, Internasyonal, 13-20, 24, 25, 27-29, 35-40, 44, 47, 52-53, 61, 73, 79

Mga charter, selyo, 27, 39-40

Mga paggasta, 27

Mga paglilitis at apela, 52-53

Mga paglilitis sa kumbensyon, 13-15, 27

Mga talaan, 27

Mga tungkulin, 27-28

Pagiging kwalipikado para sa katungkulan, 18

Pagprotekta sa mga salapi, 27

Ulat sa kumbensyon, 27

Katarungan, 5, 6, 8, 46, 67

Ekonomiko, 46, 67

Hinggil sa Lahi, 5

Imigrasyon, 5

Klima, 5

Panlipunan, 7, 46, 67

Katayuang Emerit, 20

**Katipunan ng mga Karapatan at
Responsibilidad sa Trabaho, 66-67**

**Katipunan ng mga Karapatan at
Responsibilidad sa Unyon, 54, 65-66**

Pagpapatupad, 54

**Katipunan ng mga Karapatan ng Miyembro.
*Tingnan ang Katipunan ng mga Karapatan***

**Kawalan ng pananagutan sa Internasyonal na
Unyon, 61**

Kita ng Internasyonal na Unyon, 34-38, 42-45

Awtoridad sa pag-adjust ng per capita, 34

Mga bayarin, 34-37, 43-46

*Mga espesyal na pondo (tingnan ang mga
indibidwal na listahan), 35-36*

Mga kahulugan ng "miyembro" at "dues", 37

*Mga rekisito sa pag-uulat at pagsusuri ng mga
talaan ng Lokal na Unyon, 38*

Per capita tax, 34-38

Prioridad ng pagbabayad ng per capita, 38

**Kolektibong Pakikipagnegosasyon, 7, 10, 22, 24,
36, 45, 69, 72-73**

Komite ng Ehekutibo, 18

Konstitusyon

Distribusyon, 42

Interpretasyon ng, 23

Lokal na Unyon, 9, 11-12, 40-43, 56, 81

Mga susog, 42, 63

Pagpapatupad, 61

Priyoridad ng Internasyonal, 42

Kumbensyon, Internasyonal, 10-14, 16-19, 21, 23, 26, 27, 28, 29, 31, 33, 53-54, 56-57, 63

Espesyal, 11

Frequency o dalas ng, 10

Ipinagbabawal ang dalawahang representasyon, 13

Komite ng mga Kredensyal, 13-14

Pagsusuri ng mga protesta sa eleksyon, 14

Pagtatalaga ng Internasyonal na Pangulo, 15

Mga apela, 23, 53-54

Mga delegado, 11-15

Ex-officio ng Lokal na Unyon, 11

Ipinagbabawal ang dalawahang representasyon, 13

Kahalili, 11

Mga protesta sa eleksyon, 14

Pagiging elihible at eleksyon, 11-12

Pormula ng representasyon, 12-13

Retiradong miyembro, 12

Mga eksklusyon, 12

Mga kahaliling delegado, 11

Mga Opisyal, Internasyonal na Unyon, 17-21

Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, 16-17

Mga eleksyon, 16

Pagiging elihible ng mga kandidato, 19

Termino ng panunungkulan, 17

Mga protesta, 14, 16

Eleksyon o designasyon ng mga delegado sa

Kumbensyon, 13

Iba pang mga isyu sa eleksyon, 16

Pagiging elihible ng mga kandidato sa mga katungkulan sa Internasyonal na Unyon, 16

Paraan ng pagsasagawa ng mga eleksyon ng opisyal sa Internasyonal na Unyon, 16

Mga Rekisito sa Mabuting Katayuan, Mga Lokal na Unyon, 13

Mga resolusyon, 15

Mga Retiradong Miyembro, 12

Mga tuntunin, interim, 16

Pagboto, 12, 12-14

Lakas ng pagboto, 15

Mga Internasyonal na Opisyal, 11

Mga Retiradong Miyembro, 12

Pagkakasunud-sunod ng gawain, interim, 16

Pagpapatawag ng Kumbensyon, 10-13

Pang-emergency na probisyon, 10

Quorum, 15

Representasyon, 12-14

Limitasyon ng pananagutan, 33, 46, 61-62

Serbisyo ng proseso, 62

Walang pananagutan, 61

Litigasyon at pananagutan, 62

Awtoridad na magdependa, 62

Paggamit ng mga remedyo, 62

Lupon ng Ehekutibo, Internasyonal, 9-12, 15, 17-19, 20-21, 23, 23-27, 28-32, 33-38, 45, 47-48, 52, 53-54, 55, 57, 60, 61, 62, 64-65, 67, 69, 79

Abiso sa mga Lokal na Unyon,, 29-30

Ahensya at iba pang mga pamamaraan ng bayad, 32

Ari-arian, pag-acquire at pag-dispose ng, 31-32
Awtoridad, 29-32
Bonding, 29
Delegasyon ng mga kapangyarihan, 30
Hurisdiksyon, 32, 39
Komite ng Ehekutibo, 18
Komiteng Tagapayo ng mga Retiradong Miyembro, 19
Konstitusyonal na awtoridad, 33
Legal na aksyon, 30, 62
Mga apela, 23, 29, 36, 37, 44, 49-53
Mga bakante, 20-21
Mga charter, 39-40
Mga gastusin, 28
Mga kaanib, 31, 32, 54-56
Mga karangan, karapatang maglahad, 29-30
Mga merger o consolidation, 32, 40
Mga Opisyal ng Mga Kaanib at Pondo para sa Pensyon ng Mga Empleyado, 57-61
Mga paglilitis at apela, 49-53
Mga pagpupulong, 28
Mga Pautang, 31
Mga tungkulin, 28-32
Mga ulat, 18, 27
Mga usaping pinansyal, 30-32
Pagboto ng Internasyonal na Pangulo, 29
Pagiging elihible sa katungkulan sa internasyonal na unyon, 18
Pagsisimula ng mga pulong, 28
Pananagutan (Liability), 33, 46
Quorum, 28

Retiradong Miyembro ng Lupon, 17-18

Self-employed na mga indibidwal, 10

Termino ng panunungkulan, 17

Manwal ng Pangkaraniwang Mga Pamamaraan, 85-89

Mga Tuntunin ng debate, 86-88

Obligasyon ng pagiging miyembro, 85

Obligasyon sa pagkakatalaga ng mga opisyal, 85

Order of Business (Pagkakasunud-sunod ng gawain), 90

Ritwal ng inisyasyon, 85

Mga apela, 11, 23, 29, 36-37, 44, 49-53

Mga Auditor, Lupon ng, 10, 18-19, 20-21, 24

Eleksyon, 17-18

Mga bakante, 20-21

Mga tungkulin, 18-19

Mga bakante, pagpuno ng, 20-21

Mga bayad sa death gratuity, 34, 56

Mga bayarin, 9, 12, 19, 21, 34, 35, 36, 37, 40, 41, 43-45, 45, 49, 64, 67

Due date, 37

Iskedyul para sa mga pagdaragdag, 43

Kahulugan, 37

Lokal, 42-44

Magandang katayuan, 13, 18, 37, 41, 45, 49

Mga panghabambuhay na miyembro, 34

Mga Retiradong Miyembro, 34-35, 41, 43

Minimum, 42, 43, 44

Canadian, 44

U.S., 42-43

Porsiyento, 43, 44

Waiver, 44-45

Mga Canadian na opisyal, 17-18**Mga charter, 13, 15, 24, 25, 27, 37-40, 61**

Mga probisyonal na lokal, 40

Pagbawi sa mga charter, 37-38

Pagiging elihible, 39-40

Pag-isyu, 39-40

Mga consolidation. Tingnan ang Mga merger o consolidation**Mga delegado. Tingnan ang Kumbensyon, Internasyonal****Mga Ehekutibong Pangalawang Pangulo, Internasyonal, 17, 21, 23, 28****Mga eleksyon, 16-19, 23, 41**

Canadian na Pangalawang Pangulo at Mga Miyembro ng Lupon ng Ehekutibo, 17

Ipinagbabawal ang suporta sa hindi miyembro, 16

Mga eksklusyon, 19

Mga Internasyonal na Opisyal, 17

Mga kalipikasyon. Tingnan ang Pagiging elihible

Mga limitasyon sa pagtakbo para sa katungkulan, 18

Mga lokal na opisyal, 40

Mga waiver ng pagiging elihible, 41

Proxy at write-in na balota, 41

Mga pamamaraan sa nominasyon, 16

Mga protesta, 16, 23

Pagiging elihible ng mga kandidato. Tingnan ang Pagiging elihible

Mga intermedyang samahan, mga kaanib, 9, 54-56

Kabayaran (Compensation), 56

Lokal, rehiyonal, nasyonal o internasyonal na mga samahan, 54

Mga batas, 55

Mga delegado sa mga kumbensyon, 56-57

Mga kaanib, 9, 54-56

Mga konseho, area, rehiyonal o industriya, 9, 55

Mga kumperensya, rehiyonal, 54

Mga pananalapi, 54-55

Pagboto ng mga Lokal na Unyon, 55

Pagsunod sa Internasyonal na Konstitusyon, 55-56

Waiver ng Internasyonal na Pangulo, 54

Mga kaanib, 31-32, 54-56, 58, 63-64

Mga kaanib na samahan, 6, 8-9, 13, 22-23, 25-26, 29-31, 32, 38-39, 40-41, 54, 57-63, 69

Binigyan ng kahulugan, 9

Mga kaso at paglabag, 49-53

Mga Komite sa Pakikipagnegosasyon, 22

Mga kumperensya at seminar, 22

Mga Lokal na Unyon, 10, 11-12, 13, 15, 23, 24, 26, 29, 32, 33, 35-38, 39-46, 49-52, 54, 55, 56-60, 62, 63, 64, 69

Audit, 39, 46

Bonding, 25, 29, 40

Budget sa Pag-oorganisa, 47-48

Charter, 24, 27, 39-40

Consolidation, 31, 40

Edukasyong Pampolitika at Programa ng Pagkilos. Tingnan ang C.O.P.E.

Eleksyon ng mga opisyal. Tingnan ang Mga eleksyon

Kita, 34-38

Konstitusyon, 42

Nangingibabaw ang Internasyunal na Konstitusyon sa hindi pagkakaunawaan, 42

Pag-apruba ng Internasyonal na Unyon, 42

Litigasyon, 62

Lupon ng Ehekutibo, 41, 46, 55

Magandang katayuan, 12, 37

Merger, 40, 58

Mga Bayarin sa Lokal. Tingnan ang Mga bayarin

Mga Delegado sa Internasyonal na Kumbensyon, 11-15

Mga kahaliling delegado, 14

Mga protesta sa mga eleksyon ng delegado, 14

Pagiging elihible, 11-12

Mga Federal PAC, 47

Mga kasunduan sa kolektibong pakikipagnegosasyon, 22, 24, 45, 69

Mga komite, 46

Mga listahan, 38-39

Mga paglilipat, 49-50

Mga pangalan at address, ng mga miyembro at opisyal, 38-39

Mga rekisito sa C.O.P.E., 48

Mga Rekisito sa Pagpupulong, 42

Mga Retiradong Miyembro, 9, 12, 34, 43-44, 44

Mga talaan, 24, 38, 59, 71

Mga tungkulin, 36, 37-38, 40-46

C.O.P.E., 48

New Strength Unity Fund, 36

Pag-uulat, 38-39

Pag-uulat ng Average na Sahod, 38

Mga withdrawal card, 45

Pagbawi sa charter, 25, 37, 39, 61

Pagiging elihible para sa mga opisyal, 41

Pagiging elihible sa pagiging miyembro. Tingnan ang Pagiging elihible

Pagkabuwag, 63-64

Paglipat ng mga Miyembro, 49-50

Pagpapatupad ng Internasyonal na Konstitusyon, 61

Pagsusuri ng mga Libro at Talaan ng Internasyonal, 39

Pahintulot na magsagawa ng pangangalap ng pondo, 46

Pension Fund, 57-61

Per capita tax, 13, 15, 21, 34, 35-38, 40, 47, 55, 64

Mga merger o consolidation, 32, 40, 58

Iba pang organisasyon ng manggagawa, 31, 58

Mga Lokal na Unyon, 40, 57

Mga mithiin at layunin, 6-7

Mga Opisyal, Internasyonal na Unyon, 16-19, 21-31.

Tingnan din ang Pangulo, Kalihim-Ingat-yaman at mga Ehekutibong Pangalawang Pangulo

Eleksyon, 16-17

Kabayaran (Compensation), 23-24

Ipinagbabawal ang maramihang kabayaran, 19-20

Katayang Emerit, 20

Komite ng Ehekutibo, 18

Lupon ng Ehekutibo, 17

Mga bakante, 20-21, 30

Mga tungkulin, 18, 21-31

Pagiging elihible, 16, 19

Termino ng panunungkulan, 17

Mga Opisyal ng Mga Kaanib at Pondo para sa Pensyon ng Mga Empleyado, 57-61

Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, 57

Isponsor ng plano, 57

Mga Fiduciary (Katiwala), 58

Mga kalahok, 59

Mga kontribusyon at hindi pagbabayad, 60-61

Mga pagsusog, 59

Mga Trustee, 57-61

Pananagutan (Liability), at bayad-pinsala (indemnification), 61

Waiver, 58

Mga opisyal sa pagdinig, 25, 40, 47, 52, 53, 83

Mga PAC, 47. *Tingnan din ang C.O.P.E.*

Mga pagbabayad kaugnay ng pagkamatay ng mga miyembro, 56

Mga paglilipat, 49-50

Mga paglilitis at apela, 49-50

Dapat espesipiko ang kaso, 50

Disiplina, mga parusa, 51, 53

Hindi pagdalo ng akusado, 53

Laban sa Lokal na Unyon o opisyal ng Internasyonal na Unyon, 49-50, 51

Lupon ng Tagalitis, 50, 52, 53

Mga apela, 53-54

Mga desisyon, 51-53

Mga kaso, 49-50, 51

Mga pagdinig na isinasagawa ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, 52

Mga pamamaraan, 51-54

Orihinal na hurisdiksyon, 52

Paggamit ng mga remedyo, 54

Pagsasampa ng mga kaso, 50

Pagtanggi, 52

Suspensyon ng mga opisyal ng lokal na unyon, 51

Takdang panahon para sa pagsampa ng mga kaso, 50

Mga pagsusog, sa Konstitusyon, 55, 63

Mga Pangalawang Pangulo, Internasyonal, 17-18, 20, 21, 23-24, 28

Eleksyon, 16-17

Kabayaran (Compensation), 23-24

Komite ng Ehekutibo, 18

Mga bakante, 20-21

Mga tungkulin, 18, 28

Mga panloob na pangangailangan sa pagdinig, 26-27

Mga pondo sa kampanya para sa mga eleksyon ng Internasyonal at lokal na opisyal, 16

Mga Retiradong Miyembro, 9, 12, 17-21, 34, 35, 41, 43, 44, 46

Komiteng Tagapayo, 20

Mga bayarin, 43, 44

Mga delegado, 12

Miyembro ng Internasyonal na Lupon ng Ehekutibo, 17-19, 20

Per capita tax, 34, 35

Mga talaan, libro, 18, 24, 25, 27, 39, 46, 50-51, 52-53, 59, 71-72

Karapatang manuri ng mga miyembro, 71-72

Ng Internasyonal na Unyon, 18, 27, 50-51, 71-72

Ng mga Lokal na Unyon o mga kaakibat na samahan, 24, 25, 39, 46, 49-50, 58, 71-72

Paglilitis, 52-53

Mga welga at lockout, 33

Mga withdrawal card, 38, 45

Monitor, 26-27

Obligasyon ng pagiging miyembro, 85-86, 89

Obligasyon sa pagkakatalaga ng mga opisyal, 85-87

Order of business (Pagkakasunud-sunod ng gawain), 90

Obligasyon sa pagtatalaga, mga opisyal, 85

Order of business (Pagkakasunud-sunod ng gawain), 16, 86, 90

Outreach, 32

Pagiging elihible, 9, 11-12, 16, 18, 41, 56-57, 80

Para sa mga delegado, 11-12, 56-57

Para sa mga Liaison ng Etika, 80

Para sa opisyal ng Internasyonal na Unyon, 16, 18

Para sa opisyal ng Lokal na Unyon, 41

Para sa pagiging miyembro,, 9

Pagiging miyembro, 6, 8-10, 12, 14, 27, 38, 42, 49-50, 71, 85

Mga espesyal na katagorya awtorisado, 10

Mga obligasyon. Tingnan ang Katipunan ng mga Karapatan at Responsibilidad ng mga Miyembro ng SEIU

Pagiging elihible, 9

Paglilipat sa pagitan ng mga Lokal na Unyon, 49-50

Rekisito sa pagiging miyembro ng mga delegado, 14

Resolusyon ng mga pagtatalo tungkol, 10

Pagiging trustee, 24-25

Emergency, 26

Mga batayan para sa pagpapataw, 24

Mga pondo para sa benepisyo, 25

Opisyal sa Pagdinig, pagtatalaga at mga tungkulin, 25

Pagdinig, bago ang hindi emergency na trusteehip, 26

Pagdinig, pagkatapos ng emergency trusteehip, 26

Pamamaraan sa pagpapataw, 25

Trustee, 25-26

Awtoridad, kapangyarihan at mga tungkulin, 25

Pangangasiwa at direksyon, 25

Pagkabuwag, 63-64

Internasyonal na Unyon, 63

Lokal na Unyon, 63-64

Pag-oorganisa, 7-9, 22, 34-35, 40, 43, 44, 47-48, 63, 65, 86

Account, 47-48

Budget, 47-48

Komite, 9, 22, 34, 35, 40, 45, 63

Mga bagong anyo ng, 8

Pagtatalo, pagiging miyembro, 10

Pahayag ng mga Pagpapahalaga, 6

Pahayag ng misyon, 5-6

Bisyon para sa Isang Makatarungang Lipunan, 5-6

Pangalan, Internasyonal na Unyon, 6

Pangangalap ng pondo, pahintulot na magsagawa, 46

Pangulo, Internasyonal, 8, 10, 15-27, 33, 37-40, 43-47, 51-54, 61, 63-64, 79, 82-83

Awtoridad, mga tungkulin, kapangyarihan, 21-26

Botong nagpapasiya, 22

Katayang Emerit, 20

Kawani, 23-24

Koordinadong pakikipagnegosasyon, 22

Mga apela sa, 23

Mga hindi pagkakaunawaan, 10

Mga hudisyal na kapangyarihan, 23

Mga kasunduan, Kolektibong pakikipagnegosasyon, 22

Mga Kumbensyon, 10-14, 21, 27

Mga pagiging trustee, 24-26

Mga paglilitis at apela, 52-53

Mga pananalapi, 24-25, 40

Mga protesta sa eleksyon, Lokal na Unyon, 16

Mga reklamo ng miyembro, 23

Mga subsidy, 22

Mga suweldo ng mga Pangalawang Pangulo, 23

Mga Waiver, 37, 41, 43-44, 47

Orihinal na hurisdiksyon, 52, 82-83

Pagiging kwalipikado para sa katungkulan, 19

Pag-oorganisa, 22, 40

Pagtatalaga ng mga delegado sa iba pang mga katungkulan sa organisasyon ng paggawa, 24

Personal na kinatawan, 26

Termino ng panunungkulan, 17

Tulong sa mga Lokal na Unyon, 26-27

Pansamantalang Plano ng Transisyon, 19

Per capita tax, 13, 15, 21, 34-37, 40, 47, 55-56, 64

Canada, 36, 39

Canadian Unity Fund, 36

Due date, 37-38

Magandang katayuan, Lokal na Unyon, 37-38

Mga obligasyon ng Lokal, 34-38

Mga Retiradong Miyembro, 34

Prioridad ng, 38

Unity Fund, 36

Pondo ng pensyon. Tingnan ang Mga Opisyal ng Mga Kaanib at Pondo para sa Pensyon ng Mga Empleyado

Probisyon sa pagtitipid (savings), 64

Proseso ng koordinadong pakikipagnegosasyon, 22

Rasismo, estruktural, laban sa Itim, 5-6, 86

Pagkakapantay-pantay, 85

Ritwal ng inisyasyon, 85

Self-employed na mga indibidwal, 9

Sertipikasyon ng mga Form ng Delegasyon (Mga Kredensyal), 13

Strike and Defense Fund (Pondo sa Welga at Depensa), Internasyonal, 35

Strike Fund, gamit ng, 35

Susog sa Konstitusyon, 42, 63

Tulong sa mga Lokal na Unyon, 26-27

Unity Fund, 36

Canadian, 36

Eksensyon, 36

SERVICE EMPLOYEES INTERNATIONAL UNION, SOC, CLC
1800 Massachusetts Ave., NW • Washington, D.C. 20036
202.730.7000 • TDD: 202.730.7481
www.seiu.org

**THIS
UNION**

**KANI
MIDOWGAN**

**LIÊN
ĐOÀN NÀY**

**ՄՅՈՒ
ՄԻՆԻԹՅՈՒՆԸ**

**TEN
ZWIĄZEK**

**ANG UNYON
NA ITO**

**ESTA
UNIÓN**

**우리
UNION**

**OVAJ
SINDIKAT**

**我们的
工会**

**CE
SYNDICAT**

**ЭТО —
ПРОФСОЮЗ**



Service Employees International Union, SOC, CLC